Ang Pagsasakdal

Jeffersonville, Indiana, USA
Hulyo 7,1963

1 Salamat, Kapatid na Neville. Tayo'y sumandaling manatiling nakatayo ngayon para sa panalangin. Tayo'y magsiyuko. Mayroon bang nabanggit na kahilingan, kung ito'y maipapabatid sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay, sa Diyos, sabihin mong, "Ako — ako'y . ."? Isaisip n'yo ngayon kung ano — anong nais ninyong hilingin sa Kaniya, at panampalatayanan ito ng buong puso n'yo, habang nag-aalay din naman ako ng panalangin para sa inyo.

2 Makalangit na Ama, kami ay . . . itinuturing namin itong isang napakalaking pribilehiyo, na makadulog sa bahay ng Panginoon, sa makulimlim na araw na ito, at — at masumpungan ang Sinag ng Araw ng Diyos na nagliliwanag, at marinig ang Banal na Espiritu na umaawit sa pamamagitan ng mga tao, at nangungusap sa pamamagitan ng mga tao, isang — isang munting kumpol ng Sinag ng Anak (Son-shine) sa loob. Pinasasalamatan Ka namin dahil dito, sa Makalangit na Sinag ng Anak (Son-shine) sa aming mga puso. Pinasasalamatan Ka namin ng lubos dahil dito! Ngayon sila'y . . .

Katataas pa lamang ng bayan Mo ng kanilang kamay sa kongregasyong ito, na sila ay may mga kahilingan, na ninanasa nilang tugunin Mo sa umangang ito. At dinadalangin ko, Ama, na ipagkaloob Mo ang lahat ng kanilang kahilingan sa lahat ng dako. Patung-patong ang mga ito sa desk, at napakaraming kahilingan sa lahat ng dako, mga taong maysakit, nagdurusa; mga tawag sa telepono, buhat sa malayo, mga limampu sa isang araw. O Diyos, ano'ng gagawin namin? Pangunahan Mo lang kami Panginoon. Hindi namin alam kung saan kami tutungo o ano'ng aming gagawin, ngunit mapamamahalaan Mo ang mga bagay na ito at dalangin naming ipagkaloob Mo ito sa amin. Sapagkat, layon namin, Panginoon, na ang taglay naming buhay na kaloob Mo sa amin dito sa lupa, ay magamit namin upang maparangalan Ka. Ngayon gabayan Mo kami sa mga bagay na iyon, Ama.

Pagpalain Mo kami sa araw na ito sa aming pagkakatipon upang duminig ng Salita ng Panginoon, upang mag-awitan, upang manalangin. Dinggin Mo ang aming mga panalangin. Makisaya Ka sa amin sa aming pag-aawitan, at mangusap Ka sa amin sa pamamagitan ng Salita, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Makauupo na kayo.

3 Sadyang wala na akong iba pang dakong nalalaman na maituturing kong higit na dakilang pribilehiyo upang tumayo, kaysa sa pagtayo sa — sa isang pulpito, upang pagputul-putulin ang Tinapay ng Buhay sa naghihintay, nagugutom, nauuhaw na mga tao. At ito ay isang dakilang pribilehiyo.

Una, nais kong itanong kung — kung narito ang sinuman sa mag-anak na Wright. Si Hattie o si Orville, o sinuman? Si Hattie. Kasama mo ba si Orville, Hattie? Buweno, itanong mo sa kaniya kung makadaraan siya sa bahay, sa lalong madaling panahon, tungkol ito sa sinabi ko sa kaniya, alam mo na. Dumaan siya sa bahay kung magagawa niya. Nakalimutan kong dalhin, ngayong umaga, yaong para sa tuta nila roon. Kaya akin — akin na lang ... Kung gusto mo, dumaan ka na lang sa bahay sa iyong pagalis — pagkatapos ng gawain.

4 At ngayon, si Edith, Kapatid na Hattie, na kilala nating batang babaeng lumpo mula pa nang siya ay isang — isang sanggol pa lamang. At dalaga na siya ngayon, at siya'y nasa totoong malubhang kalagayan. Ngayon, isang taon na ang nakararaan, nagtungo ako roon, noong una siyang atakihin at kaagad kong nalaman kung ano ang sakit niya, sa tulong at biyaya ng Diyos. Ngayon, sa katotohanan, ang sakit ng bata...

Sa kaniyang pagkakaupo, ang kaniyang mga biyas ay nagtatama, at ni hindi niya mapaghiwalay ang mga ito, dahil sa matinding puwersa sa—sa nervous system. Subalit, ito ay, walang anumang diperensiya sa pisikal na kalagayan ng bata, maliban sa sakit na infantile paralysis, nang siya ay mga anim na buwan pa lamang. Halos buong buhay niya siya'y nagsisisigaw at umiiyak, hanggang . . . Ipinanalangin namin siya maraming taon na ang nakararan, at — at siya'y naging masaya na simula noon, hanggang noong nakaraang taon marahil.

5 At ngayon sa katotohanan ito'y dahil sa menopos. Sa ibang salita, dahil sa pagbabago sa kaniyang buhay, at ang kaniyang nerbiyos ay napakatindi. At iniisip ng babaeng ito na siya'y mamamatay na, siya'y — siya'y sadyang hindi na mabubuhay, oras — oras na lamang. At alam n'yo na. At kahit na ang malulusog, at malalakas na kababaihan ay nagkakaroon ng mahihirap na panahon, minsan kailangan pang magpaineksiyon ng hormone, at — at pumasok sa mga pagamutan, at magpakuryente at lahat na, sa panahong iyon. Ang tao ay may dalawang pagbabago sa buhay.

Mayroon silang pagbabago mula sa — sa pagiging batang lalaki; patungo sa pagiging babae . . . mula sa pagiging batang babae patungo sa pagiging ganap na babae. Pagsapit ng mga labinganim, labingpitong taong gulang sila'y nagmimistulang fly-by-nights. At — at mapagtiisan n'yo lang sana sila sa edad na iyon. May anak na babae akong nasa edad na iyon ngayon, si Rebekah. Ipanalangin n'yo siya. At si Billy, o, bawat isa sa atin, dumaraan tayo sa balisang edad na iyon. At — at kaya nga kailangan natin silang pagtiisan, dahil alam nating ito'y isang bagay na —na kailangan nilang — nilang daanan.

6 At ngayon, si Edith, dala lamang ito ng — ng pagbabago tuwing ikapitong taon. Tuwing ikapitong taon, ang buhay mo ay nagbabago. Kaya nga

may pitong ulit na pito, kita n'yo, at — at kaya nagiging mahirap, at iyon ang ganap na pagbabago. At ito — ito ay nakababahala sa kababaihan. Ang kalalakihan karaniwan ay nagkakaroon ng parang pagluluko sa panahong iyon, at minsan ay iniiwan ang kanilang mga asawa. Subalit ang kababaihan ay — hindi na malusog ang kanilang itlog matapos iyon. At lahat tayo ay dumaraan diyan, at dapat nating alalahaning ito'y mga bagay na dapat nating batahin sa isa't-isa, at unawain ang mga bagay na iyon.

At si Edith ay dumating na sa kalagayang ito, at malaki na ang ipinayat niya, at hindi maganda ang hitsura niya. At — at — at sinasabi ko sa inyo, minsan isang gabi, hindi man kayong lahat, ngunit ang makadalaw man lang kayo roon . . . Binabantayan nila siya, araw at gabi. At ang — ang makadalaw doon ang mga taga tabernakulong ito at — at mula sa iba'tibang tabernakulo, ang — ang mga kapatid na babae sa tabernakulo na naririto, Ilan sa inyo ay pumaroon at dalawin ang pamilyang Wright. Tiyak kong pahahalagahan nila ito. Pumaroon lang kayo, sumandali kayong maupo sa piling nila, at makipag-usap sa kanila, kamayan sila, at maging ito man ay isang pagdalaw lamang bilang kaibigan.

Napakadali nating—nating makaligtaan iyan, alam n'yo. At pagdating sa ating sariling tahanan, doon lang natin ito nabibigyan ng pagpapahalaga. At dapat nating alalahanin, na ito'y pagpapahalagahan din ng iba. At ang pamilyang Wright, natitiyak ko, ay magpapahalaga riyan. Alam — alam kong gagawin n'yo ito kung nalaman lang sana ninyo na nasa gayon siyang kalagayan. Subalit hindi n'yo alam, kaya — kaya nga, sinasabi ko sa inyo ngayong umaga, para inyong malaman.

7 Humayo kayo't dalawin ang pamilyang Wright, at sikaping pasayahin si Edith. Ngayon, huwag n'yong sabihin sa kaniyang hindi maganda ang hitsura niya. Sabihin n'yo sa kaniya na "maganda ang itsura niya," siya'y "bubuti na." At talagang bubuti siya kung mananatili lang tayong nanghahawakan para sa kaniya. Iyan ang dahilan kung bakit naririto tayo. Kapatid natin siya, at — naririto tayo upang manghawakan sa mga panahong ito para sa batang iyon. Kung paanong nais kong may dumamay sa akin at manalangin habang ako ay nagbabata ng aking mga pagsubok, at nais n'yo rin namang may dumamay sa inyo.

At — at ang pamilyang Wright ay matagal nang . . . isa sa mga pinakamatagal na kasapi na dumadalo sa pagtitipong ito. Sila nga, sa palagay ko, at sina Brother Roy Slaughter at Sister Slaughter, nakita ko pa lang sila kanila kanikanina lang, kinawayan ko sila nang pumasok sila. Naisip ko, sa sarili ko, habang paliko ako sa kanto, "ilang taon ko na bang nakita sina Brother at Sister Slaughter na nagtutungo sa lugar nila sa iglesiang ito, sa kanilang panahon ng pagtaas-at-pagbaba, at patyuloy pa rin sila sa paglusong?" At ang

pamilyang Wright, at tulad nila, pagpapahalagahan mo talaga ang mga taong ganiyan, kita n'yo. At i — ipakita natin ang pagpapahalaga natin sa kanila.

8 Ngayon, sa araw na ito, ay mahaba ang Mensahe ko. Tungkol ito sa isang pagsasakdal.

At — at, pagkatapos, mamayang gabi, narinig kong mayroong komunyon at hugasan ng paa, at iba pa. Kaya ang pastor ay mangungusap, at magkakaroon tayo tayo'y dadalo. At kung kayo'y nasa malapit lang, dumalo kayo at masiyahan sa — sa mensahe mula sa pastor, mula sa Panginoon, at gayon din, sa hugasan ng paa at — at komunyon mamayang gabi. Ito'y magiging isang — isang gabing magiging totoong punong-puno, kaya't malulugod kaming makasama kayo, kung wala kayong ibang pupuntahan.

At nais nating pasalamatan si Don Ruddell, at — at ang ating kapatid, ang ating Kapatid na Jackson. At — at ang mga kapatirang ito ay mga kapatid natin, mga kapatid na iglesiang kasama natin. Ang kapatid na Jack Palmer na naririto, na siyang nangangalaga ng — ng lupon sa Georgia. At na — na — nais nating pasalamatan ang mga lalaking ito nang taos sa ating puso. Dahil, sa mga panahong mayroon tayong gawain, kapag ako'y dumarating, sila'y — sila'y pumaparito upang dalawin tayo, t pinagpapahalagahan natin ito.

9 Nakikita ko, ngayong umaga, ang aking butihing kaibigan, si Duktor Lee Vayle at ang kaniyang asawa. Una kong napansin si Sister Vayle doon, at matagal akong naghanap kung saan naroon si Kapatid na Lee. At ako'y may isang, kung tawagin ito sa Timog ay, "isang pakong dapat bunutin sa kaniya," kita n'yo saan ko man siya makita. Araw-araw ay inaabangan ko siya doon sa kumbensiyon, upang magpatulong sa kaniya. Ang sabi ko, "Buweno, pagdating ni Lee, siya ang mangangaral at mananalangin na lamang ako para sa mga maysakit." At ipinatawag na namin siya, at lahat na, at hindi namin siya makita. Kaya't, ako'y — ako'y, nasa akin pa iyon, ang pakong dapat kong bunutin sa kanya, pagkatapos kong magsalita. At nagagalak tayong makasama sina Brother at Sister Vayle, sa umagang ito.

At marahil marami pa rito ang hindi natin maunawaan. Nakikita ko rito ang isang kapatid na babae, na sa paniwala ko'y, mula sa Chicago. Hindi ko . . . Kilala ko ang grupo rito, ngunit hindi ko lang mabanggit ng lubos ang kanilang mga pangalan. Kaya't pi — pinagpapahalagahan natin ang mga nanggaling pa kung saan-saang dako, saan man kayo naroroon.

10 Nakikita ko ang mga kapatid na naririto, dalawang lalaking nakatakdang talaga (mga baguhan pa sa ministeryo) ngayong umaga, mga kapatid nating negro mula sa New York, katatanggap lang nila ng kanilang kredensiyal sa pamamagitan ng Iglesiang Philadelfia, at ipinakilala nila ang iglesiang ito bilang pinagmulan

nila. At papatungan natin sila ng kamay, upang pagpalain ng Diyos ang kanilang Iingkuran sa New York. Mayroon tayong dalawa o tatlong maliliit na iglesia roon. Ang paniwala ko ay kay Kapatid na Milano ang isa sa maliliit na grupong naroroon, at tayo'y . . . Pinagpapahalagahan natin sila. At — at narito ang dalawa pa na palabas na ngayon upang magsagawa, magkaroon ng mga gawain para sa mga tao roon. At tayo — tayo'y nagpapasalamat sa mga bagay na ito.

Pagpalain kayo ng Panginoon, nang sagana, napakarami!

11 Tumitingin ako sa paligid at kung sinu-sino ang nakikita ko, at sadyang hindi mababanggit ang lahat ng mga pangalan nila, ngunit alam kong Siya'y nakauunawa.

Ngayon, sa palagay ko, kung ang ating kapatid, ang piyanista, o isa sa kanila ay makalalapit upang tumugtog para sa atin. Nang ang Apoy sa propeta'y dumampi, Dinalisay ang kaniyang bibig, Nang ang Salita . . . Tinig ng Diyos ay manawagan; Tugon niya'y, "Suguin Mo ako!"

Kapag . . . itatalaga natin ang mga ministrong ito sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay. Ngayon, napagtatanto natin na ang Iskripitural na paraan ng pagtatalaga ng ministro ay ang pagpapatong ng kamay. Sa palagay ko ay diyan nalito ang mga kapatid nating Latter Rain, o ang mga taga Battleford, at iba pa; at nang makita nila iyon, ang pagpapatong daw ng kamay ay upang magbigay ng espirituwal na kaloob. Ngayon, hindi tayo naniniwala na ang mga kaloob ay dumarating sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay. Naniniwala tayo na . ang pagpapatong ng kamay ay isang pagpapatibay sa kung ano ang atin nang nakita. Kita n'yo? Ito'y isang "amen." Kita n'yo?

12 Ngayon, nang ipatong nila ang kamay nila kay Timoteo, at sa mga kapatirang iyon, napansin nilang may kaloob sa mga lalaking iyon. Alalahanin, "Pagningasin mo ang kaloob na nasa iyo, na nagmula pa sa iyong lolang si Lois." At nakita nila ito kay Timoteo, at kaya nga, ipinatong ng mga matatanda ang kamay ni la sa kaniya at siya'y itinalaga. Hindi sila nagpatong ng kamay sa isang lalaking wala namang anumang naipakita, kita n'yo. At humi ling lamang sila ng basbas. At naniniwala tayong lahat diyan. Kaya hindi tayo nagbibigay ng mga espirituwal na kaloob; kinikilala lamang natin ang mga ito, at ipinapatong natin ang mga kamay natin sa mga ito upang ang mga ito ay papagtibayin, na tayo'y naniniwala na ang Diyos ay gumawa ng gayong mga bagay para sa mga tao.

Napansin ko, sa umagang ito, doon sa pinaka-likuran, si Brother McKinney mula sa . . . ang paniwala ko'y Kinnney o McKinney, ang Methodistang ministro, na nakatayo roon, na kamakailan lang ay itinalaga rin dito, sa palagay ko'y tama nga, mula sa plataporma ng ito, upang magpahayag doon sa Ohio, kasama ni Brother Dauch at Sister Dauch, at ng lupong mula sa Ohio.

O, kapag tayo ay nagkakatipun-tipon, ang mumunting mga dakong ito ay nagsasama-sama, ito'y kahanga-hanga. Walang denominasyon, walang anumang pagkakatali, kundi tanging kay Jesus Cristo lamang, iyon lang, kita n'yo, basta't "nakaupong magkakasama sa Sangkalangitan."

13 O sige, kapatid, kung bibigyan mo kami . . . Awitin na lang natin ang isang talata ng, "Nang ang Apoy sa propeta'y dumampi" Awitin natin ngayon nangsabay-sabay. Nang ang Apoy sa propeta'y dumampi, Dinalisay ang kanyang bibig, Nang ang Tinig ng Diyos ay manawagan; Tugon niya'y, "Suguin Mo ako." Mangusap Ka, Panginoon, Ngayon, magsisilapit ang ating mga kapatid, kung inyong mamagali, ngin .. . . . . at ako ay dudu- 29 Mangyaring magsilapit ang iba pang kapatid na ministro, kung kanilang mamagalingin; upang magpatong ng kamay sa kanila. ".. . Panginoon ..." Ang mga kasamahan ng Tabernakulong ito, sina Brother Ruddell, Brother Lamb, at iba pa. Dito mismo, kung ibig n'yo. . . .niya'y, "Suguin Mo ako." Bagalan natin, kung maaari. Oh, kayraming taong pumapanaw; Dinggin ang sa iyo'y panawagan; Kapatid, hindi ka ba tutulong? Sa makasalana'y umakay. Mangusap Ka, Panginoon, At ako sa Iyo ay tutugon; Sabihin Mo, ang lyong nais. Mangusap Ka't ako'y suguin Mo.

Anong pangalan mo, Kapatid? [Ang sabi ng kapatid, "Orlando Hunt." - Ed.] Brother Orlando Hunt, mula sa lungsod ng New York. Tama ba? At si Brother . . . [Ang sabi naman ng isa pang kapatid, "Joseph Coleman."] Joseph Coleman. Ngayon kung maaari sanang humarap kayo sa mga tao, mga kapatid.

14 Si Brother Hunt at si Brother Coleman, may pagkatawag ang Diyos sa kanilang mga puso. At katulad ng katatapos pa lang nating awitin, "M ilyunmilyon ang sa sala at kahihiyan ay nangapapahamak." Narinig nila ang malungkot at mapait na panaghoy. At hinihiling natin sa kanila: magmadali, mga kapatid, magmadali upang sila'y sagipin!" Kita n'yo, tumugon kaagad. "Panginoon, narito ako." Ganiyan ang kanilang tugon sa umagang ito.

At habang tayo, bilang kapatiran ng iglesiang ito, at ng lupong ito, ay nagpapatibay dito, sa pamamagitan ng pagpapatong ng ating mga kamay sa kanila at ipinagkakaloob sa kanila ang kanang

kamay ng pakikisama, upang maging mga saksi ni Jesus Cristo, kalakip ang ating suporta rito, na atin silang itataguyod sa anumang bagay na marangal at wasto, sa Ebanghelyo. Ang mga panalangin natin satuwina ay mapapasa mga lalaking ito, na gam itin sila ng Diyos upang parangalan Siya. At nawa ang kanilang lingkuran ay maging masagana at dakila sa New York. Nawa ang kanilang — kanilang buhay ay maging puspos ng paglilingkod para sa Kaniya, na naghahatid ng mahahalagang bigkis sa kaharian. Mabuhay nawa sila nang mahaba, at maligaya. Nawa'y alalayan sila ng Panginoong Diyos ng Kaniyang walang hanggang Presensiya, at pagkalooban sila ng kalusugan, at kupkupin sila sa Kaniyang paglilingkod hanggang sa tawagin sila ni Jesus Cristo sa Tahanang Walang Hanggan sa Langit ng kapahingahan.

15 Itulot Mong ang kongregasyong ito ngayon, habang iniyuyuko namin ang aming mga ulo, at kaming mga ministro ay sumusulong upang ipatong ang aming mga kamay sa kanila.

Makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang kamay namin kay. .Kapatid na Hunt, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, yamang nakilala namin siya, Panginoon, bilang matuwid na tao. At pinasasalamatan Ka namin dahil sa katawagang ito sa kaniyang buhay, sa ministeryo. Panginoon, mangusap Ka sa pamamagitan ng kapatid na ito, mag-akay Ka ng mga kaluluwa, magpalaya Ka, Panginoon, sa mga bihag, kapuwa ng karamdaman, at — at sa kaisipan, at sa espirituwal. Panginoon pagkalooban Mo siya ng isang totoong lingkuran, nang magawa niya, sa dulo ng kaniyang landasin, na tumingin pabalik sa mahabang pinagdaanan at makita niyang nabihag niya ang bawat kaaway, sa biyaya ng Diyos. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon, hiling namin ito. Amen.

16 Kay Kapatid na Coleman, ipinapatong namin ang aming mga kamay bilang mga saksi, Panginoon, upang pagtibayin ang kaniyang katawagan. na kami, ang iglesiang ito, ang grupong ito ng mga tao, ay naniniwala sa kaniya bilang isang lingkod ni Cristo. At hinihiling namin na Iyo siyang pagpalain at pagkalooban ng isang dakila, makapangyarihang lingkuran, na siya.‟ y makapag-akay ng mga kaluluwa para sa Iyo, Panginoon at makapagpalaya ng mga bihag at — at magwasak ng kapangyarihan ni Satanas, sa mga buhay ng mga tao na makakasama niya. Pagkalooban Mo siya, Panginoon, ng isang mabungang buhay, malusog na pangngatawan at kalakasan. At, gayon din, pagsapit niya sa dulo ng landasin, Diyos, itulot Mong makatingin siya sa isang mahabang landasing tinahak at makita kung saan niya nawasak ang tanikala ng kaaway sa pamamagitan ng biyaya ni Jesus Cristo, upang parangalan ang Diyos.

Makalangit na Ama, nawa ang mga lalaking ito ngayon ay lubos na makapamuhay at makagawa sa anihan ng Diyos. Ang pagpapala Mo nawa ay surnakanila at makasama nila hanggang sa sandaling lahat kami'y magkatipun-tipon sa paanan ng aming dakilang Panginoon. Hi ling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Hunt, at pagkalooban ka nawa ng mabungang lingkuran. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid, at pagkalooban ka rin nawa ng isang — isang mabungang lingkuran, kapatid na Coleman. Pagpalain ka ng Diyos. Muli: Nang ang Apoy sa propeta'y dumampi, Dinalisay ang kaniyang bibig, Nang ang Tinig ng Diyos ay manawagan, Tugon niya'y, “Suguin Mo ako.” 0, mangusap Ka... (Nawa'y mangusap Siya sa maraming puso ng mga kabataan.) . . . Panginoon,(Tinawag ng Diyos!) Mag-utos Ka, Panginoon, Mag-utos Ka't ako'y suguin Mo.

17 Lubos nating pinasasalamatan ang Panginoon sa umagang ito dahil sa dakilang karangalang ito, ng pagsaksi ng iglesia sa pagsusugo ng mga ministro sa bukirin sa huling araw na ito. Sumainyo nawa ang biyaya ng Diyos, mga kapatid ko! Sana'y isugo Niya kayo sa mga banyagang bay an at sa buong mundo, upang ipangaral ang di-malirip na mga kayamanan ni Jesus Cristo, kung saan ay may mahigpit na pangangailangan. Labis na nangangailangan, ang mundo ngayon.

Ngayon, napakarami ng mga mabubuting bagay na ito, kailangan lang nating kumuha ng kaunti rito at kaunti roon, upang makuha natin itong lahat sa gawain sa umagang ito. Ngayon, sa araw na ito, Ako'y mangungusap tungkol sa isang paksa na aking . . . minsan ayaw kong talakayin ang mga totoong nakasisindak na panahong ito.

Ngayon, noong nakaraang Linggo, kung wala ang ilan sa inyo rito at —- at hindi n'yo nakuha and Mensaheng Ang Ikatlong Exodo; at kung nais n'yo ng mga teyp, naniniwala akong masisiyahan kayo sa isang iyon, Ang Ikatlong Exodo.

18 Ano ba'ng mayroon tayo, mayroon bang batang lalaking maysakit na naririto, o ano? 0, isang maliit na batang lalaking lumpo. Siyanga. Pagpalain nawa siya ng Diyos. Iyon na nga 'yon. Tama. Sa hulihan ng gawain, tayo'y mananalangin din naman para sa maysakit, sa anu't anuman. Kita n'yo. Kaya tayo, ngayon, tayo ay . . .

Hinihiling namin sa inyo, marahil kung magagawa n'yo, na kunin ang Mensahe tungkol sa Ang Pangatlong Exodo, ang ikatlong pagkakataon na ang Liwanag. ang Anghel ng Panginoon, na tumawag sa mga tao palabas, ay malinaw na nagpakita ng Kaniyang Sarili sa lupa. sa isang exodo. Kita n'yo? Palagay ko iya'y totoong katangi-tangi para sa akin: ang Ikatlong Exodo!

Hindi kaya ninyo masamain kung huhubarin ko ang aking amerikana? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Hindi." -Ed.] Lubhang napakainit sa Tabernakulo sa umagang ito, at ang tanging air conditioner na nasa atin ay —- ay kung ano ang mapapaypay n'yo. Kailangan n'yong lumikha ng sarili n'yong kuryente. Kaya tayo ay nagbabalak, isang araw, na magpakabit ng air condition dito, matapos lang natin ang mga bagay-bagay na ito.

19 Ngayon, ikasisiya namin kung inyong — kung nais ninyong — marinig ang Mensheng, Ang Ikatlong Exodo. Ngayon, nagkaroon na tayo ng maraming exodo, ngunit tiyak na mailalagay natin ang ating kamay sa lugar, sa oras, ng tatlong exodo na ang Diyos, sa anyo ng isang Haliging Apoy, ay nanaog upang tumawag at magbukod ng mga tao. Ngayon, ngayon, ito'y nagbubukod ng mga tao.

At nalaman natin na, sa pagtawag Niya ng Kaniyang unang exodo, pinangunahan Niya sila sa anyo ng isang Haliging Apoy, at inakay sila sa . . . inakay sila sa isang lupain, kung saan nung huli ay nagpakita Siya sa harapan nila sa anyo ng isang Taong tinawag na Jesus Cristo. Nagmula Siya sa Diyos at nagbalik sa Diyos. At ang . pagkatapos ay tinanggihan Siya. At dumating Siya roon upang tumawag ng mga tao palabas sa isang —- sa isang pormal na kalagayang kinasadlakan nila, katulad ng nangyari sa kanila sa Egipto,

nagpatangay sila sa kasalanan at sa — mga gawi ng mga Egipcio. At tinawag sila ng Diyos palabas.

At ngayon ay nalaman natin, sa pangalawang pagkakataon, sila'y nagpakubkob sa — Emperyong Romano. At nalihis sila sa mga kredo at lumayo sa tunay na katapatan ng pagsamba, at nagsugo muli ang Diyos ng isa pang exodo. At ang . Nagpakita Siya sa anyo ng isang Tao na nanguna sa tao.

20 Sa unang exodo, Siya ay isang Haliging Apoy. Pagkatapos, nang dumating Siya sa lupa, sa lupaing pinag-akayan Niya sa kanila. Magiging napakagandang tipo ito ng Milenyum, kung saa'y inaakay Niya ang Iglesia ngayon. "Makikita natin Siya ng kung ano Siya, magkakaroon tayo ng katawang katulad ng Kaniyang maluwalhating katawan."

At sa araw na ito, sa pamamagitan ng Liwanag ng Ebanghelyo na sum i si lay mula sa isang Liwanag, isang Haliging Apoy na nakikita sa ating kalagitnaan! Nakita Ito ng siyensiya. Ito'y nasa mga magasin, at sa buong mundo. At ito'y kinikilala, kapuwa sa siyensiya at sa espirituwal, bilang ang siya ring Haliging Apoy na iyon, sa pamamagitan ng katulad na mga tanda at katulad na mga bagay na sa tuwina'y ginagawa Nito. At ngayon sa gitna ng panahon kung saa'y napakaraming panatisismo at mga bagay-bagay, magkagayon man, ay laging ipinakikilala ng Diyos sa tuwina ang Kaniyang Sarili. Nakikita natin ito.

At napakaluwalhating malaman na, "Ang makalupang tabernakulong ito, isang araw," ang marupok na katawang ito kung saa'y nagkakasakit at nagdurusa tayo, "ay mapapalitan at magiging katulad ng Kaniyang Sariling maluwalhating katawan; pagkatapos ay makikita natin Siya kung ano Siya," at makakasama Niya sa Lupaing patutunguhan natin sa araw na ito. Para tuloy ang pakiramdam natin ay nais nating tumayo upang umawit ng Ako ay Tutungo sa Lupang Pangako. Marahil ay aawitin din naman nila iyan sa gawaing bautismo, dahil iyan ang awit natin sa bautismo.

21 Ngayon sa mga kapatiran, kapuwa dito at sa I upai ng nararating ng mga teyp, at iya'y sa buong mundo. Ang mga Mensaheng ito ay hindi patungkol sa kanino mang indibiduwal. At hindi natin gustong isipin ng mga tao na baka kung anong uri tayo ng pangkat, o isang lupon ng mga panatiko na nagipun-ipon. "upang ibukod ang ating sarili, na tila, hindi natin taglay ang Pananampalataya," o kaya'y inbinubukod natin ang ating sarili laban sa kung kanino man, o — o laban sa Diyos, o laban kaya sa Iglesia. Nasa panig tayo ng Iglesia. Ngunit ipinakikita tang natin, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at sa tulong Niya, ang dahilan ng pagbubukod na nasa atin ngayon. Tayo'y . . . hindi tayo naniniwala rito.

Naniniwala tayong ang lahat ng iglesia ay dapat magsama-sama, hindi nagkakabukud-bukod; ang mga Methodista sa kanilang grupo, at ang mga Baptist naman sa kanila rin, at ang mga Oneness, at ang mga Trinitarian, at ano pa mang nasa atin, na magkakabukod. Naniniwala tayong dapat na ang mga ito'y magsama-sama, bilang isang dakilang nagkakaisang lupon ng Katawan ni Jesus Cristo, na naghihintay sa maluwalhating Pagdating na iyon. Hindi sila dapat magkahiwalay, sa anumang paraan.

22 At ang nagiging dahilan ng paghihiwalay, kailangang may isang pangunahing dahilan kung bakit hindi tayo magkasama-sama. Sa pag-aaral ko nito, napagtanto ko na hindi ito dahil sa kulay ng ating balat; sapagkat, ang dilaw, ang itim, ang kayumanggi, at ang puti, ay magkakahiwalay naman sa iba'tibang organisasyon. Hindi ito dahil sa uri ng kinakain natin; iisa lang ang kinakain natin. Iisang uri ang isinusuot nating damit, at iba pa. Ngunit nakikita ko na ang pangunahing dahilan, ay nilisan na ng tao ang dating daan ng pagttituro ng Ebanghelyo, ng bawat tao.

At dapat ay may paraan upang tiyakang maipakita kung ano talaga ang tama at mali. At ang tanging paraan para magawa mo ito, ay hindi ang paglalagay ng anumang pagpapaliwanag sa Salita, kundi ang basahin Ito kung paano Itong nasulat at sampalatayanan Ito nang gayon.

23 Ang paglalagay ng bawat ng kaniyang sariling pagpapaliwanag, ay umiiba sa totoong sinasabi Nito,

ibinabalik ito sa orihinal na organisasyon ng iglesia ng Catolico. Na, siya namang paniwala ng iglesiang Catolico na ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia, “At ang Salita ay walang kinalaman dito; at ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia.”

At tayong mga Protestante, gaya ng nakikita natin, at gaya ng Apocalipsis 17 na lahat sila ay nagkabunton-bunton na, at ang iglesiang Catolico “ang ina” ng lahat ng organisasyon. At nakikita natin na ang organisasyong Protestante, bagama't hindi nila namamalayan, ay may katulad na katangian ng iglesiang Catolico. Tinatawag ng Biblia ang iglesiang Catolico na isang “patotot” at ang iglesiang Protestante naman ay “mga babaeng bayaran ” at ang patotot daw ay “ina ng mga babaeng bayaran.” At iyon ay mga tao, iyo'y isang maruming babe na hindi naging tapat sa kaniyang sinumpaan sa kasal.

At lahat tayo'y nag-aangking Nobya ni Cristo, samantalang napakataksil natin. Ano ang nagiging dahilan ng ating hindi pagiging tapat? Sa pamamagitan ng pamumuhay ng salungat sa — sa disiplinang inilatag ng Diyos para ipamuhay ng Kaniyang Nobya. Iyan ang aking opinyon, ang Biblia, at Ito ang hindi nagkakamaling Salita ng Diyos, sa aking paniwala.

24 At, kaya nga, nalalaman natin na ang iglesiang Protestante, para lang makapagtatag ng organisasyon, ay ibinubukod ang sarili maging sa Kasulatan, upang mabuo ang organisasyon nito. Ang mga ministrong itinalaga, ay manghahawakan sa mga bagay na kaniyang . . .

Ngayon, nagpupunta sila sa aking silid aralan at sa mga silid, daandaan sila, at ang sinasabi sa akin, “Kapatid na Branham, hinahamon mo ang mga tao. Walang sinumang maaaring sumalungat Diyan. Alam nilang iya'y Katotohanan.” Aba'y, ang sabi ko, “Bakit, bakit hindi n'yo ito sundin?” 59 “Buweno, alam mo, kung susunci ako. baka mamalimos ako ng kakainin ko. Walang . . . Mayroon akong ministeryo. Kailangan kong lumapit sa Panginoon, at kailangan kong lumapit sa mga tao. At mawawalan ako ng suporta.”

Kung napagtatanto n'yo lang sana na si Cristo ang ating suporta! Ang Biblia ang ating suporta. Kita n'yo?

Ngunit, ito, kita n'yo, kung gayon ibinibilang niyan ang— ang iglesiang Protestante sa pagiging katulad na katulad ng iglesiang Catolico.

25 Walang pakialam ang iglesiang Catolico . .. Buweno, hindi ko sinasabing . . . Hindi ko nais itong maging napakagaspang, para sabihing wala silang pakialam sa sinasabi ng Biblia. Sila'y — Naniniwala sila sa Biblia, ngunit, tingnan n'yo, mayroon silang . . . Sa halinhinan ng mga apostol nakasalig ang iglesiang Catolico. Iya'y ang pagpapalit-palit ng mga papa, at tinatawag si Pedrong unang papa, at iba pa. Ngayon, pi — pinaniniwalaan nila iyan. Sila'y, sila'y mahigpit na naniniwala riyan.

At ang Protestante, kita n'yo, sila'y — sila'y nagtitipun-tipon at mayroon silang organisasyon na katulad na katulad ng ginawa nila sa Nicaea, Roma, kung saa'y inorganisa nila ang — ang iglesiang Catolico sa pamamagitan ng . . . Konseho ng Nicaea. At makikita natin na magkatulad sila. Magkatulad sila. Iniwanan nila ang Salita ng Diyos, upang makagawa ng isang organisasyon. Kita n'yo? At pagkatapos pagdating sa maraming mga dakilang Katotohanan na sa wari ay kakaibasa araw na ito, banyaga Ito para sa kanila, sapagkat sila'y naturuan lamang sa pamamagitan ng rituwal. 64 Wala tayong rituwal kundi ang Biblia. Wala tayong anuman maliban sa Band! na Salita ng Diyos, at Diyan tayo tumatayo.

26 At ngayon, sa araw na ito, nais kong bumasa ng isang Kasulatan, sa boob lamang ng isang sandali, mula sa banal at sagradong Salita ng Diyos, na masusumpungan sa Aklat ng San Lucas. Sa ika-23 kabanata ng San Lucas, upang pagbatayan, pagkuhanan ng isang — isang plataporma ng kung anong — nais kong — kong sabihin, isang panimulang kaisipan ng nais kong

ipangusap. At kayo ay nagbubukas na ngayon sa San Lucas, ika23 kabanata, at nais kong bumasa ng isang talata. Iyan lang ang kailangan kong pagbatayan sa umagang ito, upang aking pagsaligan. Ngayon babasahin natin ang ika-20 ... ang ika-23 kabanata, ang ika-23 talata ng ika-23 kabanata. At nang sila'y . . . dumating sa dakong kung tawagin ay Kalbaryo, ay kanila siyang pinako roon sa krus, at ang mga tampalasan, isa sa kanan, at isa sa kaliwa.

Ngayon nais kong kumuha ng apat na salita mula riyan, mula sa pagbasang iyan, upang pagbatayan ng nais kong ipangusap, “doon kanilang ipinako Siya,” apat na Salita. At ngayon ang aking paksa ay pinamagatang . . . Ako — ako'y maghahatid ng isang pagsasakdal sa mga makadenominasyong iglesia sa araw na ito, at gayon din sa maraming mga independiyente, dahil sa muling pagpapako kay Jesus Cristo sa araw na ito. 1pinagsasakdal ko sila! Sa umagang ito, ang pamagat nito ay: Ang Pagsasakdal.

27 At nais kong gamitin ito na parang ito ay isang silid ng hukuman, kung saan ay may ... At sa bagay, ang pulpito at ang simbahan ay isang hukuman. Ang sabi ng Biblia, “Ito'y isang lukiukan ng paghuhukom, na — na kailangan itong magsimula sa bahay ng Panginoon.” At tulad ito sa sa trono at sa — at sa husgado, at sa mga saksi, at iba pa. At ang Salita ng Diyos ang aking saksi sa araw na ito.

At ang pagsasakdal ko ay laban sa mga iglesia ng araw na ito. Hindi ko ibinibilang ang makasalanan dito. Ang tinutukoy ko rito ay ang iglesia. At ito'y — ito'y maitatala na — sa — sa teyp ngayon, at si — sisikapin kong matapos kaagad sa abot ng aking makakaya. Ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito dahil sa ikalawang pagpapapako kay Jesus Cristo sa krus.

28 At ngayon para gawin ito sa panahong ito na kinabubuhayan natin, aking — gagawin ko ito, kailangan kong magpakita ng ebidensiya. Kung kailangan kong magharap ng pagsasakdal, kailangan mong magpakita ng ebidensiya ng kriminal na pagkakasala na naisagawa. Ako'y — kailangan kong ipagsakdal sila, ako'y — kailangan kong dalhin ang — ang ebidensiya upang patunayan ito, na gayon nga iyon, na ang sinasabi ko ay makatitindig sa harapan ng pangulong Hukom. Na siyang . . . at kinukuha ko ang lugar ng abogado sa . . . sa pagsasakdal na ito. Na, saksi ko ang Salita ng Diyos, ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito sa salang pagpapapako sa krus.

29 Kailangan kong ipakita, at ipakikita ko, na ang siya ring espiritung iyon ang nasa mga tao ngayon na siyang naging sanhi ng unang pagkapako, at ganoon pa rin ang ginagawa nito. Ako'y — kailangan kong gawin iyon, kung ito'y magiging isang pagpapapako sa krus, na sila ang nagsagawa. Kailangan kong ipakita sa mga — mga tao na ang inaasal ng mga tao ngayon ay tulad din

ng dati ang ginagawa sa diwa, na noo'y ginawa nila sa pisikal. Ipinako nila, nang pisikal, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. At ngayon, sa araw na ito, sa pamamagitan ng Salita ding iyon, at sa pamamagitan ng-ng Banal na Espiritu ring iyon at ng Salita ring iyon, na — nais kong ;pakita sa mga iglesia na doon — doon sa kinatatayuan nila, na gayon din ang ginagawa nila sa araw na ito, at sinabi ng Bibliang gagawin nila ito, at pinatutunayang ito ang araw na kinabubuhayan natin.

Hindi ito maaaring isagawa noong mga nakalipas na ilang taon. Sasabihin kong, noong nakaraang limampung taon hindi ito maaaring mangyari, subalit sa araw na ito ay talagang napapanahon ito. At ito ay hindi maaaring isagawa, marahil, sa nakalipas na sampung taon, ngunit ito ay maaari nang isagawa ngayon dahil ang — ang oral ay paubos na. Tayo ay — tayo ay nasa huling panahon na. At naniniwala ako, bilang lingkod Niya, na tayo ay — tayo ay napipinto nang tumawid mula sa lupaing ito, patungo sa Isa pa.

Samakatuwid, ang panahon para magsisi, para sa isang bansa, ay wala na. Ang paniniwala ko'y hindi na makapagsisisi ang bansang ito. Ang paniwala ko'y natawid na nito ang guhit sa pagitan ng awa at kahatulan. Ang paniwala ko'y nakabingit na ito sa pagkahulog.

30 “Kapatid na Branham, bago mo simulan ang kaso mo, paano mo patutunayan iyan?”

Ito lang, na tayo'y nagkasala ng katulad na mga pagkakasala na dahilan ng pagwasak ng Diyos sa mundo, noong bago bumaha. Tayo'y nagkasala nang katulad sa nagawa nila na naging dahilan at winasak Niya ang mundo sa Sodoma at Gomorra. Narito na sa atin ang lahat ng espirituwal na ebidensiyang iyon sa ating harapan, lahat ng gayon ding espirituwal na ebidensiya, na alam sa buong mundo, na nagpababa sa habag ng Diyos sa mga salinglahing iyon. Iyon din naman, iyon din, ang pagtanggi ay nagdala ng paghuhukom. Kaya kung tinanggihan ng konsehong ito ang gayon ding habag na tinanggihan sa mga araw na iyon, magiging hindi matuwid ang Diyos kung sila'y palalampasin Niya ng walang paghatol.

Katulad ng minsang sinabi ni Jack Moore, na kaibigan ko, “kung ang bansang ito ay makalalampas nang walang parusa mula sa Diyos, kung gayo'y mapipilitan ang Diyos na bangunin ang Sodoma at Gomorra at manghingi ng paumanhin sa pagkakasunog sa kanila.”

31 Ngayon, alam natin na sa espirituwal ay gayon din ang ginagawa nila sa araw na ito, sapagkat ginagawa rin nila ito, sa gayon ding layunin, at sa paraang ginawa nila sa pisikal na pagpapapako sa Panginoon. Ginagawa nila ito dahil

sa inggit, gawa ng espirituwal na pagkabulag. Ayaw nilang makita iyon. Hindi nila gustong pakinggan Iyon. 77 Si Jesus, sa Kaniyang paglalakbay dito sa lupa, ay nagsabi, “Mahusay ang pagkakapangusap ni Isaias tungkol sa inyo. 'May mga mata kayong hindi makakita, at mga taingang hindi makarinig.” Kita n'yo?

Iyon din ang dahilan, iyon din. Iisang layunin at iisang kadahilanan, muli nilang ipinapapako si Cristo, minsan pa, panibago, (katulad ng tatalakayin natin maya-maya), sa dati ring kadahilanan na ginawa nila ito noon.

Wala silang makita anumang laban Dito. Hindi sila makapangahas na hamunin ito. At alam nilang naririyan ang ebidensiya. At alam nilang sinasabi ito ng Biblia. Ang tanging magagawa nila ay pusungin Ito. Ganiyang-ganiyan nga. Kaya nga, at ang lahat ng ito, sa gayon ding mga kadahilanan.

32 At ngayon, batay dito, hinahamon ko ang salinglahing ito tungkol sa pagpapapako kay Jesus Cristo; dahil sa isang pagpapapako sa krus, at ito'y nagkasala; sa pamamagitan ng marumi, tampalasan,

makasariling kamay ng denominasyon ay ipinapapako ang Prinsipe ng Buhay na nagnasang iprisinta ang Kaniyang Sarili sa mga tao. Sasabihin mo, "Iisa bang Persona iyon?"

"Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang tao ang Salita, at ipinamalas ang Sarili." Ang Salita ay nahayag sa laman, at hinatulan nila ang laman at Ito'y pinaslang, dahil naipamalas ang Salita. Ang sabi sa Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man." Ito'y ang Salita ring Iyon. Kita n'yo? At, sa gayon ding dahilan, ay sinisikap nilang ipako ang Salita.

33 Ngayon, sa aking teksto, pabalik sa paksang nais kong kunin doon, ang apat na salita. Ipaliwanag natin, "doon." "Doon," ang pinakabanal na lungsod sa mundo, ang Jerusalem. "Doon," ang pinakarelihiyosong lungsod sa mundo. Doon, "kanilang," ang pinakarelihiyosong mga tao sa mundo, sa isang relihiyosong kapistahan, ang pista ng Paskua. "Doon," ang pinakarelihiyosong dako, ang pinakarelihiyosong lungsod, ang — ang pinakadakila sa lahat ng organisasyon, ang ulo ng lahat ng ito. Doon, "kanilang," ang pinakarelihiyosong mga tao sa buong mundo, kung saa'y nagkatipon sila mula sa buong mundo. Kanilang "ipinako," ang pinakakahiya-hiyarig kamatayang maaaring mangyari, ang patayin ang isang tao sa gayong paraan; nakahubad, hinubaran Siya. "Winalang bahala Niya — Niya ang kahihiyan." Kanilang . . . Sa krusipiho ay — ay — ay may balabal Siya; subalit Siya'y hinubaran nila. Ang pinaka-kahiya-hiya!

34 "Doon," ang pinakadakilang relihiyosong lungsod, "kanilang," ang pinakarelihiyosong mga tao, "ipinako," ang pinakanakahiya-hiyang kamatayan, "Siya," ang pinakamahal na Persona. Kundi pa naman sapat iyan upang hatulan ang salinglahing ito!

"Doon," ang pinakarelihiyosong organisasyon, ang pinakamalaki sa lahat ng mga iglesia na tinipon sa isang lugar. "Kanilang," ang pinakarelihiyosong mga tao sa lahat ng lahi, ang mga taong dapat lang na magsisamba sa Diyos. Nagtipon sila sa pinakadakilang banal na kapistahang idinadaos nila, ang paglilinis ng . . . ang Paskua, kung kailan mula sa pagkagapos ay pinalaya sila. At "doon" sa panahong iyon, "kanilang" sa panahong iyon, ang pinakarelihiyosong mga tao, at ang pinakarelihiyosong kapistahan, sa pinakarelihiyosong dako, ginawa nila sa Prinsipe ng buhay ang pinakanakahihiyang bagay na maaaring gawin, ang hubaran ang isang Tao at ibitin Siya sa puno. Sapagkat, "Sumpain siya," ang sabi ng batas no pinagbabatayan nila ng kanilang pagsamba, "sumpain ang taong mabibitay sa punong kahoy." "At naging sumpa Siya alang-alang sa atin." Hinubaran Siya, binugbog Siya, at inalipusta Siya, ang mismong Diyos ng Langit; Hinubaran Siya, at ipinako Siya sa krus. Siya! "Doon ay kanilang ipinako Siya," sa bisa ng pinakamabigat na kaparusahan ng Roma.

35 Ang pinakanakahihiyang kamatayan ngayon ay hindi ang mabaril. Ang pinakanakahihiyang kamatayan ngayon ay hindi ang masagasaan ng kotse at mamatay, ang malunod sa tubig, o ang masunog. Kundi ang pinakanakahihiyanag kamatayan ngayon ay ang pampublikong pinakamabigat na kaparusahan, kung saa'y hinahatulan ka ng buong mundo at sinasabing ika'y nagkasala.

At pinaratangan ng buong mundo ang Taong ito at sinabing Siya'y nagkasala, samantalang Siya'y inosente. At namatay Siya sa ilalim ng pagpapako ng Kaniyang kaaway, (hindi ng Kaniyang mga kaibigan, hindi ng Kaniyang batas), kundi sa bisa ng krusipiksiyon ng kaaway. Ang Prinsipe ng Buhay, ang pinakamahal na Persona na nabuhay kailan man, o maaring mabuhay, si Jesus Cristo. "Siya," ang pinakamahal na Persona! Pakatandaan n'yo iyan ngayon habang itinatayo natin ang plataporma sa araw na ito.

36 Maiisip n'yo ba na, sa dakong katulad ng Jerusalem, kung saa'y sa loob ng dalawampu't limang daang taon, o higit pa, ang mga tao'y . . . o daan-daang taon. Maaaring masyadong mahaba ang pagkakataya ko niyan. Marahil ay mga walo o siyam na raang taon, o marahil ay ganoon. Hindi ko alam kung gaano, ang baba ng panahon, mula nang itayo ni Solomon ang templo. Sa palagay ko'y mga walong daang taon, ganiyan marahil.

At sila'y naghintay sa darating na Mesias. Nagtipon sila roon upang sumamba sa Paskua. Isipin n'yo na lang ito ngayon! Ang pinuno ng lahat ng mga Fariseo, mga Saduceo, at ano pa mang naroroon, isang napakalaking pagtitipon, upang manambahan sa Diyos. Ang pinakabanal na dako, ang Jerusalem, ang templo ng Panginoon, at ang bayan ng Panginoon, ang kumuha sa Panginoon Mismo at nagpako sa Kaniya, sa isang kapital na kaparusahan. Pambihira talaga ang bagay na ito!

37 Ngayon ang apat na salitang iyon, kanilang, "Doon ay kanilang ipinako Siya." Ngayon, ipinapakita n'yo pa rin ang Biblia, kita n'yo. Ito'y apat na salita lamang, subalit pinaiikli ng Biblia ang nilalaman nitong mga Katotohanan.

Ngayon, ako, kailangang kong magpaliguy-ligoy pa, magpaliwanag ng aking sinasabi, subalit ang Biblia ay hindi nagpapaliwanag ng anuman. Basta't Ito'y katotohanang lahat, kaya ang — ang — ang Biblia ay hindi nangangailangang magpaliwanag ng anuman. Hi — hindi Nito kailangang ipaliwanag ang anuman, sapagkat ang kabuuan nito ay Katotohanan.

Narito ang apat na salita ng dakilang tanikala ng Katotohanan Nito. Sisikapin kong ipaliwanag ito, at ang subukang ipaliwanag Ito nang malinaw, ay bubuo ng isang aklatan. Walang paraan upang maipaliwanag ko ang apat na salitang iyan. Ngunit ngayon, sa tulong Niyaong nagpasulat Nito, susubukan nating ipaliwanag ang apat na salitang ito, upang maihatid ito sa paraang mauunawaan ng mga tao. 92 Ang nasa harapan natin ngayon, nakalatag sa ating harapan ang unang pagkakapako; sa pinakabanal na dako, ang pinakarelihiyosong mga tao, ang pinakanakahihiyang kamatayan, ng pinakamahal na Persona. 0, napakalaking salungatan nito. Naku, ay naku, kahiya-hiya ito!

38 Ngayon kunin muna natin, ang unang salita, "doon." Pag-usapan natin ito sandali bago natin ilabas ang pagsasakdal. Hihimayin natin ito at ipakikita sa inyo ang ginawa nila noon, pagkatapos ay aalamin natin kung tama ang aking pagsasakdal o hindi. "Doon," sa Jerusalem, ang pinakabanal na payak na dako, 'pagkat naroroon ang templo; ang pinakabanal dako, sapagkat iyon, ang templo, ay naroroon. At ang mga Judio sa buong mundo ay nagtitipon sa isang dakong ito, isang lugar ng pagtitipon para sumamba. Ang pina . . . pinakadakilang dakong sambahan sa panahong iyon, ay ang Jerusalem. Doon naroon ang templo. Iya'y "Nasusulat, lahat ng tao ay dapat sumamba sa Jerusalem,'" tama, sapagkat ito'y sentro ng pagsamba.

At ngayon naririnig mo sila, bawat isa sa kanila'y gustong magsabi, na sila, "0, dumadalo kami sa malalaking pagtitipong ito," na idinaraos ng mga denominasyong ito. At — at pagkatapos mayroon kami ng — ng pagbubukas ng . . . sa Vatican, at — at ng mga ordinasyong ito ng mga papa, at iba pa. Sila'y, bawat isa'y nagsasabing, "Dapat lahat tayo ay magtungo sa lugar ng pagtitipon ng mga Metodista, o kaya'y sa — sa pagtitipon ng Bible Baptist." 0 — o kaya'y, "Lahat tayo'y dapat pumunta sa — sa Roma, at kung saan naroroon ang dakilang sentro," ang bansag nila, "ng Cristianismo."

39 Noong panahon ng unang digmaan, nang bumagsak ang Roma, ang mga sundalong Aleman Marami sa inyong mga kalalakihan ang nakaalam nito. Ang mga sundalong A lemang iyon ay umurong pabalik doon sa Vatican, at binabaril ang mga Amerikano sa kanilang paglusob. Sina Brother Funk, at Brother Roberson, at marami pa, si Brother Beeler, at marami sa mga kapatiran na nasa digmaang iyon, ay nakaaalam nito. At alam n'yo? Naglabas tayo ng utos na hindi nila maaaring paputukan ang siyudad na iyon. Mga Amarikano, nakatayo kayo roon, at kayo ang puntirya nila. Ngunit sa West- . . . sa Westminister Abbey sa . . . sa Inglatera, maaari kayong mamaril doon nang walang problema; doon nagkakatipon ang mga Protestante. Kaya puwedeng mamaril doon, subali't hindi puwedeng mamaril sa Vatican. Sapagkat, habang si Pangulong Roosevelt ... Narinig ko ang kaniyang talumpati nang siya'y — siya'y nang isahimpapawid niya ito noong gabing iyon, sa kung tawagin, ay A Fireside Talk. Ang sabi niya, -Nang bumagsak ang Roma,‟ ang wika niya ”ano'ng laking kahihiyan, sapagkat ang Roma ang pinuno ng buong Cristianismo.‟ Naisip n'yo bang sasabihin iyan ng isang Protestante?

40 Kayo ang dakilang sentro ng relihiyong Cristiano, buweno, ating — itutulad natin iyon sa Jerusalem, kung nais n'yo. Kung nail n'yong gawin iyan, ilagay natin iyan sa Jerusalem. Ang pinuno ng lahat ng iba pang ito, ng — ng — ng mga Sanhedrin, ng — ng mga Fariseo, ng mga Saduseo, lahat sila ay nagtutungo sa Jerusalem. lyon talaga ang punong-himpilan.

At sa buhay ng mga organisasyon, kailangang aminin n'yo na ang Iglesiang Romanong Catolico ang ina ng lahat ng ito. Tiyak na siya nga. At ito ay nagsimula sa Pentecostes. Doon sila napunta nang sila ay nagorganisa. Ngayon tayong, mga Protestante, ay mga mumunting mga kapatid na babae lamang na nagmula sa iglesiang iyon. At ngayon sabihin nating ito ay naroon sa Vatican, sa araw na ito.

41 O, sa Jerusalem, katulad ng panahong iyon, "Kung kailan lahat ng tao ay dapat pumunta sa Jerusalem upang gumawa . . . sumamba." Bakit nila ito ginagawa sa mga kaarawan ni — ni Jesus? Bakit nila sinabing ang lahat ng tao ay kailangang sumamba sa Jerusalem? Sapagkat, iisa lang ang dako kung saan makikisama ang Diyos sa tao, iyan ay sa ilalim ng dugo ng hain. Lyon ang dahilan at kailangan nilang magtungo sa Jerusalem.

Hindi kailanman makikipagtagpo ang Diyos sa tao sa iba pang lugar maliban sa ilalim ng Dugo. Kapag tinanggihan n'yo ang Dugo, kung gayon ang inyong lugar ng pakikipagtagpo sa Diyos ay naalis na. Ginawa ng Diyos ang una Niyang kapasyahan sa hardin ng Eden, na ang tao ay makasasamba lamang sa Kaniya sa ilalim ng nabubong dugo ng hain. At iyon ang tanging lugar kung saa'y kinatagpo ng Diyos ang tao noon, at iyon lamang ang tanging lugar kung saan ay nakipagtagpo ang Diyos sa tao kailanman.

42 At iyan ang tanging lugar kung saan ay kinatatagpo Niya ang tao ngayon, sa ilalim ng nabubong Dugo ng Hain. Kita n'yo? Wala akong pakialam kung ika'y isang Metodista, Baptist, Presbyterian; kung magagawa mong kalimutan ang iyong mga pagkakaiba, Romano Catolico, maging ano ka man, at ika'y sisilong sa nabubong Dugo, kapuwa tayo katatagpuin ng Diyos doon. Doon tayo maaaring magtagpo at magsama sa iisang dahilan. Ngunit, sa iba pang paraan, hindi Siya makikipagtagpo dahil lang sa ika'y Metodista; Hindi Siya makikipagtagpo dahil lang sa ika'y Pentecostal. Makikipagtagpo Siya sa iyo sa ilalim lamang ng isang kundisyon, iyo'y, sa ilalim ng nabubong Dugo, kapag ang iyong kasalanan ay naikumpisal na at naitaboy na mula sa Kaniyang Presensiya, sa pamamagitan ng Dugo. At ang Dugo ay nasa harapan

Niya sa tuwina, at kaya nga tinitingnan ka Niya tanging sa pamamagitan ng nabubong Dugong iyon. At kasing puti ka ng niebe, kita n'yo, kapag naikumpisal mo na ang iyong mga kasalanan. Kung hindi, ay wala ka roon, hindi ka maaaring makisama.

43 Iyan ang dahilan na wala na kayong nakikitang mga bagay na nangyayari sa mga iglesia. Sinasabi nilang naniniwala sila sa Dugo, subalit tinatanggihan nila ang pinakaplano upang makalapit sa Dugo; ang Salita. Kita n'yo? Iisa lang ang paraan upang kilalanin ng Diyos ang Salitang iyan. Hindi mo kailan man mapararangalan ang Salitang iyan, sa pamamagitan ng paglapit at pagsasabi, "Ako'y Romano Catolico, ito ang gusto kong mangyari." Hindi ito maaari, Metodista, Baptist, o Pentecostal, hindi n'yo magagawa ito.

Ang tanging paraan upang magawa mo ito ay sa ilalim ng awa ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, ang dumaan sa nabubong Dugo ni Jesus Cristo, at sa pagsasabi, "Panginoon, inaangkin ko ang pangako." Kita n'yo? At pagkatapos kung talagang nasa ilalim ka na ng Dugong iyon. obligado ang Diyos sa Salitang iyon. Ngunit, una, kailangang mapasailalim ka ng Dugong iyon. Nakikita n'yo na ba ito ngayon?

44 Hindi nakapagtatakang hindi sila makapaniwala sa mga himala. Hindi nakapagtatakang hindi kayo makapaniwala sa sobrenatural. Hindi

nakapagtatakang sinusumpa nila ito. Kung ano ang dahilan kung bakit isinumpa nila ito noon, iyon din ang dahilan, kaya isinusumpa nila ito ngayon. Talaga ngang nagkasala sila. Pagkat, tanging sa ilalim lamang ng nabubong Dugo!

At yaong mga maglalakas-loob, ang isang abang kapatid na lalaking maglalakas-loob na magpakumbaba, na panghawakan ang Salita ng Diyos, at lumantad doon at magkumpisal ng kaniyang mga kasalanan, at kalimutan ang mga dogmang ito at mga bagay-bagay, at tumindig doon sa ilalim ng Dugo at sumampalataya Rito, ang itatawag nila sa kaniya ay "isang panatiko." Nais nila siyang ibilang na isang ... katulad ng kung sasabih in natin; hindi ito magandang salita upang gamitin sa pulpito, ngunit para maintindihan n'yo, siya'y isang "oddball."

Sa bagay, hindi ba't lahat naman tayo'y oddball? Kita n'yo, ang mananampalataya ay kakatwa sa 'di mananampalataya, at ang di mananampalataya ay kakatwa sa mananamapalataya, kaya sino ba talaga ang oddball? Kita n'yo? Ang magsasaka ay kakatwa sa negosiyante; ang negosiyante'y kaktwa sa magsasaka, kita n'yo, sino nga ba siya, talaga?

Sinasabi ko sa inyo, ang kaligtasan ay indibiduwal na ugnayan sa pagitan lamang ng tao at Diyos, isang indibiduwal, "sinasaliksik natin ang ating sariling kaligtasan nang may takot at panginginig." At wala akong alam na ibang batayan, bilang isang guro, sa umagang ito, o bilang isang ministro ni Cristo, kundi ang it tag ito sa Salita. Hindi ko ito maaring ilagay iba pang bagay.

45 Ngayon ay nakikita natin doon, kung gayon, na tanging sa ilalim ng dugo lamang kinatatagpo ng Diyos ang sumasamba, kaya sa Jerusalem sila nagkakatipon.

At si Cristo ang kaloob na Haing Cordero ng Diyos. At sa araw na ito iisa lamang ang lugar kung saan ay katatagpuin ng Diyos ang tao, at iya'y sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo. Saan mang iba pang lugar, ito'y kinukundena; hindi ito pakikinggan ng Diyos. Lumikha ka man ng lahat ng klase ng emosyon, at lahat ng klase ng ismo, at ika'y mangatog, at lumundag, at magkaroon ng dugo at apoy at usok, at lahat ng iba pa; subalit hangga't ang buhay na iyon ay hindi umaangkop sa Salita, at ang buhay na iyon ay hindi lubos na kinikilala ng Diyos, kung gayo'y hindi mo na kailangang sumubok pa. dahil labas ka na. At hindi ito kailanman katatagpuin ng Diyos hanggang sa ito'y mapailalim sa pangangalaga ng Dugong iyon. Tama.

46 Kaya, kita n'yo, sa Kasulatan, mayroon tayong Jerusalem, mayroon nito ang Iglesia; ito'y nasa Langit, isan Makalangit na Jerusalem, kung saan ang Diyos ay Diyos. At, sa araw na Ito, hindi sa ilalim ng kung anong kredo o anuman, na siyang pi nipil it nating gawing Jerusalem. Nais natin, nais ng mga Metodista. ngayon, na gawin ang — ang punong-h impi Ian ng Metodista ang Jerusalem. Ang nais ng Catolico ay ang Roma. At—at ang iba't-iba pang lugar kung saan naroroon ang ating mga punong-himpilan, nais nating gawin iyon na ating na isang Jerusalem. Ngun it sinasabi ng Biblia, na, "Ang ating Jerusalem ay mula sa Itaas, na siyang ina ng lahat ng mga mananampalataya."

47 Ngayon, si Cristo ang kaloob na Cordero ng Diyos. Pansinin kung gaano iyon angkop na angkop ngayon, ipinakikitang ang Jerusalem ay palipas na. Kailan? Ito ay umiiral pa rin hanggang sa oras na iyon. Ang dugo ng cordero ay naging sapat hanggang sa sumapit ang araw na iyon, subalit ngayon, sa panahon ng pagkakapako sa krus ay nabago ito. Ang lumang sistema ay tapos na. May bago na, at ang — ang Cordero na ang Hain. Ang Cordero, ang haing Cordero, ay nasa lupa na. Nagsihatol si la at ginawa n i la ang bagay na nakatakda nilang gawin. Tama.

Mapagpala nawa ang Diyos, dahil sa pagkakita natin sa kamangharnanghang Makalangit na Liwanag sa huling araw na ito! Sapagkat, ganito rin ang ginagawa ng mga iglesia sa araw na ito. Hanggang sa oras na iyon na ang organ isasyong relihiyon ay mahatulan at mapatunayang isinasakripisyo nito ang

Salita ni Cristo. magmula roon ay darating ang Salita, at tanging Salita na lamang. Mula nang, lumipas na ang dating Pampaskuang Kordero, at si Cristo ang naging Cordero natin, sa araw na iyon ng pagkakapako sa krus. At nang ipako ng denominasyon ang Salita ng Diyos at tanggapin ang kredo sa halip ng Salita, iyon na ang araw kung kai Ian lubos na nagkabisa ang Salita. Iyan ay kamakailan lang naganap.

48 Pansinin, pangalawa. Una, "doon," sa Jerusalem. Pangalawa "kanilang," sila (sino?) ang mga Judio, ang mga nagsisisamba. Isipin n'yo! Ang mga nagsisisamba mismo ang pumapaslang sa Kaniya na sinasabi nilang sinasamba nila. Akalain n'yo ba naman, ang mga matatalinong saserdoteng iyon, nagpakadalubhasa, may mga titulo ng pagiging duktor hanggang sa marahil ay . . . Sila'y, sila'y kailangang magmula sa isang salinglahi bago sila . . . o — o kaya'y isang tribo, bago pa sila maging saserdote. Dapat ay mga Levita sila. Ang kanilang mga ama ay saserdote. Ang kanilang mga lobo ay saserdote. Ang kanilang mga kalolo-lolohan ay pawang mga saserdote. At kailangang mamuhay sila nang pagkabanalbanal, hanggang sa ang katiting mang bagay laban sa kanila, ay mangangahulugan ng parusang pagbato sa

kanila. Walang pinagbibigyan ng anumang awa. Banal? Talaga, ngunit sariling-gawang kabanalan. Kailangan nilang umasta nang ganoon upang makapagpakitang-tao sa kanilang iglesia. "Sa boob nila," ang sabi Jesus "punung-puno kayo ng buto ng mga patay na tao."

Diyan lang ay puwedeng-puwede na akong magharap ng pagsasakdal! At ang taong may alam na iya'y Katotohanan, na ang Salitang ito ang Katotohanan, at makikipagkompromiso Rito, upang may mukhang maipakita sa organisasyon, a-ha, may karapatan akong ipagsakdal sila, tama, ayon sa Salita ng Diyos.

49 Pansinin, "kanilang," ang mga nagsisisamba, ang taong naghintay sa pangako, ang taong naghintay dito, sa boob ng maraming taon at panahon, at walang ginawa kundi ang magbabad sa seminaryong iyon. Ngunit hinimay nila ang Salita ayon sa turo ng seminaryo, at hindi nila nakita ang pinaKatotohanan Nito. "Kan ilang," ang mga pari, ang lingkuran ng araw na iyon! "Doon," sa kanilang punong-himpilan, "kanilang," ang lingkuran ng araw na iyon, ang pumaslang sa Mismong Diyos, sa Mismong Kordero. Yaong sinasabi nilang sinasamba nila, siyang kanilang pinaslang.

At, sa araw na ito, ipinagsasakdal ko ang lupon ng mga ordinadong ministrong ito; sa kanilang mga kredo at mga denominasyon, pinapako nila, sa mga tao, mismong ang Diyos na sinasabi nilang kanilang minamahal at pinaglilingkuran. Ipinagsasakdal ko ang mga ministrong ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, batay sa kanilang doktrina, na nagsasabing "lipas na ang panahon ng mga himala," at ang "bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hindi sapat at hindi tama." Sa alinmang mga Salitang ito, na pinalitan nila ng mga kredo, ipinagsasakdal ko sila, bilang nagkasala, at ang Dugo ni Jesus ay nasa mga kamay nila, dahil sa pagpapapako sa Panginoong Jesus, sa ikalawang pagkakataon. 1pinapako nila si Cristo, sa publiko, ipinagkakait sa kanila ang bagay na dapat sana'y ibinibigay nila sa kanila. At pinalitan nila Ito ng ibang bagay; ng kredo ng iglesia, para sa popularidad.

50 Doon ay kanilang, "kanilang," sila na dapat sana'y higit ang nalalaman. Kung mayroon mang dapat na higit na makaalam, iyon ay ang mga ministrong iyon. Kung mayroon mang dapat na higit na makaalam; iyon ang mga ministro ng araw na ito. Kung mayroon mang dapat makaalam, ang — ang — ang mga obispo, at mga arsobispo, at — at ang mga ministro, at mga duktor ng dibinidad, ay dapat iba kaysa roon ang nalalaman. Ngunit bakit hindi nila magawa? Oh! Anong laking kabaligtaran? Ano pa nga ba itong nasa ating harapan kundi isang— isang kabaligtaran! Sinasabi nilang sinasamba nila ang Diyos, pagkatapos ay pinapaslang nila ang Prinsipe ng Buhay. Kanilang, "doon

ay kanilang ipinako Siya," at naririto ginagawa na naman nila ang gayon ding bagay, sapagkat Siya ang Salita.

Iyan nga Siya, isa lamang repleksiyon ng Salita. At iyan Siya sa araw na ito, isang repleksiyon ng Salita, nagsisikap na makasumpong ng isang magagamit Niya upang Siya ay makapagpakita.

51 At hindi pinalalapit ng mga taong ito ang kongregasyon sa Diyos. At — at kung may anumang mangyari, sinasabi nila ito sa kongregasyon, hinahatulan nila ito mula sa plataporma, mula sa pulpito, at sinasabing, "Ito'y panatisismo. Huwag kayong magsilapit dito!" Dahil dito, ipinapako nila si Jesus Cristo ngayong 1963, at sila'y nagkasala katulad ng mga taong iyon noong — noong araw na iyon. Nakapangingilabot na pangungusap iyan, ngunit iyan ang katotohanan. Sa Ganiyang-ganiyan ang ginagawa nila sa araw na ito.

At batay dito, dahil sa pagpapapako kay Cristo, dahil kinuha nila ang Salita at inilayo Ito sa mga tao; gnoong-ganoon ang ginawa nila roon. Ang pinaka Salita na sinasalamin ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Anak, upang patunayan na Iyon nga iyon, at Yaong sinasabi nilang iniibig nila, ang Jehova na nagpamalas ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na ganap na tumupad ng sinabi Niyang gagawin Niya, akmang-akma sa kung ano ang sinabi ng Diyos na gagawin Niya, at ipinakita Ito sa harapan nila. Dahil sa pag-ibig nila sa mga lupon ng kanilag mga iglesia, at mga bagay na tulad

nito, hinatulan nila ang Prinsipe ng Buhay.

52 At hinahatulan ko ang lupong ito, at ipinagsasakdal ko sila, na sila'y nagkasala sa harapan ng Diyos, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, dahil sa paggawa ng bagay ding iyon. Ang henerasyong ito ay isinasakdal. Alalahanin ang Hebreo 13:8, "Siya'y kahapon, ngayon, at magpakai lanman."

Paano nila Siya ipinagsakdal? Sapagkat hindi Siya matanggap ng kanilang mga kredo, ngunit sa kaibuturan ng puso nila ay iba ang kanilang nalalaman. Hindi ba't si Nicodemo, sa ikat-3 kabanata ng San Juan, ay buong sakdal na naghayag nito? "Guro, kaming mga Fariseo," ang mga mangangaral, ang mga guro, "nalalaman naming Ika'y isang gurong mula sa Diyos, sapagkat walang taong makagagawa ng mga bagay na Iyong ginagawa malibang ang Diyos ay sumasakaniya." Kita n'yo? Lantarang sinasaksihan ito ng isa sa kanilang bantog na kalalakihan, at mga katiwa . . . dahil sa kanilang mga kredo, ipinako nila si Cristo. 122 At ngayon walang sinumang mambabasa na hindi makababasa ng Mga Gawa 2:38 nang katulad ng pagbasa ko Rito, at ng iba pa Nito, nang katulad din naman ng pagkabasa ko Rito. Ngunit dahil sa kanilang mga kredo, at dahil sa

mga tiket ng kanilang denominasyon na nasa kanilang mga bulsa, ang tatak ng halimaw na lagi nilang dala-dala bilang tarheta ng pakikisama; at, at sa pagtanggap ng mga bagay na iyon, ipinapako nilang muli sa kanilang Sarili si Jesus Cristo, at ipinapako Siya sa harap ng madla, at pinupusong nila ang mismong Diyos na nagakong gaganap Nito, naghahatid ng sumpa sa lahing ito.

53 Ngayon, doon, "kanilang," hindi ang makasalanan. "Kanilang," iyon ay, ang iglesia ng araw na iyon, nakitahan nila ng kamalian ang Tao na Siyang Salita. Tama ba? Nakasumpong sila ng kamalian sa Taong iyon na Siyang Salita. Ngayon nakasumpong sila ng kamalian sa Sal ita na kumikilos sa pamamagitan ng tao. Kita n'yo, binaligtad tang nila ito. Na, sa taong kinikilusan ng Banal na Espiritung Ito, ito'y bindikasyon ng Diyos.

Paano nila nalamang Siya ang Cristo? Sapagkat ang Kaniyang mga gawa ang nagpapatunay kung ano Siya. Ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Kung hindi ko ganap na ginawa ang sinabi ng Kasulatang gagawin Ko! At alin . . . Maaari bang sabihin sa Akin ninuman kung saan ako nabigo, kung hindi ko naipakita ang lahat ng tandang magpapatunay na Ako nga ang Mesiyas, na Ako nga yaong Isang ipinangako sa inyo." Ang sabi, ang sabi nila, "Bowen°, mayroon kaming Moises. Naniniwala kami kay Moises."

Ang sabi Niya, "Kung naniniwala kayo kay Moises, paniniwalaan n'yo Ako. Kung inyong . . . Nakita ni Moises ang Aking araw at nagnasang ma — mabuhay sa araw na ito. Nakita ito ni Moises matagal nang panahon, at ng mga propeta. At heto kayo, namumuhay Dito, at nanunuligsa." Ang sabi, "Kayong mga mapagpaimbabaw," ang sabi "kayo'y marurunong kumilala ng anyo ng langit, datapuwa't hindi ninyo makilala ang tanda ng panahon."

54 Hayan na, ang tanda ng panahon. Paano ba Siya itinuring nito? "Isang panatiko, isang baliw." Siya nga, nakasumpong sila ng kamalian sa Tao na Siyang Salita.

Siya ang Salita. Pinatutunayan ito ng unang kabanata ng San Juan, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos. At ang-Salita ay nahayag sa laman, at nanahan sa ating kalagitnaan." Siya ang Buhay na Salita ng Diyos, sapagkat ipinamamalas Niya ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili. Lubusan Siyang sumuko sa — sa Salita ng Diyos, hanggang sa Siya at ang Salita ay maging iisa. At dapat maging ganiyangganiyan ang iglesia sa araw na ito, na ang Salita ng Diyos ay ganoon pa rin.

Paanong mangyayaring kayo ay bahagi ng Salitang iyon samantalang itinatanggi n'yo halos ang kabuuan Nito? At kaya ito nangyayari, ay hindi dahil sa mga tao; iyan ang dahilan kung kaya sa palagay ko nangusap ang Diyos sa

akin tungkol sa bansag na "Rickys" at "Rickettas," sa Kaniyang mga tao. Ito'y dahil sa makasariling mga denominasyong ito, na nagbunsod sa mga taong iyon na mabuhay sa gayong paraan. Ipinako nila ang Katotohanan. At ito ay tinatawag na pamumusong ng mga tao, at ginagawa nila Itong pamumusong, ang ibig kong sabihin. Tinatawag nila Itong panatisismo at iba pa, at hindi namamalayang pinupusong nila ang mismong Diyos na pinupuntahan nila sa simbahan upang paglingkuran.

Kaya nga, ipinagsasakdal ko ang lupon ng mga ministrong ito sa araw na ito. Ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ilalim ng kapamahalaan ng Salita ng Diyos. Ipinapako ninyo Siyang muli.

Pansinin, "Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man," ang Salita ng Diyos ay nabibindika sa pamamagitan ng isang tao.

55 Paghambingin ang dalawang Kalbaryong ito at ang kanilang mga akusasyon. Alalahanin, "Dahil ginagawa Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili, ayaw naming mamuno ang Lalaking ito sa amin." Anong akusasyon ang nasumpungan nila, sa konseho nang umagang iyon, nang ipako nila si Jesus? Na,

"Ginagawa Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili." Diyos nga Siya. "At sinuway Niya ang pangingi lin ng Sabbath." At Siya ang Panginoon ng Sabbath. Hinatulan nila Siya dahil ginagawaNiyang Diyos ang Kaniyang Sarili. "Wala Kang karapatang gawin ito. Wala Kang karapatan. Ang aming mga punong .saserdote, kung mayroon mang anumang darating, daraan ito sa aming mga saserdote." Ngayon, ihambing n'yo iyan sa Kalbaryo ng araw na ito.

Nang, ang Diyos, labis na ikinalugod ng Ama, ang Diyos Espiritu, na palitawin ang Kaniyang Sariling Anak; nilukuban si Maria, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at nagluwal siya ng isang katawan na makapaglilingkod sa Kaniya at makagaganap ng layunin Niya para sa Kaniya. "Ang Diyos ay na kay Cristo, ang kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman, ay nasa Kaniya," ipinapakita kung ano ang Diyos, sa mga tao, ipina -ipinababatid sa buong mundo kung anong nais ng Diyos na labasan ng bawat isa: isang anak na lalaki, at anak na babae. Kumuha Siya ng isang Tao at isinagawa Niya ito. At dahil hindi Siya sumapi sa hanay ng kanilang mga organisasyon, hinatulan nila Siya at ipinako Siya.

56 Ngayon ihambing ang Kalbaryong iyon sa araw na ito. [Patlang sa teyp —Ed.] Dahil sa maling palagay ng organisasyon, dahil sa pagwawalangbahala ng mga iskolar na dapat sana'y nakaalam ng Salita at piano ng Diyos; dahil dito, maaaring kumuha ang Diyos ng isang munting lupon ng mga tao na maari Niyang kilusan, saan man iyon, at sa pamamagitan ni la ay maisalamin Niya ang Kaniyang Sarili, mga taong magpapakumbaba sa Salita. At hindi nila magagawang sabihin na hindi ito totoo.

Hindi nila maaring sabihin na hindi Niya ito tinupad, sapagkat saksi ang kanilang kongregasyon dito. Ito'y nasa harapan nila. Hindi nila ito maaaring ipagkaila. Hindi nila mapabulaanan ang Kaniyang mga pagaangkin, sapagkat, ang Sal ita mismo na sinasabi nilang sinasampalatayanan nila, ang Siyang nagpatunay na Siya nga. Sapagkat, kinuha ng Diyos ang Salita na patungkol sa Mesiyas at ipinakita Ito sa pamamagitan ng isang Tao, at kinailangan nilang itakwil Siya. Iyon ang tanging paraan upang makapagpatuloy sila, ang itakwil ang Mesiyas. At ginawa nila ito sa pagkabulag at kamangmangan, sa kabila ng kanilang pinag-aralan. Sila ay matatalino, marurunong; kung sanlibutan ang paguusapan.

Katulad ng paghahambing natin noong isang gabi, ng tamaan ng Liwanag ang mayamang batang pinuno, tingnan kung anong ginawa niya. Siya'y tumanggi; isang matalinong lalaki. Si Pablo, isa pang matalinong lalaki, tinamaan siya ng Liwanag. Ano'ng ginawa niya? Tinanggap niya Ito. Kinalimutan niya ang lahat ng natutunan niya, upang makilala niya si Cristo. Iyon ang nagpaging marapat sa buhay niya sa Ebanghelyo. (Ang mensahe noong nakaraang Linggo ng gabi.)

57 Hayan na nga Ito sa araw na ito. Tatamaan Nito, marahil ang isang lalaki na humayo, na nakadamang tinawag siya ng Diyos, na pumasok sa isang seminaryo at nag-aral ng kredo. Kailangan niyang ipamuhay ang kredong iyon o kaya nama'y isuko ang kaniyang tarheta ng pakikisama. Kung gagawin niya naman iyon, mamarkahan siya. Hindi na siya tatanggapin ng iba pa, sapagkat dati siyang kasapi ng isang samahan at ngayon ay hindi na siya kasapi rito. Ang palagay nila'y may mall sa lalaking Iyon, at hindi nila siya tatanggapin sa kanilang kongregasyon. Samantalang, ang kongregasyon ay naghahanap lang ng isang tanda, iyon ay kung paniniwalaan niya ang pinaniniwalaan nila.

Kung mayroon siyang tarheta, kung siya'y Methodista, kung mayroon siyang tarheta . siya'y kabilang sa ibang kapisanan, o kaya'y sa Oneness. o kaya'y sa Trinitarian, o maging anuman ito, Church of God, o kaya'y sa hanay ng mga Pentecostal, at lahat ng mga samahang iyon. Kung may data siyang tarheta, ang palagay nila'y nasiyasat na siya nang husto ng punonghimpilan, at nasubok na ang kaniyang isip, at nabigyan na siya ng pangkaisipang pagsusul it, at tinignan kung sapat ang taas ng I.Q. niya para makapagsalita sa harap nila. Kung hindi, ay tatanggihan nila siya. Tama.

58 Ngunit, alam n'yo, dapat matiyagan ng kongregasyon ang kamay ng Panginoon, tignan kung siya ba'y itinalaga ng Diyos o hindi. Iyan ang dapat nating tingnan. Ngunit sa araw na ito ipinapako nilang muli ang — ang — ang Anak ng Diyos. Samantalang maaaring tawagin ng Diyos ang isang lalaki sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, upang — upang maipakita ng Diyos ang

Kaniyang Sarili sa pamamagitan niya. "Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin n'yo rin naman," ang wika Niya. Pansinin kung gaano kadakila ang araw na kinabubuhayan natin!

Kanilang, kanilang kinukuha, kanilang — kanilang kinukuha ang — ang mismong Kalbaryong iyon, magagawa natin ito sa umagang ito, at maging ang pinakadahilan. Ngayon, alam nilang iyon ay Katotohanan; ngunit dahil sa pananaghili, maling palagay. Anong sinabi ni Jesus sa kanila? "Kung Ako'y nagpapalayas ng mga diablo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, kung gayo'y sino — sa kaninong kapangyarihan ninyo sila pinalalayas? Sila ang maging hukom n'yo, kita n'yo, kung sa pamamagitan ng daliri ng Diyos ay nagpapalayas Ako ng mga diablo."

Ngayon, katulad ng narinig ninyong sinasabi nila, "mapapatunayan mo ba na ito'y daliri ng Diyos?" Gusto ko sanang makita, gusto ko sanang marinig na tinatanong nila iyan sa Kaniya. Masyado silang matalino para riyan.

Pansinin. “Dahil ginagawa Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili,” at Diyos nga Siya. “At hindi kami papayag na mamuno Siya sa amin.”

59 Ngunit ang bagay na iyon, ang dati ring sigaw na iyon ay muling naririnig, “Ang Bibliang iyan ay sinulat ng tao,” ang sabi nila. “Hindi namin kailangang ipamuhay Iyan.” Iya'y Sa . . . Iya'y Salita ng Diyos. Ito'y ang Diyos Mismo. Kausap ko ang isang lalaki kahapon, ang sabi, “Buweno, marahil ay may isang taong nagsulat ng Bibliang iyan.” Ang sabi ko, “Oo, mayroon nga. Ang. Pangalan Niya, kilala namin Siya bilang Diyos.”

Isinulat Ito nang magkakahiwalay sa loob ng halos apat na libong taon, ang Mga Kasulatan, mula pa sa panahon ni Job, hanggang sa Bagong Tipan, at ito'y isinulat ng daan-daang . . . at daan-daang taon ang pagitan; at isinulat ng iba't-ibang tao, nang hindi sila magkakakilala, sa magkakaibang bahagi ng bansa, at walang isa mang Salita Nito ang magpapamali sa iba. Hinahamon ko ang sinuman na magpailalim sa Dugo ni Jesus Cristo at angkin in ang anumang pangakong Naroroon! Obligado ang Diyos na tuparin Ito.

Ngunit ayaw nila itong gawin. Sila'y lalapit, at magsasabing, “0 Panginoon, nais kong may magawa. Pagkalooban Mo ako ng dakilang kaloob. Aleluia!” Hindi ito kailanman uubra. Maaaring maglabas ka ng maraming sikolohiya, ngunit hindi ito uubra.

Kailangang kilalanin ng Diyos ang pagsisising iyan. Kailangang gawin iyan ng Diyos. Marami tayong masasabi tungkol diyan, ngunit umaasa akong kayo'y — kayo'y nakauunawa.

60 Tignan, gayon ma'y ayaw nilang mamuno ang Salita sa kanila. Ang masasabi ko, “Magsibalik kayong lahat. Mali ang pagkakabautismo sa inyo. Kayo'y nabautismuhan sa iglesiang Catolico.”

“Sino ka para sabihin sa amin iyan?” Hindi ako Ito; ito'y ang Salita. “Ngunit sinasabi ko sa iyo, kami — kami naniniwala kaming . .” Wala akong pakialam kung anong pinaniniwalaan n'yo; ito ang sinasabi ng Biblia. “Kahit pa nga, hindi namin kailangang ipamuhay Iyan.”

148' Ipamuhay n'yo, kung hindi'y nasa ilalim kayo ng paghatol ng Bibliang ito. Sapagkat, “Sinomang magbawas ng isang Sal ita Rito, o magdagdag ng isa Rito, aalisin ang bahagi niya, sa Aklat ng Buhay,” ministro man o klero, o sinuman siya. Kailangan mong magpailalim sa pamumuno ng Salitang Ito. Sapagkat Ito ay Diyos. Ang Biblia ang nagsasabi na Ito nga ay Diyos.

“Ayaw naming mamuno Ito sa amin.” Kinukuha nila ang kanilangmga kredo, at mga denominasyon, at ang kanilang kanilang mga bagay na walang kabuluhan na kanilang pinaniniwalaan, at pinagtibay ng mga konseho ng tao, at tinatanggap ito sa halip ng Salita ng Diyos.

61 Anong ginawa nila? Kumuha sila ng isang Barabas, isang mamamataytao sa halip ng Anak ng Diyos, sa araw na iyon ng unang pagkakapako sa krus. 151 At sa araw na ito ang tinatanggap ni la ay ang salita ng kung sinong tao, na isang kasinungalingan at landas ng kamatayan, at tumatangging tanggapin ang landas ng Buhay, ang Salita ng Diyos. Hinahatulan ko ang henerasyong ito, ipinagsasakdal ito, sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon, na nagkakamali sila. Nagkasala sila ng pagpapako sa krus, o tinatangka nilang ipako sa krus ang Espiritu.

62 Humihingi sila ng revival, sa lahat ng dako. Paano kayo magkakaroon ng revival kung ang Mismong Salita ay hindi makakilos sa mga tao? Gusto kong sagutin iyan ng sinuman para sa akin. Paano ito magaganap, kung tinatanggihan n'yo mismo ang pinaka Revival? Mahusay ang pagkakasabi ng propeta tungkol sa kanila, “mga anyo ng kabanalan.” Ang Sarili nilang mga anyo, noon, ang tumanggi sa Salita ng Buhay. Ang sarili nilang anyo, sa araw na ito, ay tumatanggi, sa bagay na makapaghahatid sa kanila ng revival; ang kanilang mga kredo at mga anyo. Opo.

Tinatanggap nila ang denominasyon at ang kanilang mga kredo sa halip ng — ng Salita, at iyan ang nagpapako sa krus sa Kaniyang Salita at nagaalis ng bisa ng Kaniyang Salita sa mga tao. Samantalang nakikita nila ang Salita ng Diyos na malinaw na malinaw na nagpapatunay sa Sarili, na ang Diyos ay nagakong gagawin Niya ito, at narito na nga at ginagawa na Niya, at

pinagtatawanan nila ito at nilalayuan nila Ito, ito'y pamumusong. At ipinapako nila sa krus ang Mismong Salita.

Bakit nila Ito pinapako? Hindi nila maipapako ang Salita kung paanong hindi nila maipapako ang Diyos. Maaari nilang ipako noon ang katawang kinaroroonan ng Diyos, ang Anak ng Diyos. Maaari nilang ipako iyon, ngunit hindi nila maipapako ang Diyos. Kailangan Niyang maipako, noon, dahil Siya ang nagsilbing Hain, upang maipasok ang maraming mga anak na predestinado sa Buhay na Walang Hanggan. Kailangan nilang gawin iyon noon, ngunit hindi na nila ito magagawa ngayon. Hindi nila ito magagawa, 'pagkat ang Salita ay patuloy na mabubuhay. Subal it kanilang

63 “Anong ginagawa nila? Paano sila nag-aanyo? Ano kung gayon ang sinasabi mo, mangangaral? Paano

mo itinatayo ang batayan mo rito, na ipinapako nila Siya sa krus, kung gayon?”

Ipinapako nila sa krus ang epekto ng Ebanghelyo sa mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga kredo. Iyan ang pagpapapako sa krus. Na kung saa'y ang madla ay nakaupo sa malalaking morgeng ito, na kung tawagin ay mga simbahan, mga denominasyon, at gumuguhit ng kredo, at iyan ay . . . Hindi magkaroon ng epekto ang Salita ng Diyos sa kanila, sapagkat kanilang — kanilang hinahatulan mismo ang mga bagay na sinabi ni Cristong mangyayari. Sadyang hindi ito dumarating ayon sa kanilang

At hindi rin naman dumating si Jesus ayon sa pagkaunawa nila ng paraan ng Kaniyang pagdating. Siya ay dumating ayon sa pagkakasugo sa Kaniya ng Diyos, at Siya ay dumating nang tugmang-tugma sa Salita. Kaya pala sinabi Niyang Kaniyang “itinago Ito sa mga mata ng mga pantas, at matatalino, at inihayag Ito sa mga sanggol na handang matuto.” Nauunawaan ba ninyo?

64 O, ipinako nila ang epekto ng Salita. May ilang mga Kasulatan ako rito. Maaaring sipiin ko ang dalawa o tatlo sa kanila. Ipinapako nila Ito sa krus. Sasabihin n'yo, “Paano nilang ipinapako sa krus ang Salita?”

Nang sabihin ni Jesus na Siya'y tulad kahapon, ngayon, at magpakailan man, Hebreo 13:8. Ang sabi nila, “Sa ganitong paraan ay Siya nga.” Kita n'yo? Tama.

At ang sabi ni Jesus, ang huling utos Niya sa Iglesia, “Humayo kayo sa buong sanglibutan,” Marcos 16, “magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo. Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Sa buong sanglibutan; sa lahat ng kinapal!” At hindi pa nga naaabot ang kalahati nito. At milyun-milyon ang nangamamatay, taun-taon, na hindi pa, kailanman nakarinig man lang ng Pangalan ni Jesus. Kaya, ito pa rin

ang pangkalahatang utos. Ito pa rin ang kautusan ng Diyos. “Sa buong sanglibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; kung sila'y magsisihawak ng mga ahas, o magsiinom ng bagay na nakamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling.”

At ang sinasabi nila, “Iyon ay para sa salinglahing iyon,” at ginagawa nilang walang bisa ang utos ng Diyos Dito, at ipinapako nila sa krus ang epekto ng Salita sa mga tao. Amen.

65 Ang sabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes hawak ang mga susi sa Kalarian; na kabibigay pa lang ni Jesus sa kaniya, “Anumang sabihin mo rho, ay sasabihin Ko Doon sa Itaas.”

kt noong araw ng Pentecostes nagtanong sila kung anong maaari nilang gawin upang matanggap ang Banal na Espiritu, at labis nilang kinasisiyahan Ito; i ninamasdan ang pagkilos ng iba na kung tawagin nila ay kahangalan; nagpapasuray-suray, tumatalon, natutumba, at umaastang parang mga la- sing At sila'y nagsasabing, “Ang mga taong ito ay puspos ng bagong alak.”

66 Ngunit may lalaking tumindig, na ang ngalan ay Pedro, na siyang may taglay ng mga susi sa Kaharian, ang sabi niya, “Ang mga ito'y hindi Mga Gawa 2, ”gaya ng inyong inaakala sapagkat ito'y ikatlong oras pa lamang ng maghapon. Datapuwat ito yaong ipinangusap.“ Kita n'yo, balik sa Salita, ipinapakitang ang Espiritu ay Salita pa rin, at ang Sal ita ay Espiritu pa rin, ang Salita ng Diyos. ”At mangyayari, gaya ng sinalita ng propetang Joel, Joel 2:38, 'At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.'“

pakinggan ang propetang iyon na nakatayo roon. Tignan n'yo siya, walang takot, nakatindig sa lupong iyon at hinahatulan sila, ipinagsasakdal sila. Ang sabi, “Ito ang Kasulatan! Ito yaong sinabi ng propeta! Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula. Sa Aking mga lingkod na babae at mga lingkod na lalake ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; at magpapakita Ako ng mga tanda sa kalangitan sa itaas, at sa lupa; apoy, at mga haligi ng usok, at singaw.'” Pinapatunayan Ito sa pamamagitan ng Salita, na Ito nga ang Salita.

At pinagtawanan at pinagkatuwaan nila Ito, at sila'y pumasok sa kahatulan. At ang lungsod ay nasunog, at kinain nila ang sarili nilang mga anak.

At ngayon sila'y isang bayang nagpangalat sa buong mundo, nagpapakitang ang Banal na Espiritu ay nananatiling Salita ng Diyos, na nagbibigay buhay sa Salitang Ito.

67 Si Jesus Cristo ang Persona, ang Tao, ang Diyos. Aleluia. Siya ang manipestasyon ng Diyos. Siya ay Diyos na nasa anyong katawan, upang ipakita ang Salita ng Diyos para sa panahong iyon, upang makita ng panahong iyon ang pangako ng Diyos para sa panahong iyon.

At gayon pa rin ang Banal na Espiritu sa araw na ito. Ang Espiritu ng Diyos ay nasa isinulat na Salita, naghahanap ng taong magagamit upang maipakita ang Sarili Nito sa panahong ito, upang patunayang

Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. San Juan 14:12, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin n'yo rin naman." "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." Kita n'yo, laging naghahanap ng paraan upang maisalamin ang Sarili Nito.

At hindi nila ito magawa. Masyado nilang pinagpapahalagahan ang kanilang mga denominasyon, ang mumunti nilang mga pugad, at iba pa, na kung tawagin ay "mga iglesia" nila, kaya't ayaw nila itong pakinggan. At ginagawa rin nila ito ngayon, gano'n din, muling nagpapako sa krus.

68 Si Pedro, noong araw ng Pentecostes, ay nagsabing, "Kayong mga nananahan sa Jerusalem, sa Judea, makinig kayo sa aking mga salita. Ang mga ito ay hindi lasing. Kung tatahimik kayo, ipakikita ko sa inyo kung ano ito." At nagpatuloy siya at nagpaliwanag sa kanila.

Nang matusok ang kanilang mga puso, matapos nilang marinig Ito, ang wika nila, "Ano'ng maaari naming gawin upang maligtas? Anong maaari naming gawin upang matanggap Ito? Kumbinsido kaming Lama ang iyong sinalita."

Ang sabi niya, "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ito ay para sa inyo at sa inyong mga anak, sa kanilang mga nasa malayo, maging gaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos. Ito ang dapat nilang gawin. Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

69 At, sa araw na ito, pinagtibay ng iglesiang Romano Catolico ang, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," sa halip niyon. Pinalitan Iyon, ng komunyon. "Ilabas ang inyong mga dila at sumubo ng ostiya, at ang pari ay iinom ng alak, at kayo'y iisa na. Ang komunyon," sa halip ng Banal na Espiritu, tinawag itong "banal na Komunyon." At "Ama, Anak, at Espiritu Santo," na isang bautismong maka-trinidad, samantalang ni hindi nga ito nabanggit sa Biblia.

Ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo ay ang Panginoong Jesus Cristo. At kapag ipinakita mo iyan sa likong salinglahing ito .. .

Katulad ng sabi ni Pedro, "Magsitakas kayo sa likong lahing ito."

Kapag ipinapakita mo Ito sa kanila, anong ginagawa nila? Pinagtatawanan Ito, at sinasabing, "Hindi ganiyan ang turo ng aming iglesia." Samakatuwid nagkakasala kayo, nagkakasala kayo ng pagpapapako sa krus sa Panginoong Jesus Cristo sa pamamagitan ng pag-aal is ng Kapangyarihan ng Diyos mula sa mga tao. Ipinapako n'yo sa krus ang mismong Sal ita sa kanila, at dinadamay n'yo ang inyong kongregasyon sa inyong kahatulan, inaakay sila sa bitag ng kamatayan.

70 Katulad ng sabi ko tungkol sa min istrong iyon noong nakaraang Linggo, si Martin Luther King na naroo't kasama ang mga pinakamamahal na taong iyon, inaakay sila tungo sa isang bitag ng kamatayan. O, kung mayroon lang sanang kakausap sa lalaking iyon! Magawa ko sana. Dahil lamang sa munting pag-aalsa tungkol sa panukalang pang-paaralan, kita n'yo, o isang . . . Ano'ng kaibahan? Naku naman! Kung ang mga tao ay walang sapat na malasakit upang makisama sa isang tao dahil sa kaniyang kulay, mistula na silang hinatulan at wala nang buhay. Ang bansa ang nagbibigay sa kanila ng karapatan. Huwag n'yo itong labanan. Huwag. Ano kaya kung may nagsabing lahat ng Irish o sinuman, lahat ng Aleman, o iba pa, ay dapat na humiwalay? Hinding-hindi iyon makagagambala sa mga Cristiano. Sila'y magpapatuloy. At ang lalaking iyon ay isang Cristiano. Bilang — bilang isang ministro, hindi niya dapat pangunahan ang mga taong iyon sa isang pag-aaklas laban doon. Milyun-milyon ang itutulak nila sa kamatayan. Magpapasiklab ito ng isa pang rebolusyon. Isang kahihiyan ang gawin iyon.

71 Gayon din ang nagaganap dito mismo. [Tumuktok si Kapatid na Branham sa pulpito -Ed.] Gayung-gayon ding muli. Tama. Kita n'yo? Ang mga tao, kung titingin lang sana sila sa Katotohanan at aalamin kung ano ang Katotohanan. "Hindi naniniwala ang iglesia namin diyan. Mayroon kaming ibang paraan." Buweno, hindi iyon ang tamang paraan. Hindi iyon 'yon.

Ang sabi niya, "Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan." Ngayon ayaw nilang sumunod dito. 0, kung gayon ay anong na ang ginawa nila? Ngayon isang bagay lang iyan, sa daan-daan. Dadako tayo sa mga iyon, sa abot ng ating makakaya.

72 Ngayon ang ikalawang pagpapapako sa krus, kung gayon. Kapag tinanggap ng isang tao ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo," isang — isang kredo sa halip ng Salita, mga titulo sa halip ng Pangalan, anong ginagawa niya sa mga

tao? Ipinapako niya ang epekto ng Salita sa mga tao. Kapag sinasabi niyang ang, "Marcos 16 ay para lamang sa salinglahing iyon."

At ang sabi ng Diyos, doon Mismo, nangungusap si Jesus sa kanila, ang sabi, "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at

mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumampalataya ay parurusahan. At lalakip ang mga tandang ito ...” Hanggang saan? Sa bawat bansa, bawat kredo, bawat wika, bawat lahi, bawat tao, iisang Ebanghelyo. “At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.” At kapag sinubukan ng isang taong alisin iyon sa Biblia, ipinapako niya ang epekto ng Ebanghelyo sa kongregasyong iyon. Kaya ipinagsasakdal ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Kayo ay nagkasala sa pagpaslang sa Panginoon!

73 Kinamuhian Siya ng iglesia. Bakit? Siya ang pinaka Diyos nila. Kinamuhian nila Siya, at tinanggihan Siya na maging Mesiyas nila. Hindi po, ayaw nila ng gayong Mesiyas.

At ngayon ay ganito rin ang ginagawa ng iglesia. Tinatanggihan nito ang Salita. Hindi nila Ito gusto. Salungat Ito sa dating itinuro sa kanilang dapat nilang paniwalaan sa pamamagitan ng kanilang mga kredo. 183 At ang Salita ay ang Mesiyas. Naniniwala ba kayo riyan? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng “Amen” -Ed.] Buweno, ano kung gayon ang repleksiyon ng Salita? Isang pagpapakita ng Mesiyas, na walang iba kundi ang Banal na Espiritu sa ating kalagitnaan. Ipinakikita Niya ang Kaniyang Sarili, sinisikap, saan man Siya makasumpong ng isang ilawan nana sa pamamagitan nito ay makatutunghay Siya, na hindi naulingan ng mga kredo at mga bagaybagay, na sa pamamagitan nito ay makapagbibigay Siya ng Liwanag.

74 Alalahanin, “sila'y nagsibangon at pinag-igi ang kanilang mga ilawan,” at hinugasan ang mga tsimenea, ngunit huli na ang lahat. Kaya't kapag nakita na ng isang tao itong mga Lutheran, Presbyterian, Metodista, na sumusubok na makapasok sa huling mga araw na ito upang makatanggap ng Banal na Espiritu, aba'y, alam n'yong hindi nila ito makukuha! Buweno, maaari silang magsalita ng iba't-ibang wika at maglulundag, ngunit masdan n'yo kung anong nangyayari. Si la ay lubos na... Ito'y tanda ng panahon na tapos na siya. Tayo'y nasa dulo na.

Anumang oras ngayon, ma — maaari nang marinig ng iglesia ang hamon upang, “Pumarito ka sa itaas!” Amen.

Akmang-akma ang pagkakaayos ng mga pangyayari. Narito ang Banal na Espiritu na pinapaging totoo si Jesus Cristo sa pamamagitan niyaong mga nakikilusan Niya, pinatutunayan ang Kaniyang Sarili; nanaog, nagpalitrato,

ipinakita ito, ipinakuha ito sa siyensiya, pinag-usapan ito, at lahat ng iba pa, lubos na pinatutunayan ang sinabi Niyang gagawin Niya. Lubos na tinutupad ang mga bagay na sinabi Niyang gagawin Niya, ayon sa Kasulatan. Ngayon, hindi isang kredo, o isang gawa-gawang idea ng tao, maraming dugo, apoy, at usok, at mga bagay; bagkus isang katibayan ng Mesias na ayon sa Kasulatan. Maraming mga panggagaya, at mga gumagaya-gaya, at — at iba pa; ngunit iyon ay lalo lang nagpapaningning nang lubos sa tunay na Salita, siya nga, hinahayaan tayong mga taong espiritual, at nakababatid ng tama at mali. Kita n'yo?

75 Tinatanggihan Siya! Tinanggihan ang kanilang Mesias. “Ayaw namin Siya.” At gayon din ang ginagawa nila ngayon. “Aba, kung kailangan kong pumaroon at umasta katulad ng lupong iyon, ayaw ko talaga Nito.” Tama, kung gayon wala ka talaga Nito. Iyan lang. Kita n'yo? Gayon din ngayon.

Bagaman Siya ay naipakilala nang wasto, tinanggihan nila Siya. Kinamuhian nila Siya. Bakit? Tinawag Niyang lupon ng “mga ahas” ang kanilang mga pastor. Ang sabi Niya, “Kayong mga pinaputing pader. Mga libingan lang kayo. Ang labas ninyo ay pinakikintab ng mga balabal at turned aroundcollars, at sa loob nama'y mga buto ng patay.” Hindi Siya nagpigil ng suntok. Isa lamang munting taga-Galilea, Anak ng isang karpentero, ngunit hindi Siya nag-urong ng suntok. Sinabi Niya sa kanila.

“Huwag n'yong isipin,” ang sabi ni Juan, ang Kaniyang tagapaghanda ng daan, ang sabi . . . Isa pa siyang hindi nag-urong ng anumang suntok. Ang sabi Niya, “Huwag kayong lalapit-lapit dito na nagsasabing si Abraham ang aming ama. Kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak para kay Abraham sa pamamagitan ng mga batang ito.” Opo. “Ang palakol ay nailagay na sa ugat ng Puno, at ang bawat punong hindi nagbubunga ay pinuputol at inihahagis sa apoy.” Siya nga, po. Ang Diyos ay istrikto at mahigpit at mabagsik sa Kaniyang Salita. Siya nga, po.

76 Pansinin, si Jesus, ay pinatunayan ng Kasulatan! Narinig n'yo ba ako? [Kongregasyon, “Amen.”-Ed.] Si Jesus ay ipinakilala ng Diyos, sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na Siya nga ang Mesiyas. Tama ba? [“Amen.”] Magtutungo tayo sa pagsasakdal ni Pedro, sa ilang sandali, at malalaman n'yo kung ito nga o hindi. Lubos Siyang naipakilala, na Siya ay Diyos na nahayag sa isang Tao, na tinawag na Anak ng Diyos. Tama. Gayon pa man, Siya ay naipakilala nang wasto at binindika Niya ang ipinangakong Salita, na Siya ang Mesiyas. Ang sabi ni Moises, “Ang Mesiyas na ito, kapag Siya'y dumating, Siya'y magiging isang propeta,” at lahat ng mga bagay na ito ay mangyayari.

Ang babaeng may . na nakatayo sa tabi ng balon, at ang napakaruming kundisyon niya, anong sinisimbulo niyaon? Na ang Diyos sa huling mga araw na ito ay huhugot ng mga taong itinakwil.

77 Naaalala n'yo kagabi, ang kasalan . . . 0, noong isang pagkakataon na ako'y nangaral dito. Sa

Hapunan ng Kasalan, kung paano sila nagsalita. "Gumawa ako ng malaking pista, at iba pa. At lahat ng mga taong ito, ay inimbitahan ko, at bawat isa ay nagdahilan. 'Hindi ko ito magagawa, dahil sisirain nito ang aming mga kredo. Hindi ako makakarating, kasi mayroon akong . . . Nagpakasal ako sa isang babae; ayaw niya akong dumalo. "Naku, Ako'y— ako'y kinasal ako sa iglesiang naririto. Ang nanay ko'y Metodista, o Baptist, o Catolico, o Prote-. . . sadyang hindi ako makapaninindigan Diyan.'"

Ang sabi Niya, "At ayaw n'yong dumalo? At ayaw n'yong tikman ang Aking hapunan! Gayon ma'y lumabas kayo roon at pilitin ang mga bayarang babae at mga patotot, at mga lasenggo, at anumang naroroon. Papasukin n'yo sila, at itutuwid ko sila. Nagawa ko na ang Aking hapunan, at ang Aking — aking mga panauhin . Ang Aking hapag-kainan ay handa na, at may mapaparoon." Hindi sila nagsidating. Hinatulan Niya ang mga Hudyong iyon.

Kumusta naman sa araw na ito? "Ako — ako — ako ay kabilang sa Presbyterian. Ako'y — ako'y hindi ako puwede. Ako'y Metodista, Lutheran. Ako'y oneness. Ako'y twoness. Ako'y ganito. Hindi ako puwede. Hindi ako puwede." Hayan ka na. "Hindi ka maparoroon kung gayon! Iyan mismo ang Kaniyang sinabi. Mabuti.

78 Binindika nang wasto ang Mesiyas. Binindika nang wasto ang Salita, ang ipinangakong Salita. Ang Diyos na nangako ng Salita, na magiging ganito ang Mesiyas, ay naparito at tumindig nang akmang-akma. Ang sabi Niya sa kanila, "Ngayon, saan Ako nagkamali? Kung hindi n'yo ako mapaniwalaan bilang isang Tao, paniwalaan n'yo ang mga gawang ginagawa ko; sapagkat ang mga ito ang nagsasabi kung Sino Ako. Sila ang nagsasabing Ako ang Mesias. Ayaw n'yo Akong paniwalaan, sapagkat iniisip n'yo na — na si Jose na naroroon . . . At Ako ay isinilang sa munting kubong iyon, at — at ang amaamahan kong ito ay isang — isang karpentero roon. At — at kayo . ."

79 Nang pumasok Siya roon sa Gal ilea, at Siya'y mag- . . . Ang sabi Niya, "Hoy, sino itong Taong Ito? Sino ba Ito? Buweno, ang Taong ito, hindi ba't iyan . . . hindi ba't si Jose at lahat sila na naririto ay mga kapatid Niya? Hindi ba't ang Kaniyang mga kapatid ay kasama natin? Hindi ba't ang tawag sa nanay Niya ay Maria at sa tatay Niya'y Jose? Saan, saan kayo nakakuha ng ganiyang Tao? Anong iskuwelahan ang pinanggalingan Niya? Wala siyang fellowship card. Siya'y, wala Siyang anumang kredensiyal. Saan ba ang Taong tulad niyan . . . Saan mo nga ba ito nakuha?"

At sinabi ng Biblia na Siya ay — Siya ay nasaktan. Ang sabi Niya... maraming makapangyarihang gawa ang hindi Niya nagawa; at tumalikod na lang Siya at lumayo sa kanila. Ang sabi Niya, "Ang isang propeta ay 'di walang kapurihan liban sa gitna ng sarili niyang mga kababayan, kita n'yo, sa kaniyang sariling lalawigan," masdan, "o sa kaniyang sari ling bayan."

Naroon Siya, nabindika nang wasto na Siya, ang Mesiyas. Hindi Niya inako ang kapurihan. Ang sabi Niya, "Wala akong magagawa kundi yaon lamang nakikita Kong ginagawa ng Ama." At hinamon Niya silang magtanong kung iyon nga ba ang Mesiyas.

80 At tingnan ang babaeng iyon na masama ang reputasyon; nakilala niya ito. Siya, siya'y hindi hibang. Ang ilawan niya ay hindi . . . Oo nga't ang moral niya ay hindi maganda. Walang sasang-ayon sa ganiyan. Kinukundena iyan ng batay ng Diyos. Hindi maganda ang moral niya. Ngunit siya'y .. .

Kita n'yo, hindi ka hahatulan ng Diyos batay sa iyong . sa kung ano ka. Siya'y nasisiyahan . . . Hindi Siya hahatol kung gaano ka kalaki o gaano ka kaliit. Ang puso mo ang hinahatulan Niya, kung anong nais mong maging. 201 At ayaw niya ng anumang bagay na ganoon. At nang Ito ay magliwanag sa kaniyang harapan, Iyon ang nais niya. Ano man Siya noon, handa siyang lumapit. Kita n'yo? Ang puso ang hinuhusgahan ng Diyos. Ang tao ay humahatol sa panlabas na itsura. Ang Diyos ay tumitingin sa puso. Ano man siya dati; ang Liwanag na iyon ay nagliwanag at naayos na ito. Nasapo niya ang — ang — ang — ang pinakadiwa ng Buhay na Walang Hanggan.

81 Ay, naku, napakayaman nito, para sa akin, kita n'yo, ang makita at malaman na iyon ang Katotohanan. Ako'y — Ako'y maninindigan Dito. Hahayaan kong . . . Ang Diyos ng kalangitan ay titindig, at ang tinig ko ay mapapasa magnetikong teyp ng dakilang panahon ng Diyos sa dakong iyon, at hahatulan nito ang henerasyong ito sa huling araw. 'Pagkat, ito'y nasa magnetikong teyp, pagkatapos ito'y mapapasa Walang Hanggang teyp sa oras na iyon. Tama. Hinahatulan ko ang henerasyong ito ng mga mangangaral na may anyo ng kabanalan, at itinatanggi ang kapangyarihan ng Salita at ang manipestasyon Nito matapos na maipakilala nang husto na Siya pa rin si Jesus Cristo, na ganoon pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ipinagsasakdal ko sila, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

Kakailanganin kong magtungo sa isa pang pangako, nang mabilis, 'pagkat mayroon na lang tayong mga labinlimang minuto.

82 "Doon kanilang — doon kanilang . ." Ano? Ay, naku! Sa Kalbaryo! Kanilang "ipinako" Siya, ang ikatlo. Ipinako nila Siya, dahil sa 'di pagkakilala sa naipamalas na ipinangakong Salita ng Diyos. At bakit nila

ipinako ang Taong Iyon? Isipin n'yo na lang? Hayaan n'yong magbalik ako ng isang sandali. Bakit

ipapako sa krus ng mga taong iyon ang Taong tulad no'n? Gaya ni Maria . . .

Gaya ng nabasa ko ang isang aklat minsan, ang pamagat ay Ang Prinsipe ng Tahanan ni David. Isinulat ito ni Ingraham, Dr. Ingraham. Napakagandang aklat! Ito'y isang drama, ang sabi ay totoo raw ang ilang bahagi nito, batay sa ilang lumang manuskrito na nakuha sa isang babaeng ang ngalan ay Adina, na ang kaniyang . . . Siya ay nagtungo sa Palestina, mula — mula sa Egipto, hanggang sa Cairo, sa paniwala ko, upang magtapos ng kaniyang pagaaral. At naroon siya noong panahon ni — ni Cristo, at sumulat umano siya sa kaniyang ama. Maganda kung makakakuha kayo nito at mababasa n'yo. Ito'y ... napakaganda talaga nito, Ang Prinsipe ng Tahanan ni David. Siya rin ang may akda ng Ang Haliging Apoy; at, batay doon, ay nil ikha ni Cecil DeM illes ang Ang Sampung Utos.

83 Ngayon makikita natin, sa aklat na ito, na sumulat si Adina. At ang sabi niya, noong araw daw ng pagkakapako sa krus, si Maria Magdalena, kung kanino'y pinalayas Niya ang pitong demonio, ay tumakbo sa harapan ng karamihan, at nagsabing, "Ano'ng kasalanan Niya? Anong kasalanan Niya? Pinagaling lang naman Niya ang mga maysakit at sinikap na palayain ang mga bilanggo! Anong nagawa Niya maliban sa kabutihan? Magsalita ang sinuman!"

At may lalaking sumampal sa kaniya at halos ay tumilapon siya sa bakuran, at nagsabing "Mas paniniwalaan ba ninyo ang hangal na babaeng iyan, kaysa sa inyong saserdote?"

Hayan ka na. Kita n'yo? Anong kasalanan Niya? Wala Siyang kasalanan. Bakit nila Siya ipinako? Bakit? Bakit? Sapagkat hindi nila Siya nakilala.

Ganiyan din sa araw na ito. Ang mga mangangaral, at mga tao sa mga araw na ito, at ang mga makabago nating guro, ay labis nang nagdoktrina sa mga tao upang maniwala silang Ito ay "pangkukulam, o ang diablo, o isang pambabasa ng kaisipan, o isang panloloko, o isang uri ng pandaraya," hanggang sa hindi na makilala ng mga tao na ito ang bindikasyon ng Salita ng Diyos para sa araw na ito. Ito'y mga tanda ng huling araw.

84 Ang mga iglesia, kung hindi kayo sasapi sa kanilang organisasyon, sasabihin nila, "Ah, buweno, gawa-gawa lang iyan. Iyan — iya'y isang panloloko. Buweno, tignan mo itong si ganoon-at-si-ganito at si ganoonat-siganito." Ngunit hayaan n'yong patunayan nila minsan man lamang na ang tunay na Bagay na iyon ay isang panloloko. A-ha. Hayaan n'yong patunayan nila

minsan man lamang na ito'y mall. Hindi nila magagawa. Hindi pa Ito kailanman napatunayang mali, at hindi kailanman mangyayari, sapagkat ang Diyos 'yon. Kita n'yo? Ngunit nais nilang magturo.

Ang iniisip nila, "0, buweno, buti sana kung ang taong ito ay may malaking pangalan!" Ngunit dahil ito'y isa lamang maliit na grupo, isang maliit na lupon na parang napasa isang tabi. "Aba eh, pinalayas namin ang mga taong iyan sa aming iglesia." Kita n'yo? "Ang mga iyon, dating dumadalo sa grupo namin ang mga iyon, alam n'yo, Pero sumama sila dito, sumama sila roon, at ngayon, kita n'yo, napunta tuloy sila sa . . . Buweno, tingnan n'yo kung ano ito, at kung sino ito."

Eh, ano. Marahil ay gayon din ang sinabi nila tungkol kay Pedro, kay Santiago, at kay Juan. 0, "Isang mangmang at walang pinag-aralang tao," ang sabi nila. Ngunit hindi nila maikaila, may kung anong nangyari mula noon. Nakasama nila si Jesus. Iyon ang dahilan ng kaibahan nila. Kita n'yo?

85 Ginawa nila ito dahil hindi nila Siya nakilala. Hindi nila nalaman na ang bindikasyon ng Salita ng Diyos ay hindi pa nakatayo roon sa araw na iyon Ngayon, iba talaga noon, at tama iyon; gayon nga noon, kailangang tuparin lamang ang mga batas at ang mga bagay na iyon. Ngunit ang mga batas ding iyon, na kanilang sinusunod, ay tumuturo sa kanila sa isang panahon kung kailan ay darating Siya at magiging ang Taong nakatakdang maging Siya. Kinuha nila ang bahaging ito, ngunit hindi nila kinuha ang isa pang bahagi.

At iyan din ang ginagawa nila ngayon. Mayroon silang simbahan, at sila'y "naniniwala kay Jesus Cristo," at ito ang sinasabi nila at iba pang mga bagay, ngunit itinatanggi ang oras na kinabubuhayan natin! Ibinabalik muli ang dating kasabihan: ang tao sa tuwina ay nagpupuri sa Diyos sa kung ano ang nagawa Niya, inaabangan kung ano ang gagawin Niya, at, o ang isasagawa Niya, at 'di pinapansin kung ano ang kasalukuyan Niyang ginagawa, at sila'ytnahahatulan dahil dito. Kita n'yo? Iniisip nila, "Kahanga-hanga ang Diyos. Napakadakila Niya! Ano ang gagawin Niya: Siya'y darating, at magkakaroon ng Pag-agaw, isang araw, at tayo'y uuwi na," at pagkatapos ay tatanggihan ang mga tanda at kababalaghan na naririto mismo sa panahong sinasabi ng Kasulatan kung kailan ay gagawin Niya ang mga ito. Hindi nila nakita ang kabuuan nito!

"Kung aakayin ng bulag ang kapuwa bulag," ang sabi ni Jesus, "Kapuwa silang mahuhulog sa hukay." Ipanalangin lang natin sa Diyos na mabuksan ang ating mga mata sa mga huling araw na ito. Tama.

86 Ngayon, ganoon din, ganoon din ang ginagawa nila sa araw na ito. Tinatanggihan nila at ipinapako ang Diyos ding iyon, sa araw na ito, sa

dahilang hindi nila Siya nakilala. Ganoon din, sa pamamagitan ng pagtanggi sa Kaniya. At dahil sa paggawa nila, sa pagtanggi nila sa mga bagay na ginagawa nila sa araw na ito, hindi naman talaga ni la ipinapakong muli sa krus si Cristo, ngunit pinusong na nila ang Banal na Espiritu. At dahil ginawa nila iyon sila ay . . . Paano nila nagawang pusungin ang Banal na Espiritu? Paano?

Paano ba nila nagawang pusungin Ito noon? Aba'y, hindi pa nila magawang pusungin Ito noon; mangyari'y hindi pa Ito dumarating. Tinawag nilang "Beelzebub" si Jesus, tinawag Siyang "Beelzebub," dahil nalalaman Niya ang mga lihim ng kanilang mga puso, at ang iba pang mga bagay. Ang sabi nila, "Ito ay diablo." Sa ibang salita, "Siya'y isang manghuhula. Kaya Niya nagagawa ito, sa pamamagitan ng panghuhula. Anupa't isa lamang Siyang diablo." Kita n'yo, hindi sila nagkaroon ng propeta sa boob ng apatnaraang taon, at kinalakihan na nila ito. Kita n'yo? Ang tanging hawak nila ay ang mga kautusan nila. Ang sabi nila, "Si Beelzebub Ito."

87 At sinabi ni Jesus, "Patatawarin Ko kayo riyan, ngunit pag dumating ang Banal na Espiritu," nakita n'yo, na ngayon, "pag nagsalita kayo ng isa mang salita laban Dito, hindi na kayo mapapatawad kailanman."

Alalahanin, wala na, sa anumang paraan, wala nang awa, kapag pinusong mo, at tinanwag ang Espiritu ng Diyos, ang Salita ng Diyos na binindika ng Espiritu ... Kita n'yo, ito ang sabi ng Salita, at bin ibindika Ito ng Espiritu, at pagkatapos ay tatawagin mo Itong isang "maruming bagay," natawid mo na ang guhit sa pagitan ng awa at kahatulan at hindi na kailan man mapapatawad pa dahil dito.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito, sa salang pagpapapako sa krus, pamumusong sa naipamalas na Anak ng Diyos katulad ng ipinangako ng lahat ng mga propeta, at ni Cristo Mismo, na magaganap sa huling araw; katulad ng mga kaarawan ni Noe, sa mga kaarawan ng Sodoma. Pamumusong! Na walang iba kundi, ang muli nilang pagpapapako sa krus, sa madla, sa Anak ng Diyos, ang Kaniyang binindikang Salita. Isang salita laban Dito ay hindi na mapapatawad kailan man.

Ngayon ano ang gagawin n'yo kung gayon? Ano ang tatayuan n'yo? Si la ay nahatulan na, naghihintay na lang ng oras ng pagbuhos ng galit ng Diyos. Sila'y dudurigin nito.

88 Higit nilang pinagpapahalagahan ang doktrina ng mga denominasyong gawang-tao at mga dogma kaysa sa binindikang Salita ng Diyos; ang salinglahi ng mga taong ito. 0! Kung — kung mas mahaba pa sana ang panahon ko para rito. Kita n'yo? Ang salinglahing ito ng mga tao, tinatanggihan nang may pagkamuhi ng salinglahing ito ang kapahayagan ng

Diyos. [Makailang ulit na tinapik ni Kapatid na Branham ang Biblia niya Ed.] Ngunit tayo ngayon ay lumalakad sa nilakaran ng mga Apostol. Iya'y tama. "Diyos', ika mo? "Buweno, sinasabi rin iyan ng iba." Binibindika ito ng Diyos.

Ang sabi ni Jesus, "Kung — kung — kung hindi nangungusap ang mga gawa tungkol sa Akin, kung gayon ay maaari ninyong sabihin na sinasalita Ko lang ito sa ganang akin. Ngunit kung ang mga gawa Ko ay nagpapatotoo, sampalatayanan n'yo ang mga gawa, kita n'yo, 'pagkat ito na ang oras." Ang sabi, "Nalalaman n'yong kinabukasan ay sisikat ang araw, o kaya'y magiging masama ang panahon; sa pamamagitan ng pamumula at pangungulimlim ng Kalangitan, nalalaman n'yo kung magiging mabuti ang panahon kinabukasan." Ang sabi, "Marunong kayong kumilala ng anyo ng langit; ngunit wala kayong kamalay-malay tungkol sa mga tanda ng panahon. Kung kilala n'yo ang Diyos, disin sana'y nakilala n'yo ang Aking panahon." 224 At ang sabi nila, "Masyado Kang nagmamalaki; ginagawa Mong Diyos ang Sarili Mo." At inilagay nila Siya sa krus.

89 At ang Banal na Espiritu, ngayon, ay hindi pangatlong Persona. Ito'y ang Diyos, Mismo, na naipapamalas sa laman ng tao sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, upang pabanalin ang buhay na maaari Niyang gamitin upang isalamin ang Kaniyang Sarili. At ipinako nila ang Salita ring iyon na naipamalas. Nauunawaan ba ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."Ed.] Ang pagpapapako kay Cristo sa krus , sa araw na ito, ay ang pagtanggi ng mga tao, sa binindika at naipamalas na Anak ng Diyos sa madla sa pamamagitan ng Kaniyang— Kaniyang mga sinabing magaganap sa araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Kita n'yo? 226 Ngayon, ang gayon ding bindikasyon, kailangang maging pareho ito, kung Siya pa rin ang Anak ng Diyos na iyon, 'pagkat ang sabi Niya sa San Juan 14:12 na, -Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin n'yo rin naman." Hebreo 13:8, "Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin," Juan 15, "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin at ang mga Salita Ko'y magsipanatili sa inyo, hilingin n'yo ang ibig n'yo, at ipagkakaloob ito sa inyo." Opo!

90 Alalahanin, mga napakarelihiyosong tao ang gumawa niyon. Hindi sila mga taga-labas. Si la ang mga relihiyosong tao ng panahong iyon. At iyan din ang gumagawa nito ngayon, ang mga relihiyosong tao; parehong pagpapako sa krus, ganito rin sa araw na ito. Bilisan natin .. .

"Doon ay kanilang ipinako Siya." "Kung gayon, kung gayon? Aba'y Oo. Kung gayon ay tinatanggihan

nila ang Sal ita ng Diyos na naipamalas, tinatanggap ang kanilang mga kredo sa halip ng Salita.

Ganiyan ba ang ginagawa nila ngayon? Ganiyang ganiyan nga, ganiyan din ang ginagawa nila ngayon. Siya ang Salita; at tinanggihan nila ang Salita. Iyan ang isang punto na ayaw kong hindi n'yo makuha, kita n'yo, ayaw kong hindi n'yo ito makuha. Siya ang Salita, at, nang tanggihan nila Siya, tinanggihan nila ang Salita. At nang tanggihan nga nila Siya, sa wakas ay ipinako nila Siya sa krus. At ganiyan din ang ginagawa nila ngayon: tinanggihan ang Salita ng Diyos, at tinanggap ang kanilang mga kredo; at ipinako, sa madla, sa harap ng kanilang mga kongregasyon, ang pagkilos ng Banal na Espiritu. At Sila'y nagkasala, at ipinagsasakdal ko sila sa Pangalan ni Jesus Cristo.

91 Nakita ko Siyang kumi los sa buong lupain sa boob ng labinlimang taon, at patuloy pa rin silang nanghahawakan sa kanilang mga kredo. Sila'y nagkasala! Kinuha nila ang Salita na dapat sanang magbuklod sa iglesia, sa lahat ng mga iglesia, at lumikha ng isang malaking kaisahang pangkapatiran sa mga Pentecostal at lahat ng iba pa; sa halip na gayon ang gawin, tinanggihan ni la Ito, at inayawan Ito, pinagtawanan Ito, at binansagan Ito ng kung anu-ano.

At ngayon, sa pamamagitan ng kapisanan ng mga iglesia, sa pamamagitan ng balak ng diablo, nagpipil it silang pumasok at magsabing. "Ngayon paririyan kami, bibili kami ng Langis." Sila ay tinanggihan. At kani la nang . . . Sila'y nagkasala ng pagpapapako sa krus kay Jesus Cristo. Kai langang umayon ka kundisyon ng Diyos, kung hindi ay hindi uubra ang iyong kundisyon. Kita n'yo?

92 Tinanggihan nila ang Salita ng Diyos na naipamalas, dahil sa kanilang mga kredo, at ganito rin ang ginagawa nila ngayon. "Siya ang Salita," Juan, San Juan 1. Ang Hebreo 13:8 ay nagsasabing, "Siya ay kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ngayon ay muli nila Siyang ipinapako sa krus.

Alam n'yo bang sinabi ng Bibliang magagawa natin iyan? Ilan ba ang nais na magbasa nang kaunti? Maaari bang bigyan n'yo pa ako ng labinlimang minuto? [Kongregasyon, "Amen." —Ed.] Mabuti. Buksan natin ngayon sa boob lamang ng ilang sandali, "muling ipinako." Magtungo tayo sa Hebreo, ika-6 na kabanata, at magbasa tayo nang kaunti. Sa Hebreo ika6, at tignan kung ating "muling pinapako sa krus ang Anak ng Diyos," tingnan kung maaari nga itong gawin. Sasabihin mo, "Hindi mo Siya maipapako sa krus nang makalawa."

Malalaman natin kung maaari ba o hindi. Ang Salita ng Diyos ay totoo. Tama ba iyon? [Kongregasyon, "Amen."-Ed.] Hebreo 6:1. Kaya 't tayo y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; na huwag nating ilalagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at ng pananampalataya sa Dios, At ng aral na tungkol sa bautismo ... at ng pagpapatong ng

mga kamay, at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng

paghuhukom na walang hanggan. . . . ating gagawin ito, kung ipahihintulot rig Dios,

93 Kita n'yo, naffs ipaalam ni Pablo na ang mga bagay na ito ay totoong mahalaga; ang bautismo, pagpapatong ng kamay, pagkabuhay na maguli, ikalawang Pagdating. Lahat ng mga bagay na ito ay Walang Hanggan. Ang mga ito ay pawang hindi mapasusubaliang Katotohanan.

Ngayon ay pansinin, "Sapagkat hindi maaari.- Samahan n'yo ako sa pagbasa, sa isang talatang ito. Nais kong samahan n'yo ako sa pagbasa nito ngayon, ang ika-4 na talata. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay magkasabay na bumasa ng tatlong talata -Ed.] Sapagka 't tungkol sa mga minsang nahwanagan at nakalasap

ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,

At nakalasap ng mabuting salita ng Dios, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating,

At saka nahiwalay sa Dios ay di maaaring baguhin silang muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang

kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyan.

Iyan ba'y aking salita, o sa Kaniya? "Ang taong nakaalam na." Alalahanin, hindi ni la Ito nakuha. Sila ay mga mananampalatayang guhithangganan. "Matapos na maalaman natin ang Salita ng Diyos," nakukuha n'yo ito sa kaalaman, mula sa pagbabasa at pagtingin Dito, "at pagkatapos ay tatanggihan Ito, kung, magkagayo'y, hindi na maaaring maligtas ka pa." Nabasa n'yo ba iyan? Kita n'yo, "Nakatanggap ng kaalaman ng Katotohanan," naintidihan mo lamang Ito, hindi pa ito napapasaiyo.

94 Katulad niyaong mga mananampalatayang nagsilabas. Katipung-katipo ito ng paglalakbay. Itong, itong ikatlo, itong ikatlong exodo, ay katipo lamang ng

mga nauna. Tignan, magbalik-tanaw kayo. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay,

sumandali. Ipagpaumanhin n'yo ang aking pananalita. Tingnan.

Humugot ang Israel ng labindalawang lalaki, isa mula sa bawat tribo, mga pinuno ng denominasyon, dinala sila sa pinaka hangganan ng lupang pangako, at ipinakita sa kanila ang mga bagay na darating, kung ano'ng nasa kanila. At sila'y nagbalik, nagsiangal, na, "Hindi natin kaya."

Ngunit may dalawa sa labindalawang iyon, sina Josue at Caleb, na nagsabing nakatingin sila sa Salita, "Sinabi ng Diyos na sa atin ito, at kayang- kaya nating kunin ito." Tama ba iyon?

95 Ano iyon? Mga guhit-hangganang mananampalataya. Kita n'yo, ang totoo sila'y ipinanganak sa boob ng iglesia. Sila'y mga pinuno ng mga tao. Sila'y mga obispo, 'ika nga, na nagsilakad doon mismo sa dako na kung saa'y naipakita na ang Salita ng Diyos ay Katotohanan. "Hayun ang lupain!" Hindi pa ni la iyon narating. Hindi nga ni la alam na naroroon iyon. Ngunit lumusong sila roon upang makita iyon. "Hayun nga!" At sina Caleb at Josue ay tumawid, at nagdala ng isang — isang — isang bungkos ng ubas at pinatikim sila nito. At natikman nila ang matabang lupain, at pagkatapos ay nagbalik sila at nagsabing, "Hindi natin kaya. Nakikita ba ninyo? Sadyang hindi natin kaya."

Naroon din ang grupong iyon, sa panahon ni Jesus Cristo. "Rabi, nalalaman naming Ikaw ay isang gurong nagbuhat sa Diyos." Kita n'yo? Guhithangganan! "Nalalaman naming Ikaw ay isang gurong nagbuhat sa Diyos. Walang makagagawa ng mga bagay na lyong ginagawa. Napagkikilala namin na talagang naririyan sa lyo ang Diyos." Bakit hindi nila tinanggap? Bakit hindi ni la kinuha? Guhit-hangganan! Guhithangganan!

96 Naririto sila sa ikatlong exodo na ito; iisang tanda, iisang manipestasyon, iisang Cristo, iisang Banal na Espiritu, iisang mga gawa, iisang Diyos, iisang Mensahe, at hindi nila ito matanggap. Kakailanganin nilang isuko ang kanilang fellowship card. Ano ito? "Nakaalam sila ng Katotohanan." Tumunghay sila at nakitang walang salang ito'y Katotohanan. Hindi nila Ito maipagkakaila. Ang mga magasin ay kailangang magpatotoo na nakita nga nila Ito. Ang mga larawan, ang mga pahayagan, ang ebidensiya, ang pagkabuhay na mull ng patay, ang pahayag ng mga duktor tungkol sa mga maysakit, kailangan nilang sabihin na Siya nga ito. At ang mga prediksiyon, walang isa man sa kanila ang kailanma'y nabigo sa mga taong nagdaan, bawat isa sa mga iyon ay tugmang-tugma, hindi ni la maipagkakailang ang Diyos iyon. Ngunit hindi nila iyon matanggap.

97 Ang lupon ng mga ministrong iyon sa Chicago, tatlong daan sila, paririto raw sila at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. nasaan na sila? Napakalaking halaga. Hindi nila magawa iyon. Ano ito? Sinabi ng Biblia na kapag ginawa nila iyon, ano ang ginagawa nila? Ibinubukod nila ang sarili nila sa pagitan ng habag at kahatulan. "Sapagkat hindi maaari na yaong mga naliwanagan na," dinala sila upang makakita Nito, "at nakaalam ng Katotohanan, at nakalasap ng mabuting Salita ng Diyos, kung sila'y hihiwalay Dito, kung saan ay kailangan nilang muling magpasimula, sasabihing, "Buweno, ngayon, gagawin ko na, oo . . . "

98 Kayong mga Presbiteryan, kayong mga Metodista, at mga Baptist, at mga Lutheran, at itong tinatawag na Full Gospel Businessmen, na nagsasabing, "nagsisipasok na sila," tinanggihan n'yo ang Mensahe. Tatanggihan ito ng inyong iglesia. May mga indibiduwal doon natatanggap, siyanga. Ngunit hindi ang iglesia; kailangan mong lumabas sa iglesia para mo makuha Ito. Kita n'yo? Tama 'yan. Ang mga indibiduwal ay makatatanggap.

Ngunit kung sa palagay n'yo ay matatanggap ng iglesiang Presbyterian ang Banal na Espiritu, at lahat sila ay magsusuko ng kanilang mga dokumento, huwag kayong magkakamaling magpalagay ng ganiyan kailanman. At sa palagay n'yo ba'y matatanggap n'yo ito, kayong mga Metodista? Hinding hindi n'yo ito magagawa. Sa palagay kaya ninyong mga Trinitarian ay matatanggap ninyo ang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo at magpapbautismo kayong lahat sa . . . Hinding hindi n'yo ito magagawa. Hinding hindi n'yo ito magagawa. Ngunit may mga indibiduwal na lalabas at gaganap nito, tama, at iyan ang tanda ng Kaniyang Pagdating. Ngunit ang mga iglesiang iyon na nakakita sa Katotohanan, pagkatapos ay tinanggihan Ito sa kanilang mga konseho, "imposible na."

99 Kung gayon, sila'y nagkasala rig pagpapapako kay Jesus Cristo sa krus. At ipinagsasakdal ko sila sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na ang Diyos ay ..."Paano mo sila ipinagsasakdal, Kapatid na Branham?" 1pinagsasakdal ko sila, dahil ipinakilala na ng Diyos nang malinaw ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang Salita, sa huling mga araw na ito, at ipinakilala ang Sarili Niya na Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, at buong lamig nila itong tinanggihan. At kayo'y nagkasala ng pagpapako kay Jesus Cristo sa krus, sa pamamagitan ng pamumusong sa Banal na Espiritu. Tama.

Dadako tayo sa Hebreo 10, minsan pa, kung saa'y muling sinasabi sa atin ng Kasulatan, hindi lamang "imposible," kundi talagang hindi na maaari kailanman. Ihiniwalay ka na nito Magpakailanman sa Diyos. Hindi ka na kailanman muling makapapasok sa Presensiya ng Diyos, kapag tinanggihan mo ang Banal na Espiritu at pinagtawanan Ito.

Ngayon, kita n'yo, "nakalasap ng Salita." Kita n'yo, mga guhithangganang mananampalataya. "O, sasabihin mo ang mga taong iyon ay hindi mananampalataya ."

Si la ay mga mananampalataya, o mga nag-aangking mananamapalataya, ngunit pagdating sa Salita ... Sila ay mga Israelita. Nagsilabas sila sa ilalim ng dugo. Nagsilabas sila sa ilalim ng mga tanda ni Moises. Nakita nilang gumagawa ang mga tandang iyon. Ang sabi ng Diyos, "Dadalhin Ko kayo roon."

At pagdating na sa prinsipyo ng darating na ipinangakong Salita, ano'ng sabi nila? "O, hindi natin ito kaya." Kita n'yo?

At heto at nagsibalik sila, na may dalang mga ubas at lahat na, upang patunayan na ang lupain ay tama. Ang Sal ita ng Diyos ay tama. Ang sabi ng Diyos, "Ipinagkakaloob Ko ito sa inyo." 253 Ngunit ang mga sirkumstansiya, "Naku," ang sabi, "para kaming mga tipaklong, sa tabi nila. Hindi natin ito kaya, sa ano mang paraan."

100 Ilang taon na ang lumipas nang ang lumang gusaling ito ay nakatayo pa rito na siyang dating tabernakulo, may isang taong naparito, lumabas, kinausap ako, at ang sabi, "Billy, mangangaral ka sa apat na haligi, isa sa mga araw na ito, dahil sa ganiyang mga mensahe."

Ang sabi ko, "Mangangaral ako sa apat na hal igi, 'pagkat kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga haliging ito." Opo. Ito ang Katotohanan. Ang sabi ko, "Kung mayroong anumang bagay kang mapapamalian, ibigay mo ito sa amin." Mahilig lang tumilaok, ngunit pagdating sa pagpapakita kung nasaan ito, iba na iyon. Siya nga, iyan ang gumagawa ng kaibahan.

Siya nga, sa pamamagitan ng kanilang mga kredo ay ipinapako nila Siyang mull sa krus. Ngayon sa ika-6 na kabanata ng Hebreo, at tayo'y babasa pababa. At maaari tayong bumasa pababa, pababa rito. Marami pa tayong oras. Minarkahan ko ang Kasulatan dito kung saan ito naroroon, ika-6 na kabanata ng Hebreo. Palagay ko, kunin na lang natin lahat. "Imposible para sa mga naliwanagan nang minsan, at nakabahagi na sa Banal na Espiritu ..." Wala na tayong oras para magpakalayu-layo, 'pagkat mayroon akong isa pang Kasulatan na nais kong basahin n'yo sandali. Pansinin n'yo ito, "Kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos." Anong ginawa nila? Ano?

Sa pagtikhim, at pagkaalam na Ito ang Katotohanan, at pagkatapos ay tatalikod sila at itatanggi Ito. Anong ginawa nila? "Imposible . ."

101 Samakatuwid iyan ang ginawa ng bansang ito. Iyan ang ginawa ng mga taong ito. Iyan ang ginawa ng mga iglesiang ito. Tinanggihan nila Ito, at ipinako nila ang Mensahe. Ipinako nila ang Katotohanan, sa mga tao. Ano ang ginawa nila kay Jesus? Inilagay nila Siya sa kahihiyan, hinubad ang kaniyang dam it, ibinitin Siya sa isang krus at ipinako Siya roon, ang Prinsipe ng Buhay. Ganito ang ginagawa nila ngayon sa pamamagitan ng kanilang mga kredo! Ganito rin ang ginagawa nila. Hinubad nila ang mga bagay-bagay, hinubad nila ang — ang kabutihan at ang damit ng Ebanghelyo, sa pamamagitan ng paglalagay nito sa ibang lugar, at ibinitin Siya sa krus. Ay, naku! Bakit?

102 "Doon kanilang — doon kanilang ipinako," ngayon ang huling sipi, "Siya," Siya, ang pinakamahal na Persona. Bakit nila ginawa iyon? Hindi nila Siya nakilala. Bakit nila ginagawa ito ngayon? Hindi nila alam na ito ang Katotohanan. Sila'y — sila'y walang kamalayan at mga bulag Dito. Hindi nila Ito nalalaman. Iyan ang dahilan. Inilayo sila ng kanilang mga kredo at mga tradisyon mula sa Sal ita ng Diyos.

Ngayon sa inyong mga naririto, bilang pagtatapos, makinig kayo nang husto. Kita n'yo? Alam kong mainit, nag-iinit din ako. 260 Ngunit, o, kapatid, ang Sal itang ito ay Buhay kung manghahawakan ka Rito. Tingnan, hindi ito isang bagay na pinag-uusapan natin na maaaring mangyari ngayon o pagkatapos nito; Ito'y isang bagay na naririto na sa ating kalagitnaan at nangyayari na ngayon; hindi isang bagay na mangyayari pa lang, kundi isang bagay na nagaganap na. Hinditayo nagpapatotoo na, "Alam namin kung ano na ang nagawa Niya; alam namin ang kung ano ang gagawin Niya," kundi ngayon ay sinasabi natin kung ano ang kasalukuyaug ginagawa Niya. Kita n'yo, ito na ang oras natin.

Maaaring hindi na natin makita ang Pag-agaw. Maaaring mamatay ako ngayon; maaaring mamatay kayo ngayon. Hindi ko alam. Subalit ang Pagagaw ay darating. Iya'y — iya'y, 'pag naganap iyon, makakasama tayo, huwag kayong mabahala; a-ha, gayon din naman lahat ngiba pa sa kanila, sa mga panahong nagdaan na sumampalataya rito at naghintay dito. Sila ay lumakad sa Liwanag ng kanilang panahon.

At narito ang Liwanag, si Jesus Cristo na tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Iwaksi ninyo ang inyong mga kredo at sampalatayanan ang Salitang ito. Ito ang Katotohanan. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang Biblia niya -Ed.] Ang Salita ay Katotohanan. Ang sabi ni Jesus, "Ang Aking Salita ay Espiritu, Ang Aking Salita ay Buhay." Paano ka tatanggap ng Buhay

samantalang tumatanggi ka sa Buhay? Paano mo magagawang tumanggap ang isang dogma, na kamatayan, at ng Salita ng Buhay? Tanggihan mo ang Salita ng Buhay, upang matanggap ang

kamatayan, paano mong matatanggap ang dalawa nang sabay? Hindi mo ito magagawa. “Ang bawat salita ng tao ay kasinungalingan, ang bawat dogma'y kasinungalingan.” Ang Salita ng Diyos ay ang Katotohanan.

103 Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin, ninuman . . . At alam kong ang teyp na ito ay nakararating sa buong mundo. Sinuman, sinumang obispo, na magtutungo sa aking silid-aralan, o sa harapan ng kongregasyong ito, at ituro ang isa mang dako kung saan may nabautismuhan kailan man sa Pangalan ng “Ama, Anak, Banal na Espiritu,” sa Bagong Tipan. Ipakikita ko sa inyo kung saan bawat taong binautismuhan . . . At yaong mga nabautismuhan nang kaiba rito, ay kinailangang dumulog at magpabautismong mull, upang matanggap ang Banal na Espiritu.

Anong gagawin n'yo tungkol dito? Ang manatili riyan sa inyong mga kredo? Ang manatili riyan sa inyong mga dogma at mamatay? Kayo'y nagkasala! Sa pamamagitan ng masasamang kamay, dinakip n'yo ang Prinsipe ng Buhay, ang Salita ng Buhay, at ipinako Ito sa mga tao.

104 Ngayon anong ginawa nila? Hindi nila ito alam. Sa panahong ito ang mga tao ay lumalakad nang walang kamalayan. Hindi ni la nalalaman ang Katotohanan. Ang akala nila ay isang uri ito ng ismo. Hindi sapat ang ginagawa nilang pagsisiyasat upang sila'y mapasa Espiritu ng kapahayagan. Hindi sapat ang pananalangin nila. Hindi sapat ang ginagawa nilang pagtawag sa Diyos.

Sadyang minamagaan nila Ito, “0, buweno, sa palagay ko'y ang Diyos nga iyon. Aba, Siyanga!” Ganiyan din ang paniwala ng diablo. Higit pa ang paniwala ng diablo rito kaysa sa isang mga taong nag-aangking naniniwala rito. Naniniwala rito ang diablo at nanginginig pa nga. Ang mga tao ay basta na lang naniniwala anagpapatuloy. Subalit ang diablo ay nanginginig pa, nalalamang ang Kahatulan niya ay darating, at ang mga tao ay naniniwala rito at hindi pansin ang parating na Kahatulan.

Nagkasala sila ng pagpapako sa Kaniya sa krus! Siyanga! Ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito, dahil nasumpungan ko silang maysala, sa pamamagitan ng Salita ring iyon na nakasumpong sa kanilang nagkasala noong pasimula. Tama 'yan. Ang sabi ni Jesus. “Sino ang makahahatol sa Akin?” Siya ang Salita na nahayag sa laman. At ngayon ang Salita ring iyon ay nahayag sa laman.

105 Ang sabi ni Pedro sa kaniyang pagsasakdal, sa Mga Gawa. Basahin na tang natin ito. Si Pedro, nang makita niya itong nagaganap, ang kanilang ginawa, ang Espiritu . . . Tignan, ipinagtatanggol ni Pedro si Cristo, sa kanilang ginawa. Pipagtatanggol ko ang mga Ebanghelyo. Akong .. . Ipinagsakdal sila ni Pedro dahil sa pamamaslang sa Taong iyon, kay Cristo, na Siyang Salita. Ipinagsasakdal ko ang salinglahing ito dahil sa pamamaslang sa. Salita na naipamalas sa tao. Tignan ang sinabi ni Pedro. Marahil ang matuwid niyang pagkagal it ay nag-alab. Pakinggan natin siya rito sa ika-2 kabanata ng Mga Gawa, at pasimulan natin sa ika-22 talata. Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga sa-

litang ito; Si Jesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan at

mga kababalaghan, ... at mga tanda, na ginawa ng Dios sa pama-

magitan niya sa gitna . . . ninyo, gaya rin ng nalalaman ninyo:

Naku! lsipin n'yo kung anong naramdaman nila! Pakinggan n'yo ito. Kayong mga mamamayan ng Israel, ang prinsipe, kayong mga tao sa iglesia, kayong mga taong banal, kayong mga saserdote, kayong mga kalalakihan na dapat sana 'y maging mga lalaki ng Diyos, ,pakinggan n'yo ang mga salitang ito: Si Jesus na taga Nazaret ay pinagtibay ng Diyos sa inyo.. .

106 Ngayon sinasabi ko sa inyong mga ministro, at sa inyong mga tao. Si Jesus ng Nazaret, ang Banal na Espiritu, Siya ay narito sa Persona ng Banal na Espiritu, na siyang Buhay na nasa Kaniya. Naririto Siya at kumikilos sa mga tao, at naghahayag ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan na Kaniyang ginagawa. At nakasabit ang mga ito rito sa dingding, isang siyentipikong pagpapakilala. At may mga taong nakaupo rito, na nangamatay na, at ngayon ay nabubuhay; at ang mga taong nilamon na ng kanser, ay magaling na ngayon; dating bulag, at ngayon ay nakakakita na; at mga lumpo, na ngayon ay nakalalakad na. Siya si Jesus na taga Nazaret. Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang kaalaman ng Dios, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay:

107 Iyan ba'y — iyan ba'y pagsasakdal? [Kongregasyon, “Amen.”-Ed.] Anong isinasakdal niya? Ang Konseho ng Sanhedrin na iyon.

At ipinagsasakdal ko, sa umagang ito, ang Kapisanan ng mga iglesia. Ipinagsasakdal ko ang mga Pentecostal. Ipinagsasakdal ko ang mga Presbyterian, ang mga Baptist, at bawat denominasyon sa mundo. Sa

pamamagitan ng tampalasan, at makasariling kasakiman ay kinuha ninyo ang Salita ng Buhay at

ipinako Ito sa harapan ng madla, at pinusong Ito, at tinawag Itong "panatisismo," yaong pinalitaw ng Diyos sa ating kalagitnaan upang patunayan na Siya'y katulad pa rin kahapon, ngayon at magpakailan man. Ipinagsasakdal ko ang henerasyong ito!

108 Pinatunayan ng Diyos na buhay Siya. Pinatunayan ng Diyos na ito ay Kaniyang Salita. Ano ang nasa inyo mat iban sa isang bungkos ng dogma at mga kredo! Saan n'yo maipapakita ang Buhay na Diyos? Sapagkat tinanggihan n'yo ang Salita ng Buhay na dapat sana'y nagkaloob sa inyo ng mga bagay na ito. Opo! 0, anong dakilang oras ang kinabubuhayan natin ngayon. Whew! Gayon din! 0, tinatawag ko... Ang sabi ni Pedro. . . kayo, sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay:

Na siya'y binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya 'y mapigilan nito.

At sa pamamagitan ng inyong mga kredo, at ng inyong mga organisasyon, at ng inyong mga denominasyon, kasama ng inyong anyo ng kabanalan, ay patuloy na nangungusap. Sa inyong mga anyo ng kabanalan, tinanggihan ninyo ang kapangyarihan ng Kaniyang muting pagkabuhay.

Ngunit ang oras ay dumating na, ang huling mga araw ay naririto na, kung kailan ipinangako ng Diyos ayon sa Matakias 4, na Siya'y magbabangon sa huling mga araw, "at panunumbalikin ang mga puso ng mga tao sa orihinal na mga pagpapala at pentecostal na Pananampalataya ng mga magulang." At hindi n'yo ito maipagkakaila, at hindi n'yo ito matatagalan.

At ngayon ay hinahatulan ko kayo, na kayo'y nagkasala, at hinahamon ko kayo, at ipinagsasakdal ko kayo sa harapan ng Diyos, na sa pamamagitan ng tampalasan, makasarili, makadenominasyong mga kamay ay ipinako ninyo ang Salita ng Diyos sa harapan ng mga tao. At pinararatangan ko kayong nagkasala at handa na sa Paghuhukom. Amen. Opo!

Pinananawagan ko yaon ding pinanawagan ni Pedro. Nanawagan siyang magsisi ang salinglahing iyon. Nananawagan ako ng pagsisisi sa salinglahing ito, pagsisisi tungo sa Diyos, at pagbabalik sa orihinal na Katotohanan ng Salita. Magbalik kayo sa Pananampalataya ng ating mga magulang. Magbalik kayo sa Banal na Espiritu, 'pagkat hindi ito maaaring baguhin ng Diyos.

Nang sabihin ng Diyos, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya," kailangan Niyang pangatawanan iyan sa buong Walang Hanggan. Ito'y Kaniyang Salita.

109 Kapag sinabi mong, "Makipagkamay ka, o magkomunyon ka," o anumang tulad niyan, o anuman sa kredong iyan, o anuman sa ideyang iyan; iyan ay magagawa ng sinumang tao, sinumang lasenggo, kahit na sinong dimananampalataya ay makagagawa niyan. Kahit na sinong manggagaya, o sinumang bayarang babae — bayarang babae ay makagagawa niyan. Ang magkomunyon, magkaroon ng mga anyo, at mga bagay na tulad niyan, ay magagawa niyon.

Ngunit ang sinabi ni Jesus na ito ang magiging pagpapakilala, "Ang mga tandang ito ay lalakip," hindi baka sakali, "ang mga ito'y lalakip, sa lahat ng salinglahi, sa mga sumasampalataya! Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita si la ng ibang mga wika, mangasasalita ng mga bagong wika; at magsisidampot ng mga ahas; kung sila'y magsiinom ng bagay na nakamamatay, hindi sila masasaktan; ipapatong nila ang kanilang kamay sa maysakit, sila'y gagaling." "Pagalingin n'yo ang maysakit, bangunin ang patay, itaboy ang mga demonyo; kung paanong tinanggap n'yo nang walang bayad, ipagkaloob n'yo nang walang bayad."

Lahat ng mga pakanang ito para magkapera at mga bagay-bagay, ay sumabit na sa kung anu-anong mga bagay ngayon, hindi nakapagtatakang sila'y hitik na sa paghatol. Opo! Ay, naku!

110 Tignan natin ngayon. Opo. Ang panawagan para magsisi, at ang aking pagsasakdal ngayon.

Ang bagong Kalbaryong ito ay ang — ang tinaguriang iglesia, ang mga pinakabanal na dako, mga dakilang pulpito, altar ng Catolisismo, altar ng Catolico, ang tawag sa pulpito nila. Ang Metodista, ang Baptist, ang Presbyterian, ang Lutheran, ang mga Pentecostal, ang pinabanal na mga dako. [Si Kapatid na Branham ay kumatok ng anim na beses sa pulpito -Ed.] doon Niya natatanggap ang Kaniyang pinakamatinding mga pagsibat. Isang bagong Kalbaryo! Saan ito matatagpuan? Sa mga banal na dako, ang iglesia.

Saan Siya ipinapako? Mula sa mga pastor. Kayong mga mapagpaimbabaw, higit ang alam n'yo kaysa riyan! Hindi ako galit, ngunit may kung anong nag-aalab sa aking kalooban. Ang Diyos ay lubos na naipakilala sa kalagitnaan n'yo.

Saan Niya nakuha ang mga sugat ng sibat na ito, sa Kaniyang tagiliran? Saan Niya nakuha ang Kaniyang mga saksak? Sa Kalbaryo. Saan Niya ito nakukuha ngayon? Sa pulpito. Saan ito galing noon? Sa Jerusalem. Saan galing ang mga iyon ngayon? Sa mga denominasyon. Yaong mga nagaangking umiibig

sa Kaniya, sila ang may-gawa nito. Sila ang gumagawa nito ngayon. Ang Kaniyang ikalawang Kalbaryo, kung saan natatanggap Niya ang

Kaniyang mga sibat na laban sa Salita, iyan ang sumisibat sa Kaniya. Sino Siya? Siya ang Salita. Siya ang Salita. Saan Siya sinisibat nang pinakamariin? Sa pulpito sa banal na mga dako, katulad na katulad din noon.

111 May karapatan akong ipagsakdal ang salinglahing ito. [Tumuktok ng limang beses si Kapatid na Branham sa pulpito -Ed.] May karapatan akong gawin ito, bilang isang ministro ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, taglay ang Kaniyang mga tanda, at nagpapatunay na Siya ay Diyos. May karapatan akong maghatid ng pagsasakdal laban sa salinglahing ito. 'Pagkat, ang Kaniyang mga pinakamatinding paninibat ay nagmula mismo sa pulpito, kung saa'y namintas sila at nagsabing, "Huwag kayong paroroon upang dinggin ang bagay na iyon. Iyon ay sa diablo." Sa pinaka dako kung saan dapat sana'y minamahal Siya!

At ang mga tanda mismo na sinabi ni Jesus na magaganap, "Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim; ang Salita, madaling kumilala ng mga pag-iisip, at mga haka ng puso." At Ito'y tinatawag na diablo, mula saan? Sa mga pulpito, ang mga banal na dako. 288 O, Diyos, paano pa Niya nagagawang tumingin pababa? Sadyang — sadyang awa na lamang, iyan na lang, biyaya. Wala tayong ibang magagawa kundi ang tumungo sa Katotohanan. Naroroon na tayo. A-ha.

112 Isipin n'yo ito. Ang Kaniyang pinakamatinding mga pagsibat ay nagmumula sa pulpito. Naroon ang Kaniyang bagong Kalbaryo. Ipinapako nila Siya, ang Salita, sa pulpito. Iya'y tama. Paano, paano nila ito ginawa? Sa pamamagitan ng kanilang mga anyo ng kabanalan. Ganiyang-ganiyan nga!

Pinutungan ng mga tagapanood, mga manunuya! May bago Siyang koronang tinik, mga manunuya! Sinibat sa pulpito; pinutungan ng mga manunuya. Ipinako nga ba Siyang mull? Hinaplit ng mga kredong gawa ng tao, mga guro ng denominasyon na labas sa Kaniyang Salita. Hinaplit nila Ito, ipinahiya, hinatulan Ito.

Ang sabi ni Jesus, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin." Walang kabuluhan, "walang anumang buting magagawa." Sino ang kanilang sinasamba? Siya rin ang Diyos na sinasamba nila. Siya rin ang Diyos na sinasamba nila noong unang pagpapapako sa krus, at ito ay walang kabuluhang pagsamba. Gan ito rin ngayon. Walang kabuluhan ang pagtatatag nila ng mga denominasyong ito. Walang kabuluhan ang pagtatayo ni la ng mga seminaryong ito. Walang kabuluhan ang pagkakaroon nila ng mga kredong ito, tinuturo bilang aral ang mga kautusan ng tao, at itinatanggi ang Salita ng Diyos. Nagkasala sila ng pagpapapako sa krus sa Prinsipe ng Buhay, nagtuturo ng mga doktrina ng tao sa halip ng Kaniyang Salita. "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin," nilatayan, sinibat, pinutungan.

113 Kapag nakita n'yong nagdaraan sa kalsada, ang ilan sa mga kababaihang mahahaba ang buhok; ang sabi, "Napaglipasan na siya ng panahon, hindi ba?" Alalahanin, iya'y mga manunuya, iya'y isang koronang suut-suot n'yo. Sinabi ng Diyos na iyan ay kaluwalhatian ninyo; isuot n'yo 'yan ng buong dangal. Aleluia! [Pumalakpak si Kapatid-na Branham ng tatlong beses -Ed.] Isuot n'yo ito ng buong dangal, kung paanong magagawa n'yong magsuot ng koronang tinik para sa inyong Panginoon. Isuot n'yo ito ng buong dangal. Huwag kayong mahihiya. Iyan ang sabi Niya, anuman ang sabihin ng mga Jezebel na ito ngayon. Anuman ang sabihin nitong mga impostor na nakatayo sa pulpito, mga tagapako ni Cristo sa krus, ano man ang sabihin nila, isuot n'yo ito ng buong dangal. Iyan ang sabi ng Diyos. Panatilihin n'yo lang ito.

Pinutungan Siyang mull ng tinik ng mga manunuya. Sinibat mula sa pulpito, ng kredo.

Mayroon Siyang bagong Golgota, na pinagdalhan nila sa Kaniya: ang mga nakabalabal na mga mang-aawit na ito, mga babaeng nagsusuot ng syorts, maiikli ang buhok, pinturado ang mukha, nagsisiawit sa kwayr, tulad sa mga Anghel, mahuhusay. Iyan ang Kaniyang bagong Golgota, mga makabagong babaeng naghuhubad na pinuprotektahan ng batas, tulad sa Sodoma at Gomora.

114 Makakakita ka ng babaeng aso na naglalakad sa kalye. May mga panahon na walang isa mang lalaking aso ang makalalapit sa kaniya. Hayaan mong may isang bagay na mangyari, at lahat sila ay hahabol sa kaniya. May isang bagay na nangyari sa kaniya. Alam n'yo kung bakit. Hayaang

Ano'ng dAilan at naghuhubad ang mga babaeng ito, at pagkatapos ay lalakad sa kalye? Huwag n'yong sabihin sa aking iba ito. Ito'y isang pagpapakilala. Huwag n'yong hatulan ang tao. Ngunit sila'y protektado ng batas ng Sodoma. Ang batas na iyon ang dapat magsabing hindi marapat sa kanilang lumabas doon ng gayon.

At ang mga mangangaral sa pulpito ay dapat naka-petikot sa halip na nakadam it ng ministro! Tatayu-tayo roon at pagkatapos ay pahihintulutan ito at nahihiyang magsalita laban dito, dahil sisipain sila ng kanilang mga denominasyon. Ipinapako n'yo, sa — sa kongregasyon, ang Salita ng Diyos na nagsasabing, "karumal-dumal sa isang babae ang magsuot ng damit panlalaki." 298 Aking — aking kinukundena ang bagay na ito. Aking — aking — aking — aking — inaakusahan ko itong nagpapapako sa krus sa Salita ng Diyos sa harap ng mga tao. Mga babaeng maiikli ang buhok, nagsusuot ng syorts, sa

karamihan . . . tumatayo sa kwayr!

115 Ang sabi ko, "Kung hihilingin sa akin ng Panginoon na maghanap ng labindalawa, sa buong mundo, ako'y — mamamatay ako sa takot." 301 Kapag, tumatayo ako roon sa pamamagitan ng pagkilala ng Espiritu, at minamasdan sila, nakatayo sila nang ganiyan, at nakikita ko ang mga bagay na iyon sa ulunan nila; ang marurumi, malalaswa, napakababa, mga abang humihithit ng sigarilyong naroroon, umaasta nang ganoon, at pagkatapos ay tatayo sa nakabalabal na kwayr at aawit sa ganoong kundisyon, at hinahayaang makita sila ng mga tao. Sasabihin nila, "Aba eh, kung nagagawa niya iyon, magagawa ko rin." Ang buhay ng Cristiano ay isang buhay ng kabanalan at kadalisayan, inosente! 302 Ipinagsasakdal ko sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil sa kanilang kalaswaan at karumihan. Kinaladkad nila ang Ebanghelyo sa kahihiyan. At yaong mga nanghahawakan Dito, ay tinatawag na "mga panatiko," sinasabing, "Iya'y makalumang kawalang-kabuluhan." Ipinagsasakdal ko sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

116 Mga makabagong hubad na mananayaw sa lansangan, umaawit sa mga kwayr, naninigarilyo, nagbibiro nang malaswa, may tatlo o apat na asawa, at naghahanap pa ng pang-anim, at pagkatapos ay aawit sa kwayr dahil Lang may boses. Kayong mga abang intelektuwal, napabayaan sa espirituwal, itinakwil kayo ng sarili ninyong batayan. Binabasa n'yo ang Bibliang siya ring binabasa ng iba, ngunit tinanggihan n'yo ang Espiritu ng Diyos, hanggang sa ayon sa Biblia kayo'y "malululong sa matinding kahibangan, at maniniwala sa kasinungalingan at masusumpa dahil dito." Talagang sa tingin ninyo'y tama kayo, at ang Biblia ay nagsasabing iyon ang inyong magiging paniwala at kayo'y masusumpa dahil na rin sa kasinungalingang iyon na inaakala ninyong Katotohanan.

Kaya nga, ipinagsasakdal ko kayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Tinuturuan n'yo ang mga tao ng kamalian, at ipinapako sa krus ang mga prinsipyo ni Cristo, ng kabanalan, at Buhay sa itaas, upang magawa ng taong maglakad sa lansangan at mabago ang pagkatao.

117 Ang mga mangangaral na nasa mga palaruan ng bola, naninigarilyo; mga katitisuran; lahat ng iba pang kabulukan na kanilang pinagtitiisan. Mga kababaihan sa kanilang kwayr, naka-syorts, maiikli ang buhok, at umaasta nang ganoon, pinturado ang mga mukha, at pagkatapos tatawagin itong " Si Sister ganito at ganoon," samantalang kinukundena ng Biblia ang bagay na iyan. Tama 'yan. Nakikipag-party at nagwawala, miyembro pa rin ng iglesia; nanghahawakan kayo sa inyong patotoo, pagkatapos ay nabubuhay kayo sa anumang paraang nais n'yo.

Huwag n'yong isiping ang Presbyterian tang ang tinutukoy ko. Ang tinutukoy ko ay kayong mga Pentecostal. Tama iyan. Minsan n'yo nang nalaman ang Katotohanan, ngunit inisip n'yong hindi n'yo Ito kayang tanggapin. Hindi n'yo masusuportahan ang pastor n'yo. Hindi makukuha ng pastor n'yo ang malaking trabahong iyon na may kitang daan-daang dolyares sa isang linggo, at ang isang malaki't magandang simbahan upang mapangaralan, at sumakay at umasta ng tulad nila. Kapag kinundina n'yo iyan, sisipain siya ng organisasyon; kaya kailangan niyang tuparin ito, at sabihin ito. Samakatuwid, ibinenta na niya ang kaniyang pagkapanganay, kapalit ng isang mangkok na gulay ng sanlibutan, na kinain ni Esau. At anong makukuha niya dahil dito? Ang mahulog sa hukay ng paghatol, at mahatulan. Ipinagsasakdal ko sila, bilang mga patotot ng Ebanghelyo.

118 Naparoon ako sa isang kwayr, sa isa sa mga kilalang malaking lugar, hindi pa katagalan, sa isa sa pinakamataas na samahan ng mga Pentecostal noon. At nagkataong nakaupo ako sa silid-aralan ng kapatid na ito, nang may apat o limang miyembro ng kwayr ang nagsama-sama. At ito'y isa sa . . . sa mga pinakamahuhusay na organisasyon ng mga Pentecostal. At hindi nila alam na ako ay nasa silid-aralann ng ministrong ito sa Oklahoma. Nakaupo ako roon, sa ibaba, kung saan nag-aaral ang ministrong ito bago siya magtungo sa kaniyang plataporma. At nang aking . . .

Naroon ang mga Ricky; at mga Ricketta, na mga pinturado, walang isa man sa kanila ang mahaba ang buhok, lahat sila'y nag-iiklian ang mga buhok, lahat sila'y naka-meyk-ap, bawat isa sa kanila ay nakasuot ng balabal. At naroon itong isang Ricky, nakatayo roon at naggagagano'n, (at isa pang lalaki ang nangungulekta ng abuloy para sa misyon), umaastang isang bulag na may hawak na tasa, at lumilibot at nagsasalita ng lahat ng uri ng pamumusong tungkol sa pangungulekta ng abuloy, at iba pang mga bagay na tulad no'n. At pagkatapos ay lumabas siya roon at inawit ang — Ang Mesias, ay naku, at — at mahusay ang pagkakaawit niya, subal it wala roon ang taman tunog. Wala, patay iyon, kita n'yo. Ay naku! Hayan. Iyan ang Kaniyang bagong Golgota.

119 Anong palagay n'yo kung may isang munting dilag, o isang babae roon? Aba e, kung darating siya roon, nang nakadamit nang wasto, mahaba ang buhok, at walang kameyk-ap-meyk-ap, at mga bagay na ganoon, malamang na pagtawanan siya; kung tatayo siya roon haban ginagawa nila iyon doon, ang grupong iyon ng mga kabataan, mga tatlumpo o apatnapu sila. Isang piling-piling bahagi ng Pentecostal, at pagkatapos magsisigawa ng ganoon! At kung magsasalita ang munting dilag na iyon tungkol dito, malamang na ipuwera.siya sa kwayr.

Hayaan mong tumayo ang mangangaral ng Ebanghelyo sa pulpito at magsalita tungkol dito, sisipain nila siya sa organisasyon. Ipinapako n'yong muli

ang Anak ng Diyos, at inilalagay Siya sa hayag na kahihiyan. Sa Kaniyang Ebanghelyong sinasabi n'yong ipinangangaral ninyo, ay ipinapako n'yo Siya sa krus. Ipinagsasakdal Ko ang salinglahing ito na nagtakwil kay Cristo, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng bindikasyon ng huling mga araw na ito na nabubuhay pa rin Siya. Siyanga. Sila ay laban sa malinaw, at bindikadong Salita ng Diyos. Hindi Ito matagalan ng kanilang mga organisasyon.

120 Ang naglalakihang mga simbahan at mga denominasyon ang bago Niyang Kalbaryo. Inuulit ko. Itong kanilang mga makabagong hubad na mananayaw, ang kwayr nila.

Ang Punong saserdote ng bawat denominasyon ay sumisigaw tulad ng ng punong saserdote ng araw na iyon, "Ngayon bumaba ka at magpakita ka sa amin ng himala." A-ha. Iyon ang unang pagpapapako sa krus.

Ganito pa rin ngayon. Ang sabi nila sa akin, "Buweno ngayon, bumubuhay ka ng patay, hindi ba? Bakit di ka pumunta roon? Naroroon ang asawa mo sa libingan. May anak ka roon."

Ang sabi nila sa Kaniya, "Nabalitaan naming bumubuhay Ka ng patay. Heto ang libingan naming punung-puno ng mga iyon. Halika't buhayin mo sila." o, ang kawalang malay ay magbubunga ng kawalang malay. Kita n'o? A-ha.

Naglalakihang mga simbahan, naglalakihang kwayr, mga punong saserdote ng panahong ito, "Bumaba Ka, magpakita Ka sa amin ng himalang hindi kayang gawin ng aming denominasyon."

121 May lalaking pumuna sa akin hindi pa naglalaon, tungkol sa .. . pagkatapos kong magbrodkas sa Jonesboro, Arkansas, isinaysay ko ang tungkol sa isang babaeng napagaling. Ang lalaking ito ay kabilang sa isang makadenominasyong iglesia, at siya'y pumaroon at nagsabing, "Hinahamon ko ang sinuman na magdala sa akin at magpakita sa akin ng isang himala." 317 Sumundo ako ng duktor. May lalaking gumaling sa cancer. Kumuha ako ng isang babae na dati ay nasa wheelchair sa boob ng dalawampung taon; pinagaling siya sa arthritis, dati siyang naka-wheelchair. Dinala ko iyon at ang sabi ko, "Ngayon akin na ang pera, isang libong dolyar." 318 Ang sabi niya, "Buweno, ah, ah, ah, ah, wala rito. Nasa Waco, Texas, sa aming punong-himpilan."

122 Ang sabi ko, "O sige, pupunta tayo roon at kukunin natin." Ang sabi ko, "Humanda ka at lalakad tayo bukas." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Ipapakoreo namin . . ." Ang sabi ko, "Narito ang duktor na nagsasabing ang mga taong ito ay talagang dating may cancer. Narito ito sa talaan, sa x- ray.

Narito ang babaeng ito na alam ng buong kapitbahayan na siya'y nakaupo sa wheelchair na iyan sa boob ng dalawampung taon, at siya ngayo'y lumalakad na. At ang mga duktor, nagpunta na siya sa napakaraming duktor, at lahat na, at naririto siya ngayon at buhay. Ngayon, ang sabi mo magbibigay ka ng isang libong dolyar.' Gusto kong ilagay ito sa pondo para sa misyon. Ibigay mo sa akin." Kita n'yo? Kita n'yo? Ang sabi niya, "Buweno, naroon sa Waco, Texas." Ang sabi ko, "Puntahan natin bukas."

Ang sabi niya, "Teka muna. May sasabihin ako sa iyo. Magsasama ako ng isang batang babae. At magdadala ako ng labaha at susugatan ko ang kaniyang braso, at pagkatapos ay pagalingin mo, sa harap ng mga kapatiran. At ibibigay nila sa iyo ang pera." Ang sabi ko, "Demonyo ka talaga!"

"Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, manaog Ka sa krus na iyan." "Sabihin Mo sa amin kung sino'ng pumalo sa Iyo," samantalang nakapiring Siya ng basahan, pinalo Siya sa ulo, at sinabi, "Ngayon, kung Ika'y isang propeta, sabihin Mo sa amin kung sinong . . ." "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, manaog Ka sa krus."

Mga bulag na pinuno ng mga kapuwa bulag! Kailangang ipagamot ang isip nila, ang taong gumagawa ng ganoon, o nagsasalita ng ganoon. Tiyak na tiyak.

123 Ang matagal na nilang pinagsisigawan, "Magpakita Ka sa amin ng himala. Guro, nais naming makita Kang gumagawa ng himala." Samantalang araw-araw, oras-oras, ay lagi itong nagaganap, ayon sa paggabay ng Diyos. Ngunit wala sila roon. Kung sakali namang naroon sila, tinatawag nila itong "Beelzebub, ang diablo." Kita n'yo? "Guro, nanasain namin ito kung gagagwin Mo sa paraang nais namin." Hayun. "Magpunta Ka kung saan Ka namin nais papuntahin, gawin Mo ang nais namin." Ah, siya nga. A-ha. Wala silang panali sa Kaniya. Wala po. Kaya pinalayas nila Siya sa kanilang kalagitnaan. Opo. Ganito rin ang ginagawa nila ngayon. At sa pamamagitan ng kapisanan ng mga iglesia, sa wakas ay maisasakatuparan na nila ito, kita n'yo, magsamasama-sama silang lahat. Ang matagal na nilang isinisigaw.

124 Dito'y makikita nating muli, ang pinakarelihiyosong dako, ang pinakamagagaling, pinakamahuhusay na teologo, na muting sumisigaw at sumisigaw laban sa Kaniya, naghahamon. Ang pinakamagagaling na teologo, na hindi dapat gayon ang natutunan; ang pinakamataas na iglesia, at mga pinakadalubhasang mga teologo ay nagtataboy sa kanila mula sa kanilang kalagitnaan. Ayaw nila Nito. Sasabihin mo, "Mali iyan, Kapatid na Branham."

Kung gayon ay wala ka rito upang makita Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, o kaya'y marinig itong naipangaral. Wala ka rito, nang itaboy Siyang palabas ng iglesia ng Kapanahunang ito ng Laodicea, na siyang tanging gumawa nito. At Siya ay nasa labas, kumakatok, sumusubok na makapasok na mull. Tinaboy nila Siya palabas dahil wala silang pakinabang sa Kaniya. 1pinapako nila Siyang mull. Amen! Gaano katagal pa tayo makapagpapatuloy?

125 Alalahanin, inihula ng propeta ang Salita ng Diyos sa atin, sa Pangalawang Timoteo 3, kung isinusulat n'yo ito. Wala na tayong oras para basahin ito. Ngunit ang sabi, na, "Sa huling mga araw, ay magsisiparito ang mga manununya. Sila'y magiging palalo, mga mapagmalaki, mga maibigin sa kalayawan kaysa maibigin sa Diyos; mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti, mga I ilo, mayayabang, mga mapagmalaki, mga pantas; may anyo ng kabanalan datapuwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka sa mga ito! Sapagkat ang_mga ito yaong umaakay sa mga babaing haling, na napakaikli ng buhok," mga nagsusuot ng syorts, pinturado ang mga mukha, "sa lahat ng dako, at binibihag sila." Ganiyang-ganiyan nga.

Ang sabi niya, "Lumayo kayo rito, sa huling mga araw." Sundin natin ang propeta. Magsilayo kayo sa mga bagay na iyon sa huling mga araw. Naririto na ang mga iyon. Ako'y nanawagan ngayon sa iglesia. Opo. Magsilayo kayo rito!

126 Sila ay mayroong, sila, ang — ang mga ministro ng panahong ito, ay dapat nakaaalam ng mga bagay na ito. Dapat ay nakilala nila si Jesus sa Kaniyang mga kaarawan. Dapat sana'y nakilala nila. At ngayon dapat sana ay makilala nila, ngunit hindi. Kung paanong dapat sana'y nakilala Siya ng mga gurong Judio sa Kaniyang Kapahunan; gayon din ngayon, ang tungkol sa malinaw na binindikang Salita noon. Siya nga ang Salita noon, at pinatunayan Niya na Siya nga ang Salita. Pinatunayan Niyang Siya ang Sal ita para sa araw na iyon. At pinatunayan ng Diyos ngayon na Siya ang Salita ng araw na ito, ang Liwanag ng panahon. At dapat sana'y nakilala nila ito noon, at dapat ay makilala nila ito ngayon.

Ipinako nila Siya noon sa krus, at ipinapako nila Siya ngayon sa krus. Ipinagsasakdal ko sila dahil dito. Tama. Patuloy itong kumikislap sa akin, "Ipagsakdal mo sila, 'pagkat pagbabayarin sila ng Diyos dahil dito."

127 Ang mga Judio ng kanilang panahon. Ang Diyos mull, sa Kaniyang mga kaarawan sa lupa, nagwika si Jesus, "Jerusalem, Jerusalem, gaano kadalas Kong ninasang tipunin kayo sa isang malaking lupon, ngunit ayaw

n'yo."

Ganoon na lang ang pagsisikap ng Diyos, sa huling mga araw na ito, na mapagbuklod ang Kaniyang mga tao, ngunit ayaw ninyo. Hinangad n'yo ang inyong kredo, kaya ngayon, kayo'y naibigay na sa pagkawasak. Iyan ang natanggap ng Jerusalem; giniba siya, sinunog, wala na siya. At ganiyang-ganiyan ang mangyayari, isa sa mga araw na ito, sa lahat rig naglalakihang mga bagay na ito. Ang inyong malalaking kredo at denominasyon ay mangamamatay at maglalaho, ngunit ang Salita ng Diyos ay magiging Walang Hanggan at mabubuhay magpakailan man.

128 Ang mga pinakamalalalim Niyang sugat ay nagmula sa bahay ng Kaniyang mga naturingang kaibigan. Isipin, isipin n'yo ito. Isipin n'yo ito! Tumigi I! Naghihintay ako ng isang sandali. Mga ministro, isipin n'yo ito! Saan nagmula ang mga sugat Niya? Sa bahay ng Kaniyang mga naturingang mga kaibigan Niya. Kung papaano noon, ganoon din ngayon! Sa Kalbaryo ay hindi Siya napapaligiran ng — ng mga mababangis na tao, rig mga barbaro, kundi rig mga ministro na nag-aangking umiibig sa Kaniya. At ngayon, kung kailan ang Ebanghelyo ay lubos na naipakilala, kung kailan napagtibay sa ating kalagitnaan ang Kaniyang pagkabuhay na muli, hindi ang mga taong kalye ang tumutuligsa sa iyo, kundi ang naturingang mga ministro.

Yaong mga dapat sana'y umiibig sa Kaniya ang nakapaligid sa Kaniya ngayon. "Ayaw namin Niyan sa kalagitnaan namin. Ayaw naming pamunuan kami ng Lalaking ito. Hindi kami susuporta. Hindi kami makikipagtulungan Diyan, sa lungsod na ito, kung cyan ay mapaparito. Espiritismo lang iyan. Ang diablo iyan." Sa hindi pagkakaalam sa Salita ng Diyos, inaakay rig bulag ang kapuwa bulag. Kung papaano noon, isipin n'yo, ay ganito rin ngayon. Sadyang kung papaano noon, ay ganito rin ngayon. Isipin!

129 Ang Kaniyang Kapangyarihan na magpagaling at magpalaya sa lalaki't babae sa pagkahalina sa pangkasalukuyang sanlibutang ito, sa mga Jezebel na maiikli ang buhok, at pinturado ang mukha, na nag-aangking mga Cristiano; at nagbubunga ng gayong uri ng buhay, naninigarilyo, nagbi biro nang malaswa. Nauupo at sumasali sa isang samahang pangmisyon, at pulong-tahian, at daldalan, at mga iskandalo, at — at lumalabas sa kalye at nagsusuot ng syorts, at lahat na ng tulad niyon; at pagkapatos ay nagaangking sila ay mga Cristiano, sa harap ng iba pang mga kababaihan. Naaalala n'yo ba ang kuwento ko tungkol sa aliping nakababatid na anak siya ng isang hari, ang kaniyang pag-uugali? Anong dapat nating maging kalagayan? Mga lalaki at babae, at itinatanggi .. .

130 Ang mga klerong ito, ang mga pulpitong ito kung saan ay natatamo Niya ang Kaniyang mga sugat, pinahihinntulutan at iniindorso nila ang gayong uri rig pamumuhay sa mga tao, kung saa'y sinusugatan nila Siya. ltinatanggi nila ang Kapangyarihan upang — upang mapalaya sila rito, at iniindorso nila ito bilang katotohanan. Samantalang ito'y salungat sa Salita rig Diyos, na paikli in ng isang babae ang kaniyang buhok, o pinturahan ang kaniyang mukha, o kaya'y magsuot ng syorts. Ito'y salungat sa Salita ng Diyos, ngunit iniindorso nila ito, at gumagawa sila ng isa pang Kalbaryo (mula saan? mula ba sa lansangan? mula ba sa mga pook-lasingan?) mula sa pulpito, mula sa pulpito.

131 At, muli, ano ang sigaw nila? "Ginagawa Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili." Itinatanggi, ni la ang Kaniyang Pagkadiyos. Hinahati-hati nila Siya at ginagawa Siyang tatlo o apat na Diyos. Samantalang Siya ay Diyos; Siya ay Diyos noon; Siya'y mananatiling Diyos, na Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kapag nangusap ka rig tungkol sa iisang Diyos sa kanila, pagtatawanan ka nila. "Naniniwala kami sa santisima trinidad."

Naniniwala ako sa iisang banal na Diyos, opo, sa Kaniyang Kapangyarihang magpagaling, magpalaya, at alisin ang mga taong ito sa pagkahumaling sa sanlibutan, upang palayain sila katulad ng ginawa Niya kay Maria Magdalena. Alalahanin, dati rin siyang isang pinturadong Jezebel. May pitong demonyo sa kaniya. Dati rin siyang isang hubad na mananayaw.

Katulad din ng modernong babae sa lansangan ngayon; kahit saan kayo inagtungo. Kung hindi kayo naniniwalang yumuyukod ang mga tao sa dambana ng mga hubad na babae, tumingin kayo sa kalye ngayon. Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din. Tumingin kayo, kung hindi kayo naniniwala, saan man kayo magtungo. Magbasa kayo ng diaryo, bumuklat kayo ng magasin, tumingin kayo sa karatula, anong nakikita n'yo? Alalahanin ang sabi nito, "Nang makita ng mga anak na lalaki na magaganda ang mga anak na babae rig tao, nagsikuha sila ng mga kababaihan." Tignan n'yo ang iskandalo sa Inglatera, tignan n'yo ang iskandalo rito, tignan n'yo ang kabuuan ng mga ito, mistula nang isang bahay-aliwan.

132 Bakit? Bakit naging komunista ang Rusya? Dahil sa kahalayan at karumihan, at kawalang kapangyarihan ng simbahang Catolico. Siya nga pala, ang komunismo at Catolicismo ay magsasanib, nalalaman n'yo iyan, at narito ito ay ginagawa na nila. Bakit? Dahil tinanggihan na nila ang Ebanghelyo na nagbubukod sa kanila at nagiging dahilan rig kanilang

pagiging iba ' Iyan nga ang dahilan.

133 At ang mga ministro sa pulpito ay nagpapahintulot dito, dahil sa tiket ng pagkain, dahil sa pakikisama sa isang kredo, nagsasabing. "Kabilang ako sa Ganito-at-ganoon," ipinagpapalit sa edukasyon ang Kapangyarihan ng Diyos na makapagpalaya sa huling lahing ito, katulad ni Maria Magdalena.

Ang Kapangyarihan ding iyon na nagpalaya sa hubad na mananayaw na iyon sa kalye, at nagturo sa kaniyang magbihis at kumilos ng tulad sa isang tunay na dilag, at gumawa sa kaniyang isang Cristiano, kinundena nila ang kapangyarihang iyon, at ipinako ang Lalaking nagtataglay Nito sa Kalbaryo.

At ngayon, ang Ebanghelyo at Banal na Espiritu ring ito na nagbihis sa hubad na mananayaw na iyon at nagturo sa kaniyang kumilos ng tulad sa isang Cristiano, ay tinatawag nilang "panatisismo." Ayaw nila Itong maihalo sa kanilang kongregasyon, at mapasimulan Ito sa kanilang kalagitnaan at magbunsod sa iba pang kababaihan upang gawin ito. Anong ginagawa nila? Inaalis nila Ito, katulad din ng ginawa nila noon. At ngayon ipinapako nila ang Mismong Salita at sinasabing Ito ay para sa ibang panahon. Ipinagsasakdal ko silang muli, opo, katulad din ng pagkakasakdal sa kanila noon.

134 Ang tanda na nagbunsod kay Legion para magbihis ng damit. Alalahanin, ang taong naghuhubad ay baliw. Kita n'yo. Paano naman ang isang babae? Si Legion ay baliw; naghubad siya ng kaniyang damit. Ginamit ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihan at pinagbihis siya. Siya ay naramtan, nasa wasto na niyang kaisipan, nakaupo sa paanan ni Jesus.

Tignan ang Kapangyarihan na nagpagaling kay Bartimaeus na bulag, sa gitna mismo ng kanilang mga kredo. Siya ay narito sa lupa noong panahong kasing lala ng panahong ito ang 'di pananampalataya, ngunit hindi Siya nahadlangan nito. Nagpatuloy Siya. Wala Siyang pinigilang suntok sa kanila. Ang sabi Niya sa kanila, "Kayo'y sa inyong amang diablo." Hinatulan Niya ang kabuuan nito.

135 Ang Kapangyarihang nagpabangon kay Lazaro mula sa libingan, at nagsauli sa babaeng taga Nain ng kaniyang anak! 0 Diyos! Ang Kapangyarihan na nakagagawa ng gayong mga bagay, na nakapanghula ng mga bagay na naganap. "Mayroong dalawang Asno, may asnong nakatali sa dalawang daan," at lahat ng mga bagay na ito na Kaniyang hinula. Ang Tao mismong nagtataglay ng Kapangyarihang iyon, "Palayasin Siya. Ayaw naming

mapabilang Siya sa aming kalipunan. Pinarurumi Niya ang aming mga katuruan," at ipinako nila Siya sa krus. 346 Ganitung-ganito rin ngayon, "Palayasin ang Banal na Espiritu." Ayaw nilang masangkot Dito. "Kinukundena Nito at gumagawa Ito ng mga bagay na ito, at sinasabi sa mga tao namin ang mga bagay

na ito na ayaw naming maihalo sa aming organisasyon. Salungat Ito sa mga kredo namin." Ipinapako nila Siyang muli. Ay, naku! ansinin ngayon, habang tayo'y nagtatapos; kailangan na nating magtapos. At, muli, tinatawag nila Itong "panatisismo."

136 At tinawag nila Siyang isang "panatiko." Ang sabi nila, "Baliw Siya." Alam nating lahat na sinabi iyan ng Biblia, "Si Jesus," ang sabi ng mga Fariseong iyon, "ang lalaking ito ay isang Samaritano, at Siya'y nauulol." Ngayon anong ibig sabihin ng salitang nauulol? "Ang Lalaking Ito ay baliw." Isang bugkos na mga baliw ang sumusunod sa Kaniya. Siya ay si "Beelzebub."

At, muli, ganito rin ang sinasabi nila, "Ito'y isang uri ng pangkukulam. Ito'y panghuhula, "inilalagay Siyang muli sa krus ng kahihiyan. Anong krus? Ang kahihiyan? Siya ang binindikang Salita; pinagtatawanan Ito, ipinagsasabi sa mga tao na ang diablo Lyon. Gumagagawa ng isang bagay, tinatawag na...

137 Ang sabi, "Tinatawag nilang gawa ng maruming espiritu' ang mga banal na gawa ng Diyos, wala itong kapatawaran."

Inilalagay sa kahihiyan ang Kaniyang Salita, sinusubukang ilantad Ito at tinatawag Itong huwad o isang panatisismo. "Huwag kayong magtungo roon. Huwag n'yong daluhan ang mga pagtitipong iyon." A-ha.

Anong ginagawa nila sa pamamagitan niyan? Kinukuha nila ang kanilang mga pakong makadenominasyong kredo. Iya'y tama. Ang mga gurong ito na mapaghanap ng kalayawan, makamundo, masasama, haling sa denominasyon, kumukuha ng makadenominasyong mga pako at ipinapakong muli ang Anak ng Diyos sa pamamagitan nito, sa Kanilang mga pulpito.

Bakit nila ginagawa ito? "Higit nilang iniibig ang mga papuri ng tao," ang mga titulong maibibigay sa kanila ng iglesia, kaysa sa Salita ng Diyos." Hinahatulan ko sila. Hindi sila makaayon sa sanlibutan, sapagkat sila'y . . . Hindi sila makaayon sa Salita, sapagkat sila'y nakaayon na sa sanlibutan. Nagawa na nila ito. Ang mapagpaimbabaw na panahong ito na kinabubuhayan natin! Hindi ba ito ang...

138 Hindi pa ba sapat ang isang Kalbaryo para sa aking Panginoon? Bakit n'yo ginagawa ito? Kayong dapat sana'y umiibig sa Kaniya, kayong mga nakaaalam na Ito ay Kaniyang Salita, kayong nakababasa ng ika-22 kabanata ng

Apocalipsis, na nagsasabing, "Sinomang magbawas o magdagdag ng isang Salita," bakit n'yo ito ginagawa? Hindi pa ba sapat ang isang Kalbaryo para sa Kaniya?

Ako'y tumatayo bilang tagapagtanggol Niya. Ako ang Kaniyang abogado, at ipinagsasakdal ko kayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Baguhin n'yo ang inyong gawi dahil kung hindi ay mabubulid kayo sa impiyerno. Ang inyong mga denominasyon ay magsisiguho. ipinagsasakdal ko kayo sa harapan ng Hukom, siyanga, kayo sampu ng inyong mga anyo ng kabanalan, mga pagpapaimbabaw. At bakit n'yo Ito tinatawag na ... Hindi pa ba sapat ang isang Kalbaryo?

139 Katulad ng sinabi ni Pedro, "Ang inyong mga makadenominasyong magulang," ipinagsasakdal kayo ni Pedro sa pamamagitan ... ang sabi, "Sino sa inyong mga magulang ang hindi gumawa nito?" Ganoon din ang ginawa ni Esteban. "Sa pamamagitan ng tampalasang mga kamay ay ipinako n'yo ang Prinsipe ng Buhay." Hindi ba sinabi mismo ni Jesus, "Sino sa inyong mga magulang ang hindi naglagay sa mga propeta sa kanilang libingan? At pagkatapos ay papalamutian ninyo ang mga iyon? Ganoon din ang nangyari sa makatuwid sa mga nagdaang kapanahunan.

Kaya't ipinagsasakdal ko ang lubos na pininong mga palasimbang bungkos ng mga tagatakwil ni Cristo sa araw na ito. Kayo sampu ng inyong mga anyo ng kabanalan, pinapako ninyo ang aking Cristo sa pangalawang pagkakataon, dahil sinasabi n'yo sa mga tao na ang mga Salitang ito ay para sa ibang panahon, at hindi ito para sa panahong ito. Ipinagsasakdal ko kayo. Nagkasala kayo ng krimeng katulad ng sa kanila sa araw na iyon ng pagpapako sa krus. Magsisi kayo at bumaling sa Diyos kung hindi'y mapapahamak kayo.

140 At muli ay sinasabi ko, "Dito," sa mga iglesia, "kanilang," ang mga guro, "ipinako," sa pamamagitan ng pamumusong, "Siya," Ang Salita. Mahabag nawa ang Diyos! Hayaan ninyong sabihin ko iyang muli. Kung sakaling magulo ang pagkaka-teyp nito. "Dito," sa mga iglesia, "Kanilang," ang klero, "ipinako," sa pamamagitan ng pamumusong, "Siya. ang Salita. Hindi kataka-takang ganito na naman: Sa gitna ng pagyanig at pagdidilim' Pumanaw ang aking Tagapagligtas, Ngunit ang hapak na tabing ang siyang naglantad Ng walang hanggang ligaya ng Langit.

Ipinangungusap ko ito para sa teyp na ito at para sa mga tagapakinig na ito. Ipinangungusap ko ito sa ilalim ng pagkasi ng Banal na Espiritu. Ang nasa panig ng Panginoon ay magpailalim sa Salitang ito! Tiyak na dadalhin ng Diyos ang salinglahing ito na tampalasan, na nagkakaila at tumatanggi kay Cristo, sa paghuhukom, dahil sa pamumusong, ang pagpapapako sa Kaniyang

ipinakilalang Salita. Hahantong sila sa Paghuhukom. Ipinagsasakdal ko ito! "Sino ang nasa panig ng Panginoon," ang sabi ni Moises, "lumapit siya sa akin," noong ang Haliging Apoy ay nakabitin doon bilang isang katunayan. Ang nasa panig ng Panginoon, ay tumaggap sa Salita, itakwil ang Kaniyang kredo, at sumunod kay Jesus Cristo arawaraw. At magkikita tayo sa umaga. Atin na ngayong iyuko ang ating mga ulo para sa panalangin.

141 O Panginoong Diyos, tagapagkaloob ng Buhay na Walang Hanggan at May-Akda ng Salitang ito, na bumuhay na maguli sa Panginoong Jesus mula sa mga patay na nagpakilala ng lubos sa harapan ng — ng salinglahi ng mga taong 'di sumasampalataya. Napahaba ito, ngayong umaga. Marami ang nakaupo rito. Punong-puno ang simbahan. Ang mga tao ay nakatayo sa palibot. At ang mga teyp ay pinaaabot sa buong mundo, sa iba't-ibang dako. Maririnig ito ng mga ministro sa kanilang mga silid aralan. Idinadalangin ko sila, Panginoon. Hayaan Mong mahulog ang mga Salitang ito sa kaibuturan ng kanilang mga puso, at bumaon ito nang malalim, tagpasin lahat ng sanglibutan. Upang masabi nila ang tulad sa...

Ang Metodistang ministrong ito sa Kentucky, ay lumapit sa akin noong isang araw, at nagsabing, "Habang nakikinig ako sa Pitong Kapanahunan, ng Iglesiang iyon, narinig ko itong sumigaw ng, Magsilayo kayo sa mga pader ng Babiloniang iyon,'" ang sabi, "Isinuko ko ito at umalis ako. Hindi ko alam kung saan ako tutungo o ano ang aking gagawin, basta na lang ako umalis." Pagpalain nawa ang katapangan ng maginoong kabataang lalaking iyon, sampu ng kaniyang asawang babae, at dalawa o tatlong mga anak.

142 Diyos, marami, nawa ang makasumpong ng kanilang daan patungo sa Salita ng Diyos, ang tanging daan ng Buhay, sapagkat Siya ang Salita. Idinadalangin ko ang bawat isa, Ama. Minsan, sa pagsasalita ko ng mga bagay na ito, ito'y hindi para magmalupit; ito'y dahil sa pag-ibig, sapagkat ang pagibig ay nagtutuwid. At idinadalangin ko, Diyos, na maunawaan ng mga tao na gayon nga ito, na ang paka'y nito ay pagtutuwid. Ikaw na noo'y kinailangan ding magtuwid, at dumalangin para sa kanila sa krus, na nagsasabing, "Ama, patawarin Mo sila. Sila, sila'y mga bulag, sila'y — sadyang hindi nila nauunawaan ang kanilang ginagawa." 362 Idinadalangin ko ang mga ministrong ito ngayon na nagpapakong muli sa Salita sa krus, sa pamamagitan ng kanilang mga kredo at denominasyon at dogma, at ipinapalit nila ito sa Salita ng Buhay. At pagkatapos, sa harap ng mga tao, ay pinupulaan nila ang tunay na Katotohanan na binindika ng Diyos bilang Kaniyang Katotohanan. Idinadalangin namin sila, Ama, na tawagin Mo silang muli sa Hapunan ng Kasalan. At sa pagkakataong ito ay dumulog nawa sila, at

huwag makasumpong ng mga kadahilanan, 'pagkat napagtanto kong maaring tapos na ang huling panawagan. Marahil ay labis nang huli. Sana'y hindi pa.

143 Pagpalain Mo ang munting kongregasyong naririto ngayon, ang iilang daang mga tao na nagkatipon dito ngayong umaga, sa maalinsangang araw na ito, na umupo rito para sa napakahaba, marahil ay dalawang oras o higit pang gawaing ito, at sila'y nakinig. Hndi sila nagsialis. Naupo sila nang tahimik at nakinig. Marami sa kanila ang pinaghintay ang kanilang tanghalian, at ang mga babae ay nakatindig karga ang kanilang mga sanggol, at sila'y naghihintay. Nanghahawakan sila sa bawat Salita.

Panginoon, napagtanto ko kung anong sasapitin ko sa Araw ng Paghuhukom kung ililigaw ko ang mga taong iyon. Nalalaman ko, Panginoon, sa abot ng aking nararamdaman. Na, pinagsisikapan ko silang dalhin sa Salita, at sila'y turuang mamuhay sa Salita, ipinangungusap sa kanilang Ika'y "tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man," na ang dakilang Banal na Espiritu ay si Jesus Cristo, lamang ay sa anyo ng Banal na Espiritu, siya rin ang Personang iyon. Sinabi Mo na, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanglibutan, ngunit inyong ,makikita Ako, sapagkat Ako'y mananahan sa inyo at sasa inyo." At nalalaman kong Ikaw ito, Panginoon. At kami'y sumasampalataya sa Iyo. 'Pagkat nakikita naming ganoon din ang ginagawa Mo sa aming kalagitnaan.

144 Isinusuko namin ang aming sarili, nang buong katinuan, dito sa kongregasyon at sa teyp. Panginoon, sa sandaling ito mismo, nawa ang bawat lalaki at babae, batang lalaki o babae na — na naririto, o nakatayo sa labas, o nakaririnig nito sa teyp, nawa sa sandaling ito ay italaga namin nang lubusan at isuko namin nang lubusan ang aming sarili sa gawain ng Diyos.

Kumilos Ka sa mga nakikinig, Panginoon, ng may Kapangyarihan.at pagalingin ang mga maysakit. Ang sabi nila'y may lumpong batang lalaki na nakaupo roon. Itulot Mo na ang dakilang Banal na Espritu . . . Alam namin na ang maupo lamang sa lyong Presensiyang tulad nito ay sapat upang lumunas dito. Kung nagagawa Mong abutin sa pamamagitan ng radyo at telebisyon, at pagalingin ang maysakit, "Isinugo Mo ang Iyong Salita at pinagaling sila Nito," magagawa Mo rin iyon sa sandaling ito. Idinadalangin ko, Diyos, na Iyong pagalingin ang bawat taong maysakit, bawat lumpo, bawat nagdadalamhati sa dakong ito at sa nakaririnig ng mga salitang ito. Diyos, ipagkaloob Mo po ito. Ang panalangin ko ay para sa kanila.

Taglay ang — taglay ang pag-ibig ni Cristo sa aking puso at ang damdamin para sa nangangailangan, ihinaharap ko sila, Panginoon, sa iyo, sa altar ng hain, kung saan ang Duguang katawan ng Korderong iyon ay nakalapag bilang pangpalubag-loob sa aming mga kasalanan at karamdaman. Namamanhik ako

ng awa para sa mga tao. Nais kong tumayo katulad ng ginawa ni Moises, sa puwang, para sa kanila,

Panginoon, at magsabing, "Diyos, mahabag Ka sa kanila, nang kaunti pa, at bigyan Mo sila ng isa pang pagkakataon." Huwag — huwag Mo muna itong gawin ngayon, Panginoon. Hayaang — hayaan Mong ang Ebanghelyo ay sumulong pa nang kaunti.

145 Sila'y — sila'y nahatulan na, Panginoon. Dalangin kong ang lyong dakilang awa at biyaya ay — ay umabot sa huling taong ang pangalan ay nasa Aklat. At alam kong magkakagayon nga. Hindi mahirap manalangin nang salungat sa lyong Makalangit na Salita, o nang laban sa — o nang salungat sa . . . nang ayon sa Makalangit na Salita, ang ibig kong sabihin, Panginoon; ang Salitang ipinangako, ang Salitang binindika, ang Salitang nagtatalaga sa mga taong bago pa man itatag ang sanglibutan. hindi mahirap — idalangin na iligtas Mo yaong mga ang pangalan ay nasa Aklat, dahil alam Kong gagawin Mo ito. Ito ay sinabi ni Jesus, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit." At walang makalalapit malibang siya'y ipinagkaloob.

Ngayon, dalangin ko, Diyos, saan man mahulog ang mga salitang ito, sa teyp at sa mga naririto, na tawagin ng Banal na Espiritu ang bawat predestinadong tao sa sandaling ito, mula pa nang itatag ang sanlibutan nang mai lagay ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Marinig nawa nila ang Tinig ng Diyos na nangungusap ngayon, at ang munting mapayapang impit na Tinig sa kanilang mga puso na nagsasabing, "Ito ang daan, lakaran n'yo ito." Ipagkaloob Mo ito. Ama. Hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus.

146 At samantalang tayo'y nakayuko sa kalipunang ito. Kung naniniwala kayong ito ang Katotohanan, at inyong — inyong . . . Ipinapatong ko ang aking kamay sa mga panyong ito na nakalapag dito, at sa mga pakete para sa maysakit at nagdadalamhati. Nais ko kayong tanungin, nang taos sa aking puso, ngayon.

Hindi ako pumaparito para lamang marinig. Ako — ako — ako'y pagod na. Hapo na ako. Hindi na ako kasing bata ng dati, at ako — at alam kong nabibilang na ang ating mga araw. At alam kong kailangan kong iambag ang bawat munting bagay na makakayanan ko, para sa kaharian ng Diyos. Kailangan kong mangaral sa tuwing magkakaroon ako ng pagkakaton. Kailangan ko, kailangan kong humayo maging ayon sa aking pakiramdam o hindi.

Pumaparito ako dahil gusto ko itong gawin. Nais ko itong gawin. Mahal ko kayo. At hindi ako nagsasabi ng mga bagay na nakasasakit at gayon din ng mga matitigas na pananalita, dahil lang sa gusto ko. May — May kung anong puminpintig sa kalooban ko. Ang bagay ding ito mismo na naibindika na ang siyang nagtutulak sa akin upang gawin ang mga bagay na ito. Sinasabi ko ito nang

buong giliw, nang may pag-ibig. Hindi ko sinasadyang pagalitan ang ating kababaihan o ang ating kalalakihan. Hindi ko sinasadyang, gawin iyan, Kapatid na lalaki, Kapatid na babae. Nais ko lang dalhin kayo sa isang—isang malinaw na dako, kung saan ay maaari n'yong makita ang pagtutuwid at ang palo ng Panginoon, upang magawa n'yo nang pumasok ngayon. Huwag n'yo na itong ipagpaliban pa: baka masyadong tumagal ang inyong paghihintay.

147 At kayong mga nagnanasang pumanig sa Panginoon, nang may lubos na pagsuko sa inyong puso, sa mga naririto ngayon, o kayo'y sa mga lupaing mararating ng mga teyp; maaari bang, habang nakayuko kayo . . . Huwag n'yong itaas ang inyong kamay kung hindi taos sa puso n'yo. Ngayon, kung talagang taos ito sa inyong puso, nais n'yong lumapit sa Panginoon na ang buhay n'yo ay higit na laan, maari bang itaas n'yo ang inyong kanang kamay ngayon. Ikaw, pagpalain ka ng Panginoon. Muli mong inilalaan ang iyong sarili kay Cristo, upang batahin ang kahihiyan. Sabihin mo, "Handa na ako ngayong pasanin ang kahihiyan."

Ang dalawang kamay ko ay nakataas, din. Nais kong kunin ang kahihiyan ni Jesus Cristo. Malugod kong dadalhin ang markang ito na ang tawag ay "holy roller," anumang nais ninyong itawag dito. Isusuot ko ito nang buong dangal, sapagkat ito'y sa kapakanan ng Panginoon. Isinusuot ko ito nang buong dangal.

148 Ganoon din ba ang ang nais gawin ng lahat sa inyo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, at sabihin, "Sa biyaya ng Diyos, na — na — nais kong . . . Ako'y . ." Nang magbalik ang mga alagad, inisip nilang isang malaking karangalan ang magbata ng kahihiyan ng Kaniyang Pangalan. 0 kaya'y, nais n'yo bang batahin ang kahihiyan ng isang bituin ng Hollywood, o ng telebisyon, o ng isang miyembro ng iglesia, o anuman. 0, nais n'yo ba ang kahihiyan ng Salita ni Jesus Cristo? "Ibigay Mo sa akin ang kahihiyan ng Salita, Panginoon. Alam kong binata Niya ang kahihiyan ng Salita ng Diyos. Hayaan Mong ito'y batahin ko rin, Panginoon." Papasanin ko ang krus na ito Hanggang kamatayan, At uuwing may gintong putong.

Balang araw ay may nakalaang putong para sa atin. Ito'y ginagawa na ngayon. Kapag natapos na ang buhay na ito sa lupa, kung magkagayo'y alam nating magiging wasto na.

Ngayon, walang lugar upang dalhin ang gma tao dito sa altar. Hayaan n'yong ang inyong mga upuan, ang kinaroroonan n'yo ay maging isang altar. "Lahat ng nagsisampalataya . . ." Samantalang dumadalangin tayo.

149 Makalangit na Ama, sa tingin ko'y halos lahat ng kamay ng bata at matanda ay nakataas sa kalipunang ito. At dalangin ko na, sa tuwing pakikinggan ang teyp, itaas ng mga tao ang kanilang mga kamay, at lumuhod sila sa sil id, lumapit ang ama at ina sa isa't-isa at maghawakan ng kamay, at magsabing, "Honey, matagal na tayong naging miyembro ng iglesia. Lumapit na tayo kay Cristo ngayon." Itulot Mo ito, Panginoon 379 Pagpalain Mo ang mga taong naririto. Idinadalangin ko na pagkalooban Mo sila, Panginoon, ng isang buhay na laan. Marami sa kanila, Panginoon, ay mga mabubuting tao. Sila'y — sila'y bayan Mo; hindi pa lang nila nalalaman ang Katotohanan. At dalangin ko na ipakita Mo sa kanila ang Iyong Katotohanan, Panginoon. "Ang Salita Mo ay Katotohanan."

Gaya ng sinabi Mo sa Juan, sa palagay ko'y sa ika-5 1 kabanata, ang sabi Mo, "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa Katotohanan. Ang Salita Mo'y Katotohanan.

At Ito pa rin, ang Salita Mo, ay Katotohanan pa rin. Kailan man ay Katotohanan Ito, sapakat Ito'y Diyos. At dalangin ko, Diyos, na pakabanalin Mo sila sa Katotohanan. Iyon ay, pakabanalin, dalisayin Mo sila mula sa mga kredo at denominasyon. Dalisayin Mo sila mula sa lahat ng mga makamundong bagay, patungo sa isang nakalaang buhay ng Salita. Itulot Mo ito, Panginoon. Sila'y sa Iyo na ngayon. Ipinangako Mong gagawin Mo ito. At bilang lingkod Mo, inaalay ko ang aking panalangin para sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

150 Ngayon, habang nakayuko tayo, awitin natin ang himnong ito samantalang nagpapatuloy tayong sa panalangin . . . Si Jesus ang umako, Ng aking ... (Isipin n'yo ito!) Ang . . .

Kahapon nasa isang — isang lugar ako, at sinusukatan ako para sa isang amerikana na binili ng isang kapatid dito para sa akin. Ang sabi nila, "Mukhang mainit ang amerikana mo, at ibinili kita ng presko."

At ako ay nagtungo roon upang paputulan ito, at ang sabi niya, "Aba, laylay na ang kanang balikat mo ah. Marahil ay pumasan ka minsan ng isang mabigat na pasanin."

At naisip ko, "Oo, isang pasanin ng kasalanan. Ngunit binayaran itong lahat ni Jesus." Pakinggan n'yo habang inaawit natin ito. Si Jesus ang nagbayad At lahat, buong buhay, ay . . . Anong nagawa ng kasalanan? Ang pangit na pulang mantsa Kaniyang pinalis na.

151 Diyos, mahabag Ka sa amin. Katulad ng mataimtim na panahon ng pagbubulay-bulay na ito, hayaan Mong ang Salita ay tumagos nang malalim, Panginoon, sa puso. Hayaan Mong ang mga tao, bagama't huli na sila sa kanilang pagkain . . . Ngunit, Panginoon, higit pa ito sa pagkain. Ito ay Buhay. "Ang Aking Salita ay pagkain," ang sabi Mo. At iyan ang pinagpipistahan ng aming mga nagugutom na kaluluwa.

Ngayon, kunin Mo kami, Panginoon, hubugin Mo kami. Panginoon, kunin Mo akong kasama nila. Nais kong sumama sa kanila. Ako'y magtutungo ngayon sa Kalbaryo, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya. Ako'y sasama sa kongregasyong ito. Ngayon, hubugin Mo akong muli, Panginoon. Nagkamali ako. Madalas na ako'y...

Dito kamakailan lang ay titigil na sana akong mangaral. Ayaw na akong pakinggan ng mga tao. Ganoon pa rin ang kanilang ginagawa, at ako — ako ay pinanghinaan ng loob. Nagkaroon ako ng maling pakiramdam. 0 Diyos! Dalawang Linggo na ang nakararaan nang ibigay Mo sa akin doon ang tandang iyon, at sa pagbabasa ng Biblia, ay nakita kong sinabi Mo kay Moises, katulad din ng panaginip na iyon, na may isa ring bundok, na magiging tanda sa Kaniya. At pagkatapos sa pinakadulo nito, ang malaman na — iniwan Ko ang maraming taong maysakit; ang isang lingkurang hindi lang propetika, kundi pati na rin ang pagtuturo ng Salita, at — at para sa pananalangin sa maysakit. Hinayaan Mong mabuwal at mamatay ang isang lalaki rito sa sahig, pagkatapos ay binuhay Mo siyang muli, upang pagtibayin na ito ay totoo. Sa tuwina'y pinagtitibay Mo ang Iyong Salita.

152 Ngayon, Panginoon, pagtibayin Mo Ito ngayon mismo samantalang ako'y nasa harap ng Isang trono. Kunin Mo ang bawat isa sa mga taong ito, Panginoon, alisin Mo ang sanlibutan sa amin. Kunin Mo ako, Panginoon, samantalang kami'y nasa Iyong Presensiya. Alisin Mo ang sanlibutan, pigain Mo ang aming mga puso, Diyos, ngayon din. Hugutin mo ang sanlibutan at ang alalahanin ng sanglibutan mula sa amin. Itulot Mong maging mga nakalaang Cristiano kami, 0 Diyos upang maging maibigin at mabait, at magiliw, nagbubunga ng bunga ng Espiritu. Maaari ba, Panginoon? Kami'y nasa harappn ng Iyong Trono. Ang kasalanan ay nag-iwan ng mapulang mantsa sa bawat isa sa amin, ngunit mapapatawad ito ng Iyong Dugo, Panginoon, at mapapaputi ito tulad sa niyebe. Itulot Mo ito, habang kami'y naghihintay sa Iyo. Kunin Mo kami; kami ay sa Iyo; in i laan na namin ang buhay namin sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Itulot Mo ito, Panginoon, sa bawat isa sa amin.

Pigain Mo ang aking puso, Panginoon. Nakikita ko lahat ng aking mga pagkakamali. Nakikita ko ang aking mga sala. Diyos, mula ngayon,

sisikapin kong mabuhay sa abot ng aking makakaya, upang makatulong sa Iyo. Nais kong humayo, nais kong ilaang muli ang aking buhay sa Iyo, magmula sa umagang ito.

Matapos ihatid ang pagsasakdal na ito laban sa aking — aking mga kaibigang ministro doon sa labas, at kinailangan kong sabihin ang nakasasakit na mga bagay na ito, ngunit Panginoon, ginawa ko ito sa pamamagitan ng Iyong inspirasyon. Ang pakiramdam ko'y Ikaw ang may utos na gawin ko ito. Ngayon, wala na ito sa aking mga balikat, Panginoon. Ako'y — Ako'y nagagalak na wala na ito sa aking balikat. Hayaan Mong gawin nila ang nais nila rito, Ama. Dalangin ko na tanggapin nawa nila ito. Dalangin ko na iligtas Mo ang bawat isa, Pangioon.

Magkaroon nawa ng revival ng mga matutuwid, at dumating nawa ang isang dakilang kapangyarihan sa kalagitnaan ng iglesia bago Ito umalis. Hindi mahirap ipanalangin iyan, sapagkat ipinangako Mo iyan. At kami'y naghihintay, Panginoon, sa pangatlong hatak na iyon na alam naming gagawa ng dakilang mga bagay para sa amin sa aming kalagitnaan.

153 Ako ay sa Iyo. Panginoon. Inilalapag ko ang aking sarili sa altar na ito, nakalaan sa abot ng aking kakayanan. Alisin Mo ang sanlibutan mula sa akin, Panginoon. Alisin mo sa akin ang mga bagay na nabubulok; Ibigay Mo sa akin ang mga bagay na hindi nabubulok, ang Salita ng Diyos. Nawa'y magawa kong ipamuhay ang Salitang iyan nang napakalapit hanggang sa ang Salita ay mapasa akin, at ako ay mapasa Salita.Itulot Mo po ito Panginoon. huwag nawa akong lumihis Dito. Magawa ko nawang hawakan ng mahigpit ang Tabak ng Hari, at kapitan ito ng buong higpit. Itulot Mo ito, Panginoon. 394. Sama-sama Mo kaming pagpalin. Kmi'y mga lingkod mo, habang inilalaan namin ang sarili namin sa Iyo, minsan pa, sa aming mga puso. Kami ay sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa paglilingkod.

Jesus paid it all, (Pagpalain ka ng Diyos! Brother Neville.)

All to Him I owe;

Sin had left a crimson stain,

He washed it white as snow.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7